محرمات استهان بها الناس - تجالوج

# Mga Ipinagbabawal

## na Ipinagwawalang-bahala ng mga Tao

شعبة توعية الجاليات بالزلفي

143

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠٦ فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠٦ ص.ب: ١٨٢

# محرمات استهان بها الناس

ترجمه إلى اللغة الفلبينية

**شعبة توعية الجاليات بالزلفي**

**الطبعة الأولى: ١٤٢٧/٤ هـ.**


ⓒ شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٨ هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

المنجد، محمد صالح

محرمات استهان بها الناس- فلبيني./ محمد صالح المنجد.- الزلفي، ١٤٢٤هـ

٢٤ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٥- ١٥- ٨٦٤- ٩٩٦٠

(النص باللغة الفلبينية)

١. الحلال والحرام أ. العنوان

ديوي ٢٥٩ ١٤٢٤/٢٣١

رقم الإيداع: ١٤٢٤/٢٣١

ردمك: ٥- ١٥- ٨٦٤- ٩٩٦٠

الصف والإخراج: شعبة توعية الجاليات بالزلفي

## Mga Nilalaman

Panimula ....6
Ang Pagtatambal (Shirk) kay Allah....15
Ang Pagsamba sa mga Libingan ....15
Ang Pamamanata sa Iba pa Kay Allah....18
Ang Pag-aalay sa Iba pa Kay Allah ....18
Ang Pagpapahintulot sa Ipinagbawal ni Allah ....18
Ang Panghuhula ....20
Ang Paniniwala sa Epekto ng mga Bituin at mga Tala ....22
Ang Paniniwala sa Pakikinabang sa mga Bagay ....23
Ang Pagpapakitang-tao sa mga Pagsamba ....24
Ang Pagdadahilan ng Kamalasan ....25
Ang Panunumpa sa Iba pa Kay Allah ....27
Ang Pakikihalubilo sa mga Munāfiq o mga Suwail....30
Ang Kawalan ng Kapanatagan sa Salāh ....31
Ang Kalikutan at ang Maraming Paggalaw sa Salāh ....32
Ang Sinasadyang Pag-una ng Ma'mūm sa Imām sa Salāh....33
Ang Pagpunta sa Masjid ng Isang Kumain ng Sibuyas....35
Ang Pangangalunya....37
Ang *Sodomy*....39
Ang Pagtanggi ng Babae na Makipagtalik sa Asawa ....41
Ang Paghiling ng Babae ng Diborsiyo sa Asawa....42
Ang Dhihār ....43
Ang Pakikipagtalik sa Maybahay sa Panahon ng Regla....44
Ang Pakikipagtalik sa Babae sa Puwit Nito ....46
Ang Kawalang Katarungan sa mga Maybahay ....47
Ang Pakikipagsarilinan sa Babaeng Hindi Mahram....48
Ang Pakikipagkamay sa mga Babaeng Hindi Mahram....49
Ang Pagpapabango ng Babae sa Paglabas ng Bahay ....50
Ang Paglalakbay ng Babae na Walang Kasamang Mahram....51
Ang Sinasadyang Pagtingin sa Babaeng Hindi Mahram....52
Ang Pagiging Dayūth ....53
Ang Panghuhuwad sa Pag-uugnay ng Kaangkanan ....54
Ang Ribā....55
Ang Paglilihim ng mga Kapintasan ng Paninda ....59
Ang Pakunwaring Pagpapataas ng Halaga ....60
Ang Pagtitinda Matapos ang Ikalawang Adhān ng Salāh....61

Ang Pagsusugal at ang Pagpusta ....................62
Ang Pagnanakaw ....................64
Ang Pagkuha at ang Pagbibigay ng Suhol ....................67
Ang Pangangamkam ng Lupain ....................68
Ang Pagtanggap ng Regalo Kapalit ng Pamamagitan ....................69
Ang Hindi Lubos na Pagbibigay ng Upa ....................71
Ang Kawalang Katarungan sa Pagbibigay sa mga Anak ....................73
Ang Paghingi sa mga Tao Bagamat Hindi Kinakailangan ....................76
Ang Pangungutang ng Utang na Hindi Nais Bayaran ....................77
Ang Pagkain na Galing sa Bawal ....................78
Ang Pag-inom ng Alak Kahit Iisang Patak ....................79
Ang Paggamit ng mga Sisidlan na Ginto at Pilak ....................82
Ang Pagsaksi sa Kabulaanan ....................83
Ang Pakikinig sa mga Kagamitan sa Pagtugtog at Musika ....................84
Ang Panlilibak ....................86
Ang Paninirang-puri ....................88
Ang Pagsilip sa Loob ng mga Bahay ng mga Tao ....................89
Ang Pagbubulungan ng Dalawa sa Harap ng Iba ....................90
Ang Isbāl sa Kasuutan ....................90
Ang Pagsusuot ng Lalaki ng Ginto sa Anumang Anyo ....................92
Ang Pagsusuot ng mga Babae ng Maiiksi, Manipis ....................93
Ang Pagkakabit sa Buhok ng Buhok na Galing sa Iba ....................94
Ang Paggaya ng mga Lalaki sa mga Babae ....................95
Ang Pagkukulay sa Buhok ng Kulay Itim ....................96
Ang Pagsasalarawan ng Anumang May Kaluluwa ....................97
Ang Pagsisinungaling sa Napanaginipan ....................100
Ang Pag-upo sa Ibabaw ng Puntod, ang Pag-apak Dito ....................101
Ang Hindi Pag-iwas sa Bahid ng Ihi ....................102
Ang Panakaw na Pakikinig sa Pag-uusap ng mga Tao ....................103
Ang Masamang Pakikitungo sa Kapit-bahay ....................104
Ang Pamiminsala sa Huling Habilin ....................106
Ang Paglalaro ng Dais ....................107
Ang Pagsumpa sa Mananampalataya ....................107
Ang Pagtaghoy ....................108
Ang Pananakit sa Mukha at ang Paghehero sa Mukha ....................109
Ang Pag-iwas sa Kapwa Muslim ....................110
Pagwawakas ....................112

بسم الله الرحمن الرحيم

# Mga Ipinagbabawal na Ipinagwawalang-bahala ng mga Tao

Sa ngalan ni Allah, ang papuri ay ukol kay Allah, pagpalain ni Allah at pangalagaan ng Sugo Niya, ang mag-anak niya, ang mga Kasamahan niya at ang sinumang napatnubayan ng patnubay niya.

Napag-alaman ko ang aklat na tinipon ni Shaykh Muhammad ibnu S̱ālih al-Munajjid, gabayan nawa siya ni Allah, na may pamagat: Mga Ipinagbabawal na Ipinagwawalang-bahala ng mga Tao na Kinakailangang Mag-ingat Doon. Nakita ko ito na isang may-halagang aklat na marami ang pakinabang. Hinusayan ito ng may-akda at nakapagdulot ng pakinabang. Kaya gantimpalaan nawa siya ni Allah, dagdagan nawa siya ng kapaki-pakinabang na kaalaman at matuwid na gawain, pakinabangan nawa ng mga Muslim sa aklat niyang ito at iba pang mga akda niya; tunay na Siya ay Mapagkaloob, Mapagbigay. Alinsunod sa kahilingan, ang pagkatig na ito ay isinulat. Pagpalain ni Allah at pangalagaan ang Propeta natin na si Muhammad, ang mag-anak niya at ang mga Kasamahan niya.

Isinulat noong 9/11/1414 H (Pebrero 22, 1994).

‘Abdul‘azīz ibnu ‘Abdullāh ibnu Bāz
Pangkalahatang Mufti ng Kaharian ng Saudi Arabia
Pangulo ng Lupon ng Nakatataas na mga Pantas
at ng Mga Pangasiwaan ng Iskolastikong
Pagsasaliksik at Pagbibigay ng Fatwa

## Panimula

Tunay na ang papuri ay ukol kay Allah, nagpupuri tayo sa Kanya, nagpapatulong tayo sa Kanya at humingi tayo ng tawad sa Kanya. Nagpapakupkop tayo kay Allah laban mga kasamaan ng mga sarili natin at laban sa masasama sa mga gawain natin. Ang sinumang pinapatnubayan ni Allah ay walang magliligaw sa kanya, at ang sinumang pinaligaw ni Allah ay walang magpapatnubay sa kanya. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah: nag-iisa Siya, walang katambal; at sumasaksi ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

Tunay na si Allah – pagkataas-taas Niya at kaluwalhatian sa Kanya – ay nagsatungkulin ng mga tungkulin na hindi ipinahihintulot na ipagwalang-bahala ang mga ito, nagtakda ng mga hangganan na hindi ipinahihintulot ang paglampas sa mga ito, at nagbawal ng mga bagay na hindi ipinahihintulot ang paglabag sa mga ito. Nagsabi ang Propeta (SAS):[1] ***"Ang anumang ipinahintulot ni Allah sa Aklat Niya, iyon ay ipinahihintulot. Ang anumang ipinagbawal Niya, iyon ay bawal. Sa anumang nanahimik Siya, ito ay isang kaluwagan kaya tanggapin ninyo mula kay Allah ang kaluwagan sapagkat tunay na si Allah ay hindi naging malilimutin, at binigkas niya ang talata na ito*** (19:64):[2] **Ang Panginoon mo ay laging hindi malilimutin"**[3]

---

[1] (SAS): S̲allallāhu 'Alayhi wa Sallam: Pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

[2] Ang mga Salita ni Allah at ang mga salita ng Sugo (SAS) na sinipi sa aklat na ito ay mga salin lamang sa Tagalog ng nasasaad sa Qur'an o H̲adīth, ayon sa kakayahan ng Tagapagsalin. Ang mga talata ng Qur'an ay isinulat sa mga titik na *bold* at ang mga salita ng Propeta (SAS) ay isinulat sa mga titik na *italic bold.*

[3] Isinalaysay ito ni al-H̲ākim (2/375) at pinagtibay na H̲adīth H̲asan ni al-Albānī sa Ghāyah al-Marām, p. 14.

Ang mga ipinagbabawal ay ang mga hangganan ni Allah – kapita-pitagan Siya at kamahal-mahalan (2:187): **"Iyon ay mga hangganan ni Allah, kaya huwag ninyong lapitan ang mga ito."** Pinagbantaan na ni Allah ang sinumang lalampas sa mga hangganan Niya at lalabag sa mga ipinagbabawal Niya, yamang sinabi Niya – kaluwalhatian sa Kanya (4:14): ***"Ang sinumang sumusuway kay Allah at sa Sugo Niya at lumalampas sa mga hangganan Niya, papapasukin Niya siya sa Apoy upang mamalagi roon at ukol sa kanya ay isang pagdurusang nakahihiya."***

Ang pag-iwas sa mga ipinagbabawal ay kinakailangan alinsunod sa sinabi niya (SAS): ***"Ang anumang ipinagbawal ko sa inyo ay iwasan ninyo iyon, at ang anumang ipinag-utos ko sa inyo ay gawin ninyo sa abot ng makakaya ninyo."***[4]

Nasasaksihan sa ngayon na ang ilan sa mga sumusunod sa nasa, na mahihina ang mga kaluluwa, na mga kakaunti ang kaalaman, kapag nakarinig nang sunud-sunod tungkol sa mga ipinagbabawal, ay naiinis at nagmamaktol at nagsasabi: "Lahat na lang bawal. Wala na kayong hindi ipinagbawal. Ginawa ninyong nakasasawa ang buhay namin. Ginawa ninyong nakaiinis ang pamumuhay namin. Pinasikip ninyo ang mga dibdib namin. Wala na kayong alam kundi bawal at pagbabawal. Ang relihiyon ay kaginhawahan. Maluwag ang usapin. Si Allah ay Mapagpatawad, Maawain."

**Sa pakikipagtalakayan sa mga ito ay sasabihin natin:**

Tunay na si Allah – kapita-pitagan Siya at kataas-taasan – ay humahatol ng ayon sa niloloob Niya. Walang makatututol sa hatol Niya, yamang Siya ang Marunong, ang Nakababatid. Siya ay

---

[4] Isinalaysay ito ni Imām Muslim: Kitāb al-Faḏā'il, Ḫadīth bilang 130, Edisyong 'Abdulbāqī.

nagpapahintulot sa anumang niloloob Niya at nagbabawal sa ano mang niloob Niya. Ilan sa mga patakaran ng pagkaalipin natin kay Allah ay na nalulugod tayo sa anumang hinatol Niya at nagpapasakop nang buong pagpapasakop.

Ang mga kahatulan Niya ay namumutawi sa kaalaman Niya, karunungan Niya at katarungan Niya. Hindi ito isang kawalang-kabuluhan ni isang laro, gaya nga ng sinabi ni Allah (6:115): **"Nalubos ang Salita ng Panginoon mo sa katapatan at katarungan. Walang makapagpapalit sa mga Salita Niya. Siya ay ang Nakaririnig, ang Maalam."**

Nilinaw Niya sa atin ang panuntunan na kinasasalalayan ng pagpapahintulot at pagbabawal. Sinabi Niya (7:157): **"ipahihintulot Niya sa kanila ang mga nakabubuti at ipagbabawal sa kanila ang mga nakasasama,"** Samakatuwid ang nakabubuti ay ipinahihintulot at ang nakasasama ay bawal. Ang pagpapahintulot at ang pagbabawal[5] ay karapatan ni Allah lamang. Kaya ang sinumang mag-angkin niyon o kilalanin iyon para sa iba sa Kanya, siya ay isang Kāfir na may napakalaking Kufr[6] na nakapagtitiwalag sa Relihiyon (42:21): **"O mayroon ba silang mga katambal kay Allah na nagsabatas para sa kanila ng bahagi ng relihiyon, bagay na hindi ipinahintulot ni Allah?"**

At saka, tunay na hindi pinapayagan ang isa man na magsalita tungkol sa ipinahihintulot at bawal maliban sa mga may kaalaman na nakaaalam sa Qur'an at Sunnah. Nabanggit nga ang matinding babala sa sinumang nagpapahintulot at nagbabawal nang walang

---

[5] Ang pagpapahintulot at pagbabawal na tinutukoy sa aklat na ito ay ang ano mang patakaran na saklaw ng kalooban ni Allah.

[6] Ang Kāfir ay tumatangging sumampalataya at ang Kufr ay ang pagtangging sumampalataya o kawalang-pananampalataya.

kaalaman. Nagsabi si Allah (16:116): **"Huwag kayong magsabi ng tungkol sa inilalarawan ng mga dila ninyo na kasinungalingan: Ito ay ipinahihintulot at ito ay ipinagbabawal, upang gumawa-gawa kayo tungkol kay Allah ng kasinungalingan."** Ang mga napagkasunduang ipinagbabawal ay nasaad sa Qur'an at sa Sunnah gaya ng sabi Niya – pagkataas-taas Niya (6:151): **"Sabihin mo: "Halikayo, bibigkasin ko ang ipinagbawal ng Panginoon ninyo sa inyo: huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman; maging mabuti sa mga magulang; huwag ninyong patayin ang mga anak ninyo dahil sa kahirapan:"**

Sa Sunnah ay gayon din; nabanggit ang marami sa mga ipinagbabawal, gaya sabi niya (SAS): ***"Tunay na si Allah ay nagbawal sa pagtitinda ng alak, maytah,[7] baboy at mga rebulto."***[8] Ang sabi pa niya (SAS): ***"Tunay na si Allah, kapag nagbawal Siya ng isang bagay, ipinagbabawal Niya rin ang halaga nito."***[9]

Maaaring nasaad sa ilan sa mga teksto [ng Qur'an at Sunnah] ang pagkabanggit sa mga ipinagbabawal na nauukol sa isang uri o mga partikular na uri, tulad ng pagkabanggit ni Allah sa mga ipinagbabawal sa mga pagkain yamang sinabi Niya (5:3): **"Ipinagbawal sa inyo ang namatay *bago nakatay*, ang dugo, ang laman ng baboy, ang anumang inihandog sa iba pa kay Allah, ang nasakal, ang hinambalos, ang nalaglag, ang sinuwag, ang anumang kinainan ng mabangis na hayop maliban sa nakatay**

---

[7] Ang hayop na namatay hindi dahil sa pagkatay bagkus ay dahil sa sakit o sakuna o maging ano pa mang kadahilanan. Hindi na ito maaaring katayin at kainin.

[8] Isinalaysay ito ni Abū Dāwud 3486 sa Saḥīḥ Abū Dāwud 977. [Muttafaq Alayhi o Napagkaisahan ang katumpakan (z)].

[9] Isinalaysay ito ni ad-Dāraqutnī 3/7. Ito ay Ḥadīth Saḥīḥ.

**ninyo *bago namatay*, ang inialay sa mga dambana, at ang pagsasapalaran sa pamamagitan ng mga tagdan[10] *ng palaso*."**

Binanggit Niya rin ang mga ipinagbabawal sa pag-aasawa yamang sinabi Niya (4:23): **"Ipinagbawal sa inyo *na mapangasawa* ang mga ina ninyo, ang mga babaing anak ninyo, ang mga babaing kapatid ninyo, ang mga tiyahin ninyo sa ama, ang mga tiyahin ninyo sa ina, ang mga babaing anak ng lalaking kapatid ninyo, ang mga babaing anak ng babaing kapatid ninyo, ang mga ina ninyo na nagpasuso sa inyo; ang mga babaing kapatid ninyo sa pagpapasuso, ang mga ina ng mga maybahay ninyo;"**

Binanggit Niya rin ang mga ipinagbabawal sa mga pinagkakakitaan yamang sinabi Niya (2:275): **"Ipinahintulot ni Allah ang pag-titinda at ipinagbawal Niya ang ribā."**

At saka, tunay na si Allah ay ang Maawain sa mga lingkod Niya; nagpahintulot Siya sa atin ng mga nakabubuti na hindi mabibilang ang dami at sarisaring uri. Dahil doon, hindi Niya puspusang isinaysay ang mga pinapayagan dahil ang mga ito ay marami, hindi mabibilang. Puspusang isinaysay lamang Niya ang mga ipinagbabawal dahil sa pagiging limitado ng mga ito at nang sa gayon ay malaman natin ang mga ito upang maiwasan natin ang mga ito. Sinabi Niya (6:119): **"samantalang puspusang nilinaw na Niya sa inyo ang ipinagbawal Niya sa inyo, maliban doon sa napilitan kayo?"** Tungkol naman sa ipinahihintulot, pinayagan Niya ito sa kabuuan habang ito ay nakabubuti, yamang sinabi Niya (2:138): **"O mga tao, kumain kayo mula sa anumang nasa lupa ng ipinahihintulot na nakabubuti"**

---

[10] Ang patpat ng palaso hindi kasama ang ulo at buntot nito.

Samakatuwid, bahagi ng awa Niya na ginawa Niya na ang pangunahing panuntunan kaugnay sa mga bagay ay ang pagpapahintulot malibang mapatutunayan ng patunay ang pagbabawal. Ito ay bahagi ng pagkamapagkaloob Niya – kaluwalhatian sa Kanya – at pagbibigay-luwag Niya sa mga lingkod Niya. Kaya naman tungkulin natin ang tumalima, magpuri at magpasalamat.

Ang ilan sa mga tao, kapag nakita nila ang ipinagbabawal na iniisa-isa sa kanila at dinidetalye, naninikip ang mga dibdib nila sa mga patakaran ng Sharī'ah. Ito ay bahagi ng kahinaan ng pananampalataya nila at kasalatan ng pagkaunawa nila sa Sharī'ah. Ninanais kaya ng mga ito na isa-isahin sa kanila ang mga klase ng ipinahihintulot nang sa gayon ay mahimok sila na ang Islam ay madali? Ninanais ba nila na masusing ilahad sa kanila ang mga uri ng mga nakabubuti nang sa gayon ay mapanatag sila na ang Sharī'ah ay hindi bumubulabog sa kanila sa pamumuhay nila?

Ninanais ba nila na sabihing ang kinatay [alinsunod sa Islam] na karne mula sa mga kamelyo, mga baka, mga tupa, mga kuneho, mga *gazelle*, mga kambing, mga manok, mga kalapati, mga pato, mga gansa, mga *ostrich* ay ipinahihintulot, at na ang patay[11] na balang at isda ay ipinahihintulot? Na ang mga gulay, ang mga gulayin, ang mga prutas, at ang iba pang mga butil at mga bungang napakikinabangan ay ipinahihintulot? Na ang tubig, ang gatas, ang pulut-pukyutan, ang mantika at ang suka ay ipinahihintulot? Ang asin, ang mga pampalasa at ang mga rekado ay ipinahihintulot?

Na ang paggamit ng kahoy, bakal, buhangin, bato, plastik, salamin at goma ay ipinahihintulot. Ang pagsakay sa mga hayop, mga kotse, mga tren, mga barko, mga eroplano ay ipinahihintulot.

---

[11] Patay na nang nahuli, o hindi sumailalim sa pagkatay na itinakda ng Islam.

Na ang paggamit ng mga *air conditioner*, mga *refrigerator*, mga *washing machine*, mga *drier*, mga *grinder*, mga *kneader*, mga *meat grinder*, mga *squezer* at iba pang mga kasangkapan ng medisina, inhenyera, pagtutuos, pagmamatyag, astronomiya, konstraksyon, paghango ng tubig, langis at mga metal; ang teknolohiya, ang pagdadalisay ng tubig; ang pag-imprenta; at ang mga *computer* ay ipinahihintulot. Na ang pagsusuot ng yari sa *cotton*, linen, lana, balahibo, buhok ng kamelyo, balat na pinapayagan, nylon at *polyster* ay ipinahi-hintulot. Na ang pangunahing panuntunan kaugnay sa pag-aasawa, pagtitinda, pagbili, paggarantiya, paglilipat ng pera, pagpapaupa, mga propesyon, mga trabaho gaya ng pagkakarpentero, pagpapanday, pagkukumpuni ng mga kagamitan at ang pagpapastol ay ipinahihintulot.

Maaari kaya na humantong tayo sa isang punto kapag ninais natin na ipagpatuloy ang pagbilang at ang pag-isa-isa? **Kaya ano ba ang mayroon ang mga taong ito na hindi halos sila nakauunawa ng salita.**[12]

Tungkol naman sa pagdadahilan nila na ang Relihiyon ay kaginhawahan, ito ay isang katotohanan ngunit nilalayon nila sa pamamagitan nito ay kabulaanan. Ang pagkaunawa sa kaginhawahan sa relihiyong ito ay hindi alinsunod sa mga ninanasa ng mga tao at mga pananaw nila, bagkus alinsunod lamang sa inihatid ng Sharī'ah. Ang pagkakaiba ay malaki sa pagitan ng paglabag sa mga ipinagbabawal sa pamamagitan ng bulaang pagdadahilan na ang relihiyon ay kaginhawahan – at ito ay kaginhawahan, walang duda – at sa pagitan ng pagkuha ng kapahintulutang ayon sa Sharī'ah gaya ng pagsasama [ng mga salāh], pagpapaikli [ng salāh]

[12] Qur'an 4:78.

at paghinto sa pag-aayuno sa panahon ng paglalakbay; pagpupunas sa sapatos at medyas [kapalit ng paghuhugas sa paa] sa loob ng isang araw kalakip ng gabi nito para sa nananatili[13] at tatlong araw kalakip ng mga gabi ng mga ito para sa naglalakbay; pagsasagawa ng tayammum sa pangamba [na makasasama] ang paggamit ng tubig; pagsasama ng dalawang salāh para sa maysakit at kapag bumuhos ang ulan; pagpapahintulot sa pagtingin sa babae na hindi mahram para sa isang naglalayong mag-asawa; pagpili sa pambayad-sala sa paglabag sa sinumpaan sa pagitan ng pagpapalaya ng alipin o pagpapakain at pagpapadamit [sa dukha]; pagkain ng hayop na maytah[14] dahil napilitan; at iba pang mga kapahintulutan at mga pagpapaluwag ayon sa Sharī'ah.

Karagdagan sa naunang nabanggit, nararapat na malaman ng isang Muslim na sa pagbabawal ng mga ipinagbabawal ay mayroong mga katwiran gaya ng sumusunod: na si Allah ay sumusubok sa mga lingkod Niya sa pamamagitan ng mga ipinagbabawal na ito upang makita kung papaano silang gumagawa. Kabilang din sa mga kadahilanan ng pagkakabukod ng mga maninirahan sa Paraiso sa mga maninirahan sa Impiyerno ay ang mga maninirahan sa Impiyerno ay nagpakalubog na sa mga hilig ng laman na pumapalibot sa Impiyerno samantalang ang mga maninirahan sa Paraiso ay nagtiis sa mga nakasusuklam na bagay na pumapalibot sa Paraiso. Kung hindi sa pagsubok na ito, hindi mahahalata ang sumusuway sa tumatalima. Ang mga may pananampalataya ay tumitingin sa hirap ng tungkulin nang may mata ng paghahangad sa gantimpala at pagsunod sa utos ni Allah upang makamit ang pagkalugod Niya, kaya naman lumiliit sa kanila ang hirap.

---

[13] Hindi naglalakbay at nananatili sa pook na tinitirahan.

[14] Tingnan ang talababa bilang 6.

Ang mga may pagkukunwari ay tumitingin sa hirap ng tungkulin nang may mata ng [nagdurusa sa] sakit, hapdi at pagkakait, kaya naman ang bigat sa kanila ay matindi at ang pagtalima ay mahirap.

Sa pag-iwan ng mga ipinagbabawal ay nakadarama ang tumatalima ng tamis: ang sinumang mag-iwan ng isang bagay alang-alang kay Allah, tutumbasan siya ni Allah ng mabuti kaysa roon at makatatagpo siya ng sarap ng pananampalataya sa puso niya.

Sa mensahe na ito ay makatatagpo ang mambabasa ng ilang bilang ng mga ipinagbabawal na napagtibay ang pagbabawal ng mga iyon sa Sharī'ah, kalakip ng paglilinaw sa mga patunay ng pagbabawal mula sa Qur'an at Sunnah[15] Ang mga ipinagbabawal na ito ay kabilang sa naging palasak ang paggawa niyon at lumaganap ang pagsasagawa niyon sa gitna ng marami sa mga Muslim. Sa pagbanggit ng mga ito ay ninais ko ang paglilinaw at ang pagpapayo. Hinihiling ko kay Allah para sa akin at para sa mga kapatid kong Muslim ang patnubay, ang gabay at ang paghinto [sa paglampas] sa mga hangganan Niya – kaluwalhatian sa Kanya, at na paiwasin Niya tayo sa mga ipinagbabawal at ipagsanggalang Niya tayo sa masasama. Si Allah ay pinakamabuti na nangangalaga at Siya ay pinakamaawain sa mga naaawa.[16]

---

[15] Sumulat ang ilan sa mga maalam tungkol sa mga ipinagbabawal o tungkol sa ilan sa mga uri ng mga ito gaya ng mga malaking kasalanan. Isa sa mga mahusay na aklat sa paksa ng mga ipinagbabawal ay ang aklat na Tanbīh al-Ghāfilīn 'an A'māl al-Jāhilīn (Paglatawag-pansin sa mga Nalilingat laban sa mga Gawain ng mga Mangmang) ni Ibnu an-Nuḥās ad-Dimashqī, kaawaan siya ni Allah.

[16] Isinagawa ang pagrerepaso ng akda na ito (sa orihinal na Arabe) ng ilang marangal na tao, panaganahin nawa ni Allah ang gantimpala sa kanila, sa pangunguna ng Kanyang Kabunyian Shaykh 'Abdul'azīz ibnu Bāz, kaawaan nawa siya ni Allah. Inilagay ko ang mga komentaryo niya sa talababa, na ipinahihiwatig sa pamamgitan ng titik "z" sa pagitan ng mga panaklong (z).

## Ang Pagtatambal (Shirk) kay Allah

Ito ang pinakamalaki sa mga ipinagbabawal, walang pasubali, batay sa Hadīth ayon kay Abū Bakrah, na nagsabi: "Nagsabi nang makatatlo ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ipababatid ko ba sa inyo ang pinakamalaki sa malalaking mga kasalanan?*** Sinabi namin: Opo, o Sugo ni Allah. Sinabi niya: ***Ang pagtatambal kay Allah.***"[17] Bawat pagkakasala ay maaaring patawarin ni Allah maliban sa Shirk, kaya kailangan para rito ang isang takdang pagsisisi. Sinabi ni Allah (4:48): **"Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit magpapatawad Siya sa anumang mababa pa roon sa kaninumang loloobin Niya."**

Ang Shirk ay may bahagi na napakalaki na nagtitiwalag sa tao sa pananampalatayang Islam, na ang nakagagawa nito ay mananatili sa Impiyerno kung namatay sa kalagayang iyon.

Kabilang sa mga anyo ng laganap na Shirk na ito sa marami sa mga bayang Muslim ay ang sumusunod:

## Ang Pagsamba sa mga Libingan

Kasama rito ang paniniwala na ang mga patay na walī (awliyā') ay nakatutugon sa mga pangangailangan at pumapawi ng mga dalamhati, ang pagpapatulong sa kanila at ang pagpapasaklolo sa kanila, samantalang si Allah ay nagsasabi (17:23): **"Itinadhana ng Panginoon mo na hindi kayo sasamba kundi sa Kanya"** Gayon din ang pagdalangin sa mga patay na gaya ng mga propeta, mga matuwid na tao at iba pa para sa pamamagitan o pagligtas sa mga kagipitan, samantalang si Allah ay nagsasabi (27:62): **"*Mainam* ba Siya na tumutugon sa nagigipit – kapag nanalangin ito sa**

---

[17] Muttafaq 'Alayhi, al-Bukhārī, bilang 2511, Edisyong al-Baghā

**Kanya – nag-aalis ng masama at gumagawa sa inyo na mga kinatawan sa lupa? Mayroon bang isang diyos kasama ni Allah?"** Ginawa ng ilan sa kanila na ugali at gawi ang pagbanggit sa pangalan ng isang Shaykh o Walī kung tatayo at kung uupo at kung matitisod.[18] Sa tuwing malalagay sa alanganin o kapahamakan o dalamhati, ang iba ay nagsasabi: O Muhammad, ang iba naman ay nagsasabi: O 'Alī, ang iba pa ay nagsasabi: O Hasan, ang iba ay nagsasabi: O Badawī, ang iba ay nagsasabi: O Jīlānī, ang iba naman ay nagsasabi: O Shādhilī, ang iba pa ay nagsasabi: O Rifā'ī; ang iba ay dumadalangin kay Al-'Aydarūs, ang iba pa ay dumadalangin kay Sayyidah Zaynab, ang iba naman ay dumadalangin kay Ibnu 'Alwān, samantalang si Allah ay nagsasabi (7:194): **"Tunay na ang mga dinadalanginan ninyo bukod pa kay Allah ay mga lingkod na mga tulad ninyo."**

Ang ilan sa mga mananamba ng mga libingan[19] ay nagsasagawa ng ṯawāf sa palibot ng mga libingan at humihipo sa mga haligi ng mga ito. Pinupunasan nila ang mga ito at hinahalikan ang mga bungad nito. Dinudumihan nila ang mga mukha nila ng alikabok ng mga ito. Nagpapatirapa sila sa harap ng mga libingan kapag nakita nila ang mga ito. Tumatayo sila sa harap ng mga ito:

---

[18] Ang literal na kahulugan ng Walī ay "malapit" o "taong malapit kay Allah" o "tinatangkilik" ni Allah, o "tagapagtangkilik", ngunit ang Walī na tinutukoy rito ay isang taong pinaniniwalaang banal o pinakababanal na pinaniniwalaang nakagagawa ng mga himala kahit patay na at itinuturing na gaya ng pagtuturing ng mga Katoliko sa mga santo nila. Laganap ang ganitong paniniwala sa Iran, India, Afghanistan, Banglades, sa ibang mga bansang Arabe at di-Arabe. May ganitong paniniwala sa ilang liblib na pook sa Pilipinas, ngunit sa kabuuan ay hindi laganap sa Pilipinas ang ganitong paniniwala. Ang Tagapagsalin.

[19] Ang sinasamba nila ay hindi ang libingan mismo kundi ang nakalibing doon na pinaniniwalaan nila na Walī.

mga nagpapakumbaba, mga nagpapakaaba, mga nagsusumamo na mga humihiling ng mga kahilingan nila at mga pangangailangan nila gaya ng pagpapagaling ng isang maysakit, o paghingi ng anak o pagpapadali sa pagtamo ng pangangailangan. Marahil tatawagin pa nito ang nakalibing sa libingan at sasabihin: "Ginoo, pumunta ako sa iyo mula pa isang malayong bayan kaya huwag mo po akong bibiguin," samantalang si Allah ay nagsasabi (46:5): **"Sino ang higit na ligaw kaysa sa mga nananalangin sa iba pa kay Allah, na hindi tutugon sa kanya hanggang sa Araw ng Pagkabuhay samantalang ang mga iyon sa panalangin sa mga iyon ay mga nalilingat."** Nagsabi naman ang Propeta (SAS): ***"Ang sinumang mamatay habang dumadalangin sa iba pa kay Allah bilang kaagaw ay papasok sa Impiyerno."***[20]

Ang iba naman sa kanila ay nagpapaahit ng mga ulo nila sa tabi ng mga libingan. Ang ilan sa kanila ay may mga aklat na may mga pamagat na gaya ng sumusunod: Mga Gawain sa Peregrinasyon sa mga Mashhad. Ang tintukoy nila na mga mashhad ay mga libingan at mga mausoleo ng mga Walī. Ang iba naman sa kanila ay naniniwala na ang mga Walī ay kusang nangangasiwa sa sandaigdigan at na sila ay nakapagdudulot ng pinsala at nakapagdudulot ng pakinabang, samantalang si Allah ay nagsasabi (10:107): **"Kung sasalingin ka ni Allah ng isang kapinsalaan ay walang makapagpapawi niyon kundi Siya. Kung maghahangad Siya sa iyo ng isang mabuti ay walang makapagtutulak sa kagandahang-loob Niya."**

---

[20] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī, al-Fat'h 8/176.

## Kabilang sa Shirk ang Pamamanata sa Iba pa Kay Allah

Gaya ng ginagawa ng mga nagpapanata na paglalagay ng mga kandila at ng mga ilaw para sa mga nakalibing sa mga libingan.

## Isang Malaking Shirk ang Pag-aalay sa Iba pa Kay Allah

Si Allah ay nagsasabi (108:2): **"Kaya magdasal ka sa Panginoon mo at mag-alay,"**. Ibig sabihin: Mag-alay ka ng hayop kay Allah at sa pangalan ni Allah. Nagsabi ang Propeta (SAS): *"Isinumpa ni Allah ang sinumang nag-alay para sa iba pa sa Kanya."* [21] Maaari pang magsabay sa pag-aalay ang dalawang ipinagbabawal: ang pagkakatay para sa iba pa kay Allah at ang pagkakatay sa iba pa sa pangalan ni Allah; kapwa ito nakapipigil para maaaring kumain mula sa kinatay na iyon. Kabilang sa mga pagkakatay sa panahon ng kamangmangan, na palasak sa panahon natin, ay ang mga pagkakatay para sa mga jinnī. Kapag nakabili sila ng isang bahay o nagpagawa nito o humukay ng isang balon ay nagkakatay sila roon o sa bungad nito ng isang hayop[22] dahil sa pangamba sa paniminsala ng mga jinnī.[23]

## Ang Pagpapahintulot sa Ipinagbawal ni Allah at ang Pagbabawal sa Ipinahintulot ni Allah

Kabilang dito ang paniniwala na may isang nagmamay-ari ng karapatan doon maliban pa kay Allah o ang pagpapahatol sa mga hukuman at mga batas ng Kamangmangan nang may pagkalugod

---

[21] Isinalaysay ito ni Imām Muslim, kaawaan siya ni Allah, Sahīh niya bilang 1978. Edisyong 'Abdulbāqī.

[22] Ang ganitong gawain ay laganap sa Pilipinas at ginagawa ng ilang Muslim at di-Muslim. Sa Kanlurang Kabisayaan ay tinatawag ito na dagà.

[23] Tingnan ang Taysīr al-'Azīz al-Hamīd, na inilimbag ng Iftā', pahina 158.

at pagmamabuti niyon, na nagtuturing na ipinahihintulot iyon[24] at naniniwalang pinapayagan [sa Islam] iyon. Nabanggit na ni Allah ang malaking kawalang-pananampalataya na ito sa sinabi Niya (9:31): **"Ginawa nila ang mga pantas nila at ang mga pari nila na mga pangi-noon bukod pa kay Allah"** Nang narinig ni 'Adī ibnu Hātim ang Sugo ni Allah (SAS) na bumibigkas nito ay nagsabi siya: "Tunay na sila ay hindi naman sumasamba sa mga iyon." Nagsabi siya: ***"Oo nga, subalit ipinahihintulot ng mga iyon para sa kanila ang ipinagbawal ni Allah at itinuturing naman nila ito na ipinahihintulot. Ipinagbabawal ng mga iyon sa kanila ang ipinahintulot ni Allah at ipinahihintulot naman nila ito. Kaya iyon ang pagsamba nila sa mga iyon."*** [25] Inilarawan nga ni Allah ang mga Mushrik na sila ay (Qur'an 9:29): **"hindi nagbabawal sa ipinagbawal ni Allah at ng Sugo Niya at hindi ginagampanan ang Relihiyon ng katotohanan,"** Nagsabi pa si Allah (9:59): **"Sabihin mo: "Ipabatid ninyo ang ibinaba ni Allah para sa inyo na kaloob, na ginawa ninyo ang ilan dito na ipinagbabawal at ipinahihintulot." Sabihin mo: "Si Allah ba ay nagpahintulot sa inyo, o kay Allah ay gumagawa-gawa kayo *ng kabulaanan*?""**

Kabilang sa mga uri ng Shirk na laganap ay ang panggagaway,[26] ang panghuhula sa mangyayari at ang panghuhula sa nangyari. Ang panggagaway ay kawalang-pananampalataya at kabilang sa

[24] Marahil ang magandang halimbawa nito sa Pilipinas ay ang pagpapasailalim ng isang Muslim sa Civil Code ng Pilipinas sa halip na sa Muslim Personal Law.

[25] Isinalaysay ni al-Bayhaqī, as-Sunan al-Kubrā 10/116. Kay at-Tirmidhī, bilang 3095. Pinagtibay ito na Hadīth Hasan ni al-Albānī sa Ghāyah al-Marām.

[26] Ang panggagaway ay ang tinatawag sa Ingles na *witchcraft* o *sorcery* o *black magic*. Ang pangkukulam ay ang paggamit ng panggagaway upang makapinsala sa iba. Samakatuwid ito ay isang uri ng panggagaway.

pitong malalaking kasalanan na nakapapahamak. Nakapipinsala ito at hindi nakapagdudulot ng mabuti. Nagsabi si Allah (SAS) hinggil sa pag-aaral nito (2:102): **"Kaya natututuhan nila ang nakapipinsala sa kanila at hindi nakapagdudulot ng pakinabang sa kanila."** Sinabi pa Niya (20:69): **"Hindi magtatagumpay ang manggagaway saanman siya pumunta."** Ang nagsasagawa ng panggagaway ay Kāfir. Nagsabi si Allah (2:102): **"Hindi tumalikod sa pananampalataya si Solomon, datapuwat ang mga demonyo ay tumalikod sa pananampalataya: itinuturo nila sa mga tao ang panggagaway at ang ibinaba sa dalawang anghel sa Babilonia, na sina Hārūt at Mārūt. Ngunit hindi nagtuturo ang dalawang ito sa isa man malibang nagsabi ang dalawang ito: Tunay na kami ay tukso lamang, kaya huwag kang tumalikod sa pananampalataya."**

Ang hatol sa manggagaway ay ang kamatayan at ang kinita niya ay ipinagbabawal at masama. Ang mga mangmang, ang mga lumalabag sa katarungan at ang mga mahihina ang pananampalataya ay pumupunta sa mga manggagaway upang gumawa ng panggagaway na ipinamiminsala nila sa ilang tao o ipanghihiganti nila sa mga iyon. May mga tao na nakagagawa ng ipinagbabawal sa pamamagitan ng pagdulog sa manggagaway upang pawalang-bisa ng panggagaway. Ang kinakailangan ay ang pagdulog kay Allah at ang pagpapalunas sa pamamagitan ng Salita Niya gaya ng mga mu'awwidhah at iba pa.

## Ang Panghuhula

Ang *kāhin* at ang *'arrāf*[27] ay kapwa tumatangging sumampalataya kapag nag-angkin sila ng kaalaman sa Nakalingid. Walang

[27] Ang Kāhin ay ang nanghuhula hinggil sa hinaharap, samantalang ang 'Arrāf naman ay ang nanghuhula hinggil sa nangyari na.

nakaaalam sa Nakalingid kundi si Allah. Marami sa kanila ay nanloloko sa mga walang-muwang para kunin ang mga salapi ng mga ito. Gumagamit sila ng maraming paraan [ng panghuhula] gaya ng pagguhit sa buhangin, paghagis ng sigay,[28] pagtingin sa palad at pinggan, pagtingin sa bolang kristal at mga salamin at iba pa. Kapag nakapagsabi sila ng isang ulit na totoo, nagsisinungaling naman sila ng siyamnapu't siyam na ulit. Subalit ang mga hunghang ay walang naaalaala kundi ang isang ulit na nagsasabi ng totoo ang mga bulaang ito. Pumupunta sila sa mga ito para malaman ang hinaharap, ang kaligayahan at ang kapighatian sa pag-aasawa o negosyo, para hanapin ang mga nawawala, at iba pa.

Ang hatol sa pumupunta sa mga ito kung siya ay naniniwala sa sinasabi ng mga ito, siya ay isang Kāfir na lumalabas sa Islam. Ang patunay ay ang sabi niya (SAS): ***"Ang sinumang nagpunta sa isang kāhin o isang 'arrāf at pinaniwalaan niya ito sa sinasabi nito ay tumanggi na siyang sumampalataya sa ibinaba kay Muhammad."*** [29] Samantala, kung ang pumupunta sa mga ito ay hindi naniniwala na ang mga ito ay nakaaalam sa Nakalingid subalit pumupunta lamang upang manubok o tulad nito, siya ay hindi nagiging Kāfir subalit hindi tatanggapin sa kanya ang salāh sa loob ng apatnapung araw. Ang patunay ay ang sabi niya (SAS): ***"Ang sinumang magpunta sa isang 'arrāf at nagtanong dito hinggil sa isang bagay, hindi tatanggapin sa kanya ang salāh***

---

[28] Ang ganitong panghuhula ay kadalasang gumagamit ng 16 sigay (dilogun). Karaniwang itinatapon ng manghuhula ang mga sigay sa isang laang bandeha. Pagkatapos, ibinabatay niya ang kahulugan ng pagkakatapon ayon sa kalagayan ng mga ito at kung ang mga ito ay bumagsak na nakatihaya o nakataob. Para sa karagdagang kaalaman, tingnan ang tungkol sa Orisha sa Microsoft Encarta.

[29] Isinalaysay ito ni Imām Hanbal 2/429. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 5939.

***sa loob ng apatnapung araw."*** [30] Gayon pa man, isinasatungkulin pa rin sa kanya na magsagawa ng salāh at pagsisihan iyon.

## Ang Paniniwala sa Epekto ng mga Bituin at mga Tala sa mga Pangyayari at sa Buhay ng mga Tao

Ayon kay Zayd ibnu Khālid al-Juhanī (RA) na nagsabi: "Nagdasal ang Sugo ni Allah bilang pinuno namin sa salāh sa madaling-araw sa Hudaybīyah noong may bakas pa ng ulan ng nagdaang gabi. At noong nakatapos na siya ay bumaling siya sa mga tao at nagsabi: ***Nalalaman ba ninyo ang sinabi ng Panginoon ninyo?*** Sinabi nila: Si Allah at ang Sugo Niya ay higit na nakaaalam. Sinabi niya: ***May inumaga sa mga lingkod Ko na isang mananampalataya sa Akin at isang tumatanggaing sumampalataya. Tungkol sa sinumang nagsabing: inulan kami dahil sa kagandahang-loob ni Allah at awa Niya, iyon ay sumasampalataya sa Akin at tumatangging sumampalataya sa mga tala. Tungkol naman sa sinumang nagsabing: dahil sa bituin[31] na ito at iyan, iyon ay tumatangging sumampalataya sa Akin at sumasampalataya sa tala.***"[32]

Kabilang doon ang pagsangguni sa *horoscope* sa mga pahayagan at mga magasin. Kung maniniwala siya sa nilalaman nito na epekto raw ng mga bituin at mga *zodiac sign*, siya ay isang Mushrik. Kung binasa niya ito para sa paglilibang, siya ay isang sumusuway na nagkakasala dahil hindi ipinahihintulot ang paglilibang sa pamamagitan ng pagbabasa ng [may kaugnayan sa]

---

[30] Sahīh Muslim 4/1751.

[31] Ang mga Arabe noon ay naniniwala na ang pag-ulan ay may kinalaman sa paglubog sa kanluran o pagsikat sa silangan ng mga partikular na bituin o naw'.

[32] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h al-Bārī 2/333.

Shirk, karagdagan pa sa maaaring iudyok ng Demonyo sa sarili niya na paniniwala rito, kaya naman ito ay magiging isang kapa-raanan ng Shirk.

## Ang Paniniwala sa Pakikinabang sa mga Bagay[33] na Hindi Ginawang Gayon ng Tagapaglikha ay Kabilang sa Shirk

Gaya ito ng paniniwala ng ilang tao sa mga anting-anting at mga orasyon na maka-Shirk at mga uri ng mga mutya o mga sigay o mga singsing na metal at iba pa, batay sa payo ng manghuhula o manggagaway, o sa minana-manang paniniwala. Ikinakabit nila ang mga ito sa mga leeg nila o sa mga anak nila para pananggalang sa usog, ayon sa akala nila, o itinatali nila ang mga ito sa mga katawan nila o isinasabit nila ang mga ito sa mga sasakyan nila at mga bahay nila. O nagsusuot sila ng mga singsing na may sarisaring mga bato na pinaniniwalaan nila na mayroon ang mga ito na ilang takdang kapangyarihang gaya ng pag-aalis ng kapinsalaan o pagsasanggalang laban dito. Ito, walang duda, ay nagkakaila sa pananalig kay Allah at walang naidadagdag sa tao kundi panghihina at ito rin ay pagpapalunas sa pamamagitan ng ipinagbabawal. Ang mga anting-anting na ito na isinasabit, marami sa mga ito ay naglalaman ng hayagang Shirk at pagpapasaklolo sa ilan sa mga jinnī at mga demonyo, o ng mga malabong dibuho, o ng mga nakasulat na hindi maunawaan. Ang ilan sa mga manunuba ay nagsusulat ng mga talata mula sa Qur'an at hinahaluan ang mga ito ng iba pa na kabilang sa Shirk. Ang ilan naman sa kanila

---

[33] Ang paniniwala sa pakikinabang sa mga bagay ay tinatawag sa Ingles na *fetishism* o paniniwala sa *fetish*: anumang bagay, lalo na ang walang buhay na bagay, na pinagpipitagan o sinasamba ng ilang tao dahil naniniwala sila na mayroon itong mahiwagang kapangyarihan o binibigyang-buhay ng isang jinnī.

ay nagsusulat ng mga talata ng Qur'an sa pamamagitan ng mga maruming bagay o sa pamamagitan ng dugo ng regla. Ang pagsasabit ng lahat ng naunang nabanggit o pagtatali nito ay ipinagbabawal batay sa sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang sinumang nagsabit ng anting-anting ay nakagawa nga ng Shirk."***[34]

Ang gumagawa nito, kung naniniwala siya na ang mga bagay na ito ay nakapagdudulot ng pakinabang o nakapagdudulot ng pinsala bukod pa kay Allah, siya ay isang Mushrik na nakagagawa ng malaking Shirk. Kung naniniwala naman siya na ang mga ito ay dahilan sa pagdudulot ng pakinabang o pinsala, samantalang si Allah ay hindi gumawa sa mga ito na dahilan niyon, siya ay isang Mushrik na nakagagawa ng maliit na Shirk. Ito ay napaloloob sa Shirk ng mga kadahilanan.

## Ang Pagpapakitang-tao sa mga Pagsamba

Kabilang sa mga kondisyon ng matuwid na gawa ay na ito ay dalisay sa pagpapakitang-tao at nasasaklawan ng Sunnah. Ang nagsasagawa ng isang pagsamba upang makita siya ng mga tao ay isang Mushrik na gumagawa ng maliit na Shirk. Ang [pagsambang] ginawa niya ay walang-kabuluhan gaya ng nagdasal upang makita ng mga tao. Nagsabi si Allah (4:142): **"Tunay na ang mga nagkukunwaring sumampalataya ay nagtatangkang linlangin si Allah ngunit Siya ang lumilinlang sa kanila. Kapag tatayo sila para sa pagdarasal, tumatayo sila bilang mga tamad na nagpapakita *lamang* sa mga tao, at hindi nila naaalaala si Allah kundi madalang."** Gayon din kapag gumawa siya ng [mabuting] gawain upang kumalat ang balita tungkol sa kanya at makarinig ng

---

[34] Isinalaysay ito ni Ahmad 4/156. Ito ay nasa as-Silsilah as-Sahīhah bilang 492.

tungkol sa kanya ang mga tao mula sa isa't isa, nasadlak na siya sa Shirk. Nasaad ang banta para sa sinumang gumagawa niyon gaya ng nabanggit sa isang Hadīth ayon kay Ibnu 'Abbās (RA): ***"Ang sinumang gumawa upang marinig, iparirinig ni Allah ang gawa niya; at ang sinumang gumawa upang magpakita, ipakikita ni Allah ang gawa niya."***[35] Ang sinumang gumawa ng isang pagsamba na nilayon niya rito ang kasiyahan ni Allah at ng mga tao, ang gawa niya ay walang-kabuluhan gaya ng nasaad sa isang Banal na Hadīth: ***"Ako ay pinakawalang-pangangailangan sa katambal sa lahat ng tinatambalan. Ang sinumang gumawa ng isang gawain na nagtambal siya doon kasama Ko ng iba pa sa Akin, iiwan ko siya kasama ng itinambal niya."***[36]

Ang sinumang nagsimula ng [mabuting] gawain alang-alang kay Allah, at pagkatapos ay sumagi sa kanya ang pagpapakitang-tao, kung kinasuklaman niya ito, pinaglabanan niya ito at tinutulan niya ito, magiging tumpak ang gawain niya. Subalit kung napapanatag siya sa pagpapakitang-tao at natitiwasay rito ang sarili niya, nagpasya ang karamihan sa mga pantas ng Islam na walang-kabulahan ang gawa niya.

## Ang Pagdadahilan ng Kamalasan[37]

Ito ay ang pagtuturing ng kamalasan. Nagsabi si Allah (7:131): **"Ngunit kapag dumating sa kanila ang maganda, nagsasabi**

---

[35] Isinalaysay ito ni Muslim 4/2289.

[36] Isinalaysay ito ni Muslim bilang 2985.

[37] Ito ay *ṯiyarah* o *ṯīrah* sa wikang Arabe. Ang pagdadahilan ng kamalasan o ang paniniwala sa masamang pangitain o ang pag-uugnay ng kamalasan sa isang nakita, o isang narinig, o isang bagay, o isang pangyayari. Marami ang halimbawa nito sa kulturang Pilipino. Halimbawa: ang paniniwala na ang pusang itim na nasalubong ay nagbabadya ng kamalasan; na ang bilang na 13 ay malas.

**sila: Ukol sa atin ito; at kapag tinamaan sila ng masama, idinadahilan nila ang kamalasan kay Moises at sa sinumang kasama niya."** Ang mga Arabe noon, kapag nagnais ang isa sa kanila ng isang bagay gaya ng paglalakbay at iba pa, ay humuhuli ng isang ibon at pagkatapos ay pinawawalan ito. Kapag pumunta ito sa gawing kanan, itinuturing niya ito na mabuting pangitain at susulong siya sa gagawin niya. Subalit kung pumunta naman ito sa gawing kaliwa, itinuturing nila ito na masamang pangitain at uurong siya sa ninais niya. Nilinaw na ng Sugo (SAS) ang hatol sa ganitong gawain sa sinabi niya na: ***"Ang pagdadahilan ng kamalasan ay Shirk."***[38]

Kabilang sa napaloloob sa paniniwalang ito na ipinagbabawal na sumasalungat sa kaganapan ng [pananampalataya sa] Tawhīd ay ang pagtuturing ng kamalasan sa mga buwan gaya ng hindi pag-aasawa sa buwan ng Safar; sa mga araw gaya ng paniniwala na ang huling Miyerkules ng bawat buwan ay araw ng tuloy-tuloy na kamalasan; o sa mga bilang gaya ng bilang 13; o sa mga pangalan; o sa mga may kapansanan gaya ng isang umalis upang buksan ang tindahan niya at nakakita sa daan ng isang kirat: itinuturing niya itong masamang pangitain at uuwi na lamang; at mga tulad niyon. Ang lahat ng ito ay ipinagbabawal at kabilang sa Shirk. Nagpapahayag ang Propeta (SAS) ng kawalang-kaugnayan sa mga ito. Ayon kay 'Imrān ibnu Husayn: ***"Hindi kabilang sa atin ang sinumang nagdadahilan ng kamalasan ni tumatanggap ng dahilan ng kamalasan; ni nanghuhula ni nagpapahula*** – ipinagpapalagay ko na siya ay nagsabi pa: ***ni nanggagaway ni nagpapagaway."***[39]

---

[38] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 1/389. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 3955.

[39] Isinalaysay ito ni Imām at-Tabrānī sa al-Kabīr 18/162. Tingnan ang Sahīh al-Jāmi' 5435.

Ang sinumang nasadlak sa anuman sa mga ito, ang pambayad-sala niya ay ang nabanggit sa Hadīth ayon kay 'Abdullāh ibnu 'Amr na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang hinadlangan ng idinadahilang kamalasan sa pagkamit ng isang pangangailangan ay nakagawa nga ng Shirk.*** Nagsabi sila: Ano po ang pambayad-sala niyon? Nagsabi siya: ***Na magsasabi ang sinuman sa inyo na: Walang mabuti kundi ang kabutihan Mo, walang kamalasan kundi ang kamalasang dulot Mo, at walang Diyos maliban sa Iyo.***"[40] Ang pagtuturing ng kamalasan ay kabilang sa mga kalikasan ng mga tao: dumadalang at dumadalas. Ang pinakamahalagang lunas dito ay ang pananalig kay Allah – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – gaya ng nasaad sa sabi ni Ibnu Mas'ūd: "Wala sa atin na hindi (nangyayari sa sarili ang isa mula roon) subalit si Allah ay nag-aalis niyon sa pamamagitan ng pananalig."[41]

## Ang Panunumpa sa Iba pa Kay Allah

Si Allah ay nanunumpa sa anumang loobin Niya mula sa mga nilikha Niya. Ang nilikha naman ay hindi pinapayagang manumpa sa iba pa kay Allah. Kabilang sa naging bukang-bibig ng marami sa mga tao ay ang panunumpa sa iba pa kay Allah. Ang panunumpa ay isang uri ng pagdakila na hindi naaangkop kung hindi kay Allah. Ayon kay Ibnu 'Umar (RA): ***"Kaingat! Tunay na si Allah ay nagbabawal sa inyo na manumpa kayo sa mga magulang ninyo. Ang sinumang manunumpa ay manumpa kay Allah, o***

---

[40] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 2/220, as-Silsilah as-Sahīhah 1065. [Ang Hadīth na ito ay may kahinaan at minamagaling na banggitin sa paraang nililinaw ang kahinaan.(z)]

[41] Isinalaysay ito ni Abū Dāwud 3910. Ito ay nasa as-Silsilah as-Sahīhah 430.

***manahimik."*** [42] Ayon pa kay Ibnu 'Umar (RA): ***"Ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allah ay nakagawa nga ng Shirk."*** [43] Nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Ang sinumang nanumpa sa katapatan ay hindi kabilang sa atin."*** [44]

Samakatuwid, hindi ipinahihintulot na manumpa sa Ka'bah ni sa katapatan, ni sa karangalan, ni sa tulong, ni sa biyaya kay Polano, ni sa buhay ni Polano, ni sa kalagayan ng Propeta, ni sa kalagayan ng Walī, ni sa mga ama, ni sa mga ina, ni sa ulo ng mga anak. Lahat ng iyon ay ipinagbabawal. Ang sinumang nasadlak sa anuman sa mga ito, ang pambayad-sala niya ay na magsabi siya ng *lā ilāha illallāh*, gaya ng nabanggit sa isang tumpak na Hadīth: ***"Ang sinumang nanumpa, na nagsabi sa panunumpa niya na sumpa man kay al-Lāt at kay al-'Uzzā, ay magsabi ng* lā ilāha illallāh.*"*** [45]

Ayon sa wangis ng kauriang ito rin ang ilan sa mga salitang maka-Shirk at ipinagbabawal na inuusal ng ilan sa mga Muslim. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang sumusunod: Nagpapakupkop ako kay Allah AT sa iyo; Ako ay nananalig kay Allah AT sa iyo; Ito ay mula kay Allah AT mula sa iyo; wala akong binabalingan kundi si Allah AT ikaw; Si Allah ay binbalingan ko sa langit AT ikaw ay binabalingan ko sa lupa; Kung hindi dahil kay Allah AT kay Polano;[46] Ako ay walang pakialam sa Islam; Buwisit na

---

[42] Isinalaysay ito al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 11/530.

[43] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 2/125. Tingnan ang Sahīh al-Jāmi' 6204.

[44] Isinalaysay ito ni Abū Dāwud 3253. Ito ay nasa as-Silsilah as-Sahīhah 94.

[45] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī, al-Fat'h 11/536.

[46] [Ang tama doon ay sabihing PAGKATAPOS AY, kaya naman sasabihin: Ako ay nagpapatulong kay Allah AT PAGKATAPOS AY sa iyo. Gayon din sa nalalabing naunang mga parirala. (z)]

panahon ito. Gayon din ang bawat parirala na naglalaman ng panlalait sa panahon tulad ng pagsabi ng: Masama ang panahon[47] na ito; Malas ang oras na ito; Mandaraya ang panahon; at mga tulad niyon at iyon ay sapagkat ang panlalait sa panahon ay bumabalik kay Allah na lumikha sa panahon; at gayon din ang pagsabi ng: Niloob ng kalikasan.[48] Gayon din ang paggamit ng mga pangalang nagsisimula sa 'Abd na iniugnay sa iba pa kay Allah gaya ng 'Abdulmasīh (alipin ni Kristo), 'Abdunnabī (alipin ng Propeta), 'Abdurrasūl (alipin ng Sugo) at 'Abdulhusayn (alipin ni Husayn).

Kabilang sa mga terminolohiya at mga pananalitang bago na sumasalungat sa Tawhīd din ay ang sumusunod: ang Sosyalismo ng Islam; ang Demokrasya ng Islam;[49] ang pagnanais ng taong-bayan ay bahagi ng pagnanais ng Diyos; ang relihiyon ay para sa Diyos at ang bayan ay para sa lahat; sa ngalan ng Arabismo; at sa ngalang ng rebolusyon.

Kabilang din sa mga ipinagbabawal ang paggamit katawagang katagang hari ng mga hari – at anumang maitutulad dito gaya ng hukom ng mga hukom – sa isa sa mga tao. Gayon din ang paggamit ng katawagang Sayyid (Master) at anumang nasa kahulugan nito sa Munāfiq at Kāfir (maging sa wikang Arabe man o sa ibang wika). Ang paggamit ng pariralang "Kung sana'y" na

---

[47] Ang panahon na tinutukoy rito ay hindi ang klima.

[48] Ang kalikasan ay ginagawang pamalit ng iba sa Diyos.

[49] Ang Sosyalismo ay isang ideolohiyang inimbento ng tao at napatunayang mali noong tinalikdan ito ng Unyong Sobyet. Ang Demokrasya ay inimbento ng mga Paganong Griyego. Ang Pilipinas ang pinakademokratikong bansa sa Asya at higit na demokratiko kaysa sa Singapore, Taiwan, Malaysia at Japan, ngunit ang nakapagtataka ay higit na maunlad ang mga bansang ito at higit na malinis ang pamamahala kaysa sa Pilipinas.

nagpapahiwatig ng pagkayamot, paghihinayang at paghihimutok ay nagbubukas sa gawain ng Demonyo, at gayon din ang pagsabi ng: O Allah, patawarin Mo ako **kung loloobin Mo.**[50]

## Ang Pakikihalubilo sa mga Munāfiq o mga Suwail Dahil sa Pagkapalagay ng loob sa Kanila o Pakikipagpalagayan ng Loob sa Kanila

Sinasadya ng marami sa mga hindi tumatag ang pananampalataya sa mga puso nila ang pakikihalubilo sa ilan sa mga taong suwail at buktot. Bagkus baka nakikihalubilo pa sila sa mga namimintas sa Batas ni Allah, nangungutya sa Relihiyon Niya at mga katangkilik Niya. Walang duda na ito ay isang gawaing ipinagbabawal na nag-aalipusta sa Pinaniniwalaan. Nagsabi si Allah (6:68): **"Kapag nakita mo ang mga sumusuong sa pagpapabula sa mga Kapahayagan Namin ay bumaling ka palayo sa kanila hanggang sa sumuong sila sa pag-uusap na iba roon. Kung palilimutin ka nga ni Satanas ay huwag kang umupo, matapos ang pagkaalaala, kasama ng mga taong lumalabag sa katarungan."**

Samakatuwid hindi pinapayagan ang pakikihalubilo sa kanila sa ganitong kalagayan, kahit pa man matindi ang pagkakalapit ng kaugnayan sa kanila, o kaaya-aya ang pakikitungo nila, o matamis ang mga dila nila, maliban sa nagnanais sa pag-aanyaya sa kanila sa tama o sa pagtugon sa kabulaanan nila o sa pagtuligsa sa kanila. Tungkol naman sa pagkalugod at pananahimik,

---

[50] Ang pagsabi ng "kung loloobin Mo" ay nagpapahiwatig ng kawalang-tiwala kay Allah sa lawak ng kapatawan Niya. Para sa malawakang kaalaman, tingnan ang Mu'jam al-Manāhī al-Lafdhīyah (Talatingin ng mga Ipinagbabawal na Pananalita) ni Shaykh Bakr Abū Zayd.

hindi maaari. Nagsabi si Allah (9:96): **"at kung malulugod kayo sa kanila, tunay na si Allah ay hindi nalulugod sa mga taong suwail."**

## Ang Kawalan ng Kapanatagan sa Salāh

Kabilang sa napakalaki sa mga krimen ng pagnanakaw ay ang pagnanakaw sa salāh. Nagsabi ang Sugo (SAS): ***"Ang napakasama sa mga tao sa pagnanakaw ay ang nagnanakaw sa salāh niya."*** Nagsabi sila: "O Sugo ni Allah, at papaano po siyang magnanakaw sa salāh niya?" Nagsabi siya: ***"Hindi niya nilulubos ang pagyukod doon at ang pagpapatirapa doon."***[51] Tunay na ang pagkawala ng kapanatagan, ang hindi pagpirmi ng likod sa pagyukod at pagpapatirapa, ang hindi pagtutuwid nito pagkatapos ng pagkaangat mula sa pagkakayukod at ang hindi pag-upo nang tuwid sa pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa, lahat ng ito ay laganap at nasasaksihan sa karamihan sa mga nagdarasal. Halos hindi nawawalan ang isang masjid ng mga halimbawa ng mga hindi napapanatag sa salāh nila. Ang kapanatagan ay isang haligi ng salāh. Ang salāh ay hindi nagiging tumpak nang wala nito. Ang usaping ito ay maselan. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Hindi sasapat ang salāh ng tao malibang itinutuwid niya ang likod niya sa pagyukod at pagpapatirapa."***[52] Walang duda na ito ay minamasama na nagiging karapat-dapat na sawayin at pagsabihan ang gumagawa nito. Ayon kay 'Abdullāh al-Ash'arī (RA) na nagsabi: "Nagdasal ang Sugo ni Allāh (SAS) kasama ng mga Kasamahan niya. Pagkatapos ay naupo siya sa isang pangkat

---

[51] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 5/310. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 997.

[52] Isinalaysay ito ni Abū Dāwud 1/533. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 7224.

mula sa kanila. At pumasok ang isang lalaki at tumindig na nagdarasal. Nagsimula itong yumukod at [parang] tumutuka sa [bilis ng] pagyukod nito kaya nagsabi ang Propeta (SAS): ***Nakikita ba ninyo ito? Ang sinumang namatay sa ganito ay namatay sa hindi Relihiyon ni Muhammad. Tumutuka siya sa s̲alāh niya gaya ng pagtuka ng uwak sa dugo. Ang paghahalintulad sa yumuyukod at tumutuka sa [bilis ng] pagpapatirapa niya ay gaya lamang ng gutom: hindi nakakain kundi isang datiles o dalawang datiles, kaya ano ang idudulot na kasapatan ng mga ito sa kanya?***"[53] Ayon kay Zayd ibnu Wahb na nagsabi: "Nakakita si H̲udhayfah ng isang lalaki na hindi nilulubos ang pagyukod at ang pagpapatirapa. Nagsabi siya: Hindi ka nakapagdasal; kung sakaling namatay ka, namatay ka na hindi ayon sa pananampalataya na ipinasampalataya ni Allah kay Muhammad (SAS)."[54]

Nararapat sa sinumang nagwalang-bahala sa kapanatagan sa s̲alāh, kapag nalaman niya ang patakaran, na ulitin ang s̲alāh na fard̲ sa oras na iyon at pagsisihan niya kay Allah ang anumang nagdaan na. Hindi kinakailangan sa kanya na ulitin ang mga s̲alāh na nauna, gaya ng ipinahihiwatig ng nabanggit na H̲adīth: ***"Bumalik ka at magdasal ka sapagkat tunay na ikaw ay hindi nagdasal."***

## Ang Kalikutan at ang Maraming Paggalaw sa S̲alāh

Ito ay kapintasang hindi halos nakaliligtas mula rito ang ilan sa mga nagdarasal dahil hindi nila sinusunod ang utos ni Allah (2:238): **"Magsitayo kayo kay Allah na mga masunurin."** Hindi nila nauunawaan ang sabi ni Allah (23:1-2): **"Nagtagumpay nga**

---

[53] Isinalaysay ito ni Ibnu Khuzaymah sa S̲ah̲īh̲ niya 1/332. Tingnan ang S̲ifāh S̲alāh an-Nabī (Katangian ng S̲alāh ng Propeta) ni al-Albānī 131.

[54] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h̲ 2/274.

**ang mga mananampalataya na sa pagdarasal nila ay nagpapakumbaba."** Noong tinanong ang Sugo (SAS) hinggil sa paghahawi sa lupa [na pagpapatirapaan] sa pagpapatirapa ay nagsabi siya: ***"Huwag mong hawiin habang ikaw ay nagdarasal; ngunit kung ikaw ay hindi makaiiwas na gawin [iyon], isang ulit na pagpapatag lamang ng mga bato."***[55] Nabanggit na ng mga may kaalaman na ang maraming pagkilos na nagkakasunod-sunod na hindi naman kailangan ay nagpapawalang-saysay sa salāh. Kaya papaano na ang mga naglilikot sa mga salāh nila? Nakatayo sila sa harap ni Allah samantalang ang isa sa kanila ay tumitingin sa relo niya, o nag-aayos ng thawb niya, o kumakalikot ng ilong niya. Ipinupukol niya ang paningin niya sa kaliwa't kanan at sa itaas. Hindi siya natatakot na baka hablutin ang paningin niya at pagnakawan ng Demonyo ang salāh niya.

## Ang Sinasadyang Pag-una ng Ma'mūm sa Imām sa Salāh

Ang tao, bahagi ng kalikasan niya ang pagmamadali (17:11): **"Ang tao ay laging mapagmadali."** Nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Ang paghihinay-hinay ay mula kay Allah at ang pagmamadali ay mula sa Demonyo."***[56] Madalas na napapansin ng isang tao, habang siya ay nasa jamā'ah, sa ilan sa mga nagdarasal sa gawing kanan niya o kaliwa niya – bagkus marahil napapansin niya rin iyon sa sarili niya minsan – ang pakikipag-unahan sa imām sa pagyukod at pagpapatirapa, sa mga takbīr ng pagpapalit ng kilos sa kabuuan at pati na sa salām sa salāh. Ang gawaing ito na hindi

---

[55] Isinalaysay ito ni Abū Dāwud 1/581. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 7452. [Ang pinagmulan nito ay nasa Sahīh Muslim, ayon kay Mu'ayqīb.(z)]

[56] Isinalaysay ito ni al-Bayhaqī sa as-Sunan al-Kubrā 10/104. Ito ay nasa as-Silsilah 1795.

nagmumukhang may halaga para sa marami ay nabanggit nga hinggil dito ang matinding banta buhat sa Propeta (SAS) ayon sa sabi niya (SAS): ***"Hindi ba natatakot ang nag-aangat ng ulo niya bago ang imām na palitan ni Allah ang ulo niya ng ulo ng asno?"***[57] Kapag ang nagdarasal ay hinihiling na pumunta sa salāh nang may kapanatagan at kahinahunan, papaano na sa salāh mismo? Maaaring nakalilito sa ilan sa mga tao kung paano ang pakikipag-unahan sa imām kaya nauuwi naman sa pagpapaiwan sa kanya. Kaya pakaalamin na ang mga faqīh,[58] kaawaan sila ni Allah, ay bumanggit ng isang magandang panuntunan sa bagay na ito: na nararapat sa ma'mūm na magsimula sa pagkilos sa sandaling tumitigil ang takbīr ng imām. Kaya kapag natapos sa [pagbigkas ng] "***r***" ng ***Allāhu akbar***, magsisimula ang ma'mūm sa pagkilos; hindi siya magpapakauna roon at hindi siya magpapakahuli roon. Sa pamamagitan niyon ay aayon sa panunutunan. Ang mga Kasamahan ng Sugo ni Allah (SAS), kalugdan sila ni Allah, ay sukdulan sa kasigasigan sa hindi pag-una sa Propeta (SAS). Nagsasabi ang isa sa kanila, si Albarrā' ibnu 'Āzib (RA): "Tunay na sila noon ay nagdarasal sa likuran ng Sugo ni Allah (SAS). Kapag inangat niya ang ulo niya mula sa pagkakayukod, wala akong nakikita na isang nagbabaluktot ng likod nito hanggang sa nailagay ng Sugo ni Allah (SAS) ang noo niya sa lapag. Pagkatapos ay yuyukod ang mga nasa likuran upang mangagpatirapa."[59]

Noong tumanda na ang Propeta (SAS) at nagkaroon sa kilos niya ng medyo kabagalan ay pinaalalahan niya ang mga nagda-

---

[57] Isinalaysay ito ni Muslim 1/320-321.

[58] Dalubhasa sa pag-unawa sa Sharī'ah.

[59] Isinalaysay ito ni Muslim, bilang 474, Edisyong 'Abdulbāqī.

rasal sa likuran niya. Sinabi niya: ***"O mga tao, tunay na ako ay tumaba na kaya huwag ninyo akong unahan sa pagyukod at pagpapatirapa..."*** [60] Tungkulin naman ng imām na magsagawa ayon sa Sunnah sa takbīr Sunnah kapag nagdasal siya. Ito ang nabanggit sa isang Hadīth ayon kay Abū Hurayrah (RA): "Ang Sugo ni Allah (SAS), kapag tumindig upang magsagawa ng salāh, ay nagsasagawa ng takbīr kapag tumatayo, pagkatapos ay nagsasagawa ng takbīr kapag yumuyukod...pagkatapos ay nagsasagawa ng takbīr kapag nagpapatirapa [mula sa pagkakatayo], pagkatapos ay nagsasagawa ng takbīr kapag nag-aangat ng ulo niya, pagkatapos ay nagsasagawa ng takbīr kapag nagpapatirapa [mula sa pagkakaupo], pagkatapos ay nagsasagawa ng takbīr kapag nag-aangat ng ulo niya. Pagkatapos ay ginagawa niya iyon sa buong salāh hanggang sa matapos niya ito. Nagsasagawa siya ng takbīr kapag tumatayo mula sa [unang] dalawang [rak'ah] matapos ang pag-upo."[61] Kaya kapag nagsagawa ang imām ng takbīr kasabay at kasama ng kilos niya at nagsigasig naman ang ma'mūm sa pagsunod sa pamamaraang nauna nang nabanggit, bubuti ang kalagayan ng jamā'ah sa salāh nila.

## Ang Pagpunta sa Masjid ng Isang Kumain ng Sibuyas o Bawang o Anumang May Masangsang na Amoy

Nagsabi si Allah (7:31): **"O mga anak ni Adan, isuot ninyo ang gayak ninyo sa bawat masjid."** Ayon kay Jābir na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang kumain ng bawang o sibuyas ay lumayo-layo sa atin.*** – o nagsabi siya: –

---

[60] Isinalaysay ito ni al-Bayhaqī 2/93 at pinagtibay niya ito na Hadīth Hasan sa Irwā' al-Ghalīl 2/290.

[61] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī, bilang 756, Edisyong al-Baghā.

***lumayo-layo siya sa masjid natin at manatili sa bahay niya.*"**[62] Sa isang salaysay naman ayon kay Imām Muslim: ***"Ang sinumang kumain ng sibuyas o bawang o puero***[63] ***ay huwag ngang lalapit sa masjid natin sapagkat ang mga anghel ay nayayamot sa ikinayayamot ng mga anak ni Adan."***[64] Nagtalumpati si 'Umar ibnu al-Khattāb sa mga tao minsang isang Biyernes at nagsabi siya sa talumpati niya: "Pagkatapos, tunay na kayo, o mga tao, ay kumakain ng dalawang halaman na hindi ko itinuturing kundi masagwa: itong sibuyas at bawang. Talagang nakita ko nga ang Sugo ni Allah (SAS) na kapag nasumpungan niya ang amoy ng dalawang ito mula sa isang lalaki sa masjid ay nag-uutos siya na lumabas ito kaya pinalalabas ito tungo sa Baqī'. Kaya ang sinumang kakain nito ay patayin niya ang amoy ng mga ito sa pagluluto."[65]

Napaloloob din sa paksang ito ang mga pumapasok kaagad-agad sa mga masjid matapos ang mga gawain nila habang ang masangsang na mga amoy ay umaalingasaw mula sa mga kilikili nila at mga medyas nila. Ang pinamakasahol pa rito ay ang mga naninigarilyo na humihithit ng usok ng sigarilyo na ipinagbabawal at pagkatapos ay magsisipasok sa mga masjid. Niyayamaot nila ang mga lingkod ni Allah na mga anghel at mga tao.

---

[62] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 2/339.

[63] Tinatawag na leek sa Ingles. Para itong sibuyas tagalog ngunit malaki at mataba. . kadalasang dahon nito ang ginagamit.

[64] Isinalaysay ni Muslim 1/395.

[65] Isinalaysay ito ni Muslim 1/396.

## Ang Pangangalunya[66]

Yamang ilan sa mga layunin ng Sharī'ah ay ang pangangalaga sa karangalan at pangangalaga sa supling, nasaad dahil dito ang pagbabawal sa pangangalunya. Nagsabi si Allāh (17:32): **"Huwag ninyong lapitan ang pangangalunya; tunay na ito ay isang kahalayan at masamang daan."** Bagkus ipininid ng Sharī'ah ang lahat ng ipinandadahilan at daang humahantong doon sa pamamagitan ng pag-uutos sa ḥijāb, pagbababa ng paningin, pagbabawal ng pakikipagsarilinan sa babaing hindi maḥram, at iba pa.

Ang nakapag-asawa[67] na nangalunya ay pinarurusahan ng pinakamasaklap at pinakamatinding kaparusahan: ang pagpupukol sa kanya ng bato hanggang mamatay upang malasap niya ang pait ng ginawa niya at upang masaktan ang bawat bahagi ng katawan niya, gaya ng pagpapakaligaya niya rito sa ipinagbabawal. Ang nangalunya na hindi pa nakaranas ng pakikipagtalik sa isang tumpak na kasal ay hahagupitin ng pinakamaraming bilang sa paghahagupit na nasaad sa mga takdang kaparusahan sa Sharī'ah: isandaang hagupit, kalakip ng anumang mangyayari sa kanya na pagkapahiya sa pamamagitan ng pagsaksi ng isang pangkat ng mga mananampalataya sa parusa sa kanya, at kahihiyan sa pamamagitan ng pagpapalayo sa kanya mula sa bayan niya at pagtatapon sa kanya sa malayo sa pook ng krimen sa loob ng isang buong taon.

Ang pagdurusa ng mga nangalunyang lalaki at mga nangalunyang babae sa Barzakh ay na sila ay ilalagay sa isang pugon na ang itaas nito ay masikip, ang ibaba nito ay maluwang, na nagni-

---

[66] Ang pangangalunya na tinutukoy rito ay ang tinatawag na zinā sa wikang Arabe na nangangahulugang pakikipagtalik sa hindi legal na asawa.

[67] May asawa pa o may asawa dati.

ningas sa ilalim nito ang apoy, samantalang sila ay mga nakahubad sa loob nito. Kaya kapag pinagningas sa kanila ang apoy ay sisigaw sila at lalakasan nila hanggang sa halos lumabas sila; kapag humupa, ibabalik sila roon. Ganyan ang gagawin sa kanila hanggang sa pagdating ng Huling Sandali.

Nadadagdagan pa ang kasagwaan kapag ang lalaki ay nagpapatuloy sa pangangalunya kasabay ng pagsulong ng edad niya, pagkalapit niya mula sa kamatayan niya at pagpapalugit ni Allah sa kanya. Ayon kay Abū Hurayrah (RA): ***"May tatlo na hindi kakausapin ni Allah sa Araw ng Pagkabuhay, hindi Niya sila dadalisayin, hindi Siya titingin sa kanila at ukol sa kanila ay isang masakit na parusa: matandang nangangalunya, haring palasinungaling at naghihikahos na nagmamalaki."***[68]

Kabilang sa pinakamasama sa mga kinikita ay ang upa sa pagbibili ng laman: ang tinatanggap kapalit ng pangangalunya. Ang nangangalunya na ipinagbibili ang katawan niya ay pinagkakaitan ng pagtugon sa panalangin niya kapag binubuksan ang mga pinto ng langit sa hatinggabi.[69] Ang pangangailangan at ang karalitaan ay walang pasubaling hindi kadahilanang tanggap sa Sharī'ah upang labagin ang mga hangganan ni Allah. Noong unang panahon ay sinasabi nila: "Magugutom ang malayang babae ngunit hindi siya kakain sa pamamagitan ng [pagtitinda ng gatas ng] mga dibdib niya kaya papaanong sa pamamagitan ng [pagtitinda ng] ari niya?"

Sa panahon natin ay binuksan na ang bawat pinto tungo sa kahalayan. Pinadali ng Demonyo ang daan sa pamamagitan ng panlalalang niya at panlalalang ng mga kampon niya. Sinunod

---

68 Isinalaysay ito ni Muslim 1/102-103.

69 Ang Hadīth tungkol dito ay nasa Saḥīḥ al-Jāmi' 2971.

naman siya ng mga suwail at mga masamang-loob kaya naglipana ang tabarruj at ang sufūr.[70] Naging palasak ang nakaw na sulyap at ang ipinagbabawal na tingin. Lumaganap ang paghahalubilo ng mga lalaki at mga babaing hindi magkakaanu-ano. Naging mabili ang mga magasin ng kalaswaan at mga pelikula ng kahalayan. Dumami ang pagpunta sa mga bayan ng imoralidad. Bumangon ang pamilihan ng kalakalan ng prostitusyon. Dumami ang pagyurak sa karangalan. Nadagdagan ang bilang ng mga anak sa labas at ang mga kaso ng paglalaglag ng mga sanggol.

Kaya hinihiling namin sa Iyo, o Allah, ang awa Mo, ang kabaitan Mo, ang pagtatakip Mo at ang pangangalagang buhat sa Iyo na pangalagaan kami laban sa mga kahalayan. Hinihiling namin sa Iyo na dalisayin Mo ang mga puso namin, ipagsanggalang Mo ang mga puri namin at maglagay Ka sa pagitan namin at ng ipinagbabawal ng isang tabing at isang harang na ipinanghaharang.

## Ang *Sodomy*[71]

Ang krimen ng mga kababayan ni Propeta Lot ay ang pagtatalik ng dalawang lalaki. Nagsabi si Allah (29:28-29): "***Banggitin* si Lot noong magsabi siya sa mga kababayan niya: "Tunay na kayo ay talagang gumagawa ng kahalayan na hindi kayo naunahan doon ng isa man sa mga nilalang. Tunay na kayo**

---

[70] Ang tabarruj ay ang pagtatanghal o ang pagpapakita ng isang babaing nasa tamang gulang sa publiko o sa harap ng mga lalaking di-mahram ng kagandahan niya at nakapang-aakit na gayak niya. Ang sufūr naman ay ang hindi pagsusuot ng belo o hijāb at hindi pagtatakip ng bahagi ng katawan na hindi dapat makita ng mga lalaking di-mahram. Samakatuwid ang lahat ng uri ng tabarruj ay sufūr, ngunit hindi lahat ng sufūr ay tabarruj.

[71] Ang sodomy na tinutukoy rito ay ang pagtatalik ng dalawang lalaki sa pamamagitan ng pagtatalik sa pamamagitan ng *anus*.

**ba ay nakikipagtalik sa mga *kapwa* lalaki, nandarambong sa daan at gumagawa sa pagtitipon ninyo ng nakasasama." Ngunit walang iba ang sagot ng mga kababayan niya kundi na sinabi nila: "Dalhan mo kami ng parusa ni Allah, kung ikaw ay kabilang sa mga nagsasabi ng totoo.""**

Dahil sa karumalan ng krimen na ito, kasagwaan nito at panganib nito, pinarusahan ni Allah ang mga gumagawa nito ng apat na uri ng kaparusahan na hindi Niya pinagsama-sama sa mga taong iba sa kanila: binura Niya ang mga mata nila, itinaob Niya ang bayan nila, pinaulanan Niya sila ng mga bato na pinatuyong luwad na patong-patong at ipinadala Niya sa kanila ang Dagundong.

Sa Sharī'ah sa panahong ito, ang pagkitil sa pamamagitan ng tabak – ayon sa matimbang na pahayag – ay ang kaparusahan sa nagsasagawa at pinagsasagawaan[72] nito kapag ito ay ginawa ayon sa pagkalugod at kagustuhan. Ayon kay Ibnu 'Abbās (RA): ***"Ang sinumang natagpuan ninyo na nagsasagawa ng gawain ng mga kababayan ni Lot ay patayin ninyo ang nagsasagawa at ang pinagsasagawaan."***[73] Ang lumitaw sa panahon natin na mga salot at mga sarisaring uri ng mga sakit – na wala sa mga ninuno nating nagsiyao – dahil sa kahalayan gaya ng sakit na AIDS na nakamamatay ay nagpapahiwatig ng isang katwiran ng Tagapagbatas sa pagtatakda ng malubhang kaparusahang ito.

---

[72] Ang nagsasagawa (active) ay ang nag-aastang lalaki at ang pinagsasagawaan ay ang nag-aastang babae (passive).

[73] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 1/300. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 6565.

## Ang Pagtanggi ng Babae na Makipagtalik sa Asawa Niya Nang Walang Kadahilanang Tanggap sa Sharī'ah

Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Kapag inanyayahan ng lalaki ang maybahay niya sa higaan niya at tumangi ito, kaya magdamag siyang galit dito, ay susumpain ito ng mga anghel hanggang sa mag-umaga."*** [74]

Marami sa mga babae – kapag nagkaroon ng alitan sa pagitan niya at ng asawa niya – ay nagpaparusa rito, sa pag-aakala niya, sa pamamagitan ng pagkakait dito sa karapatan nito sa pakikipagtalik sa kanya. Maaaring magbunga ito ng malaking mga katiwalian, na ang ilan sa mga ito ay ang pagkakasadlak ng asawa sa bawal. Maaari ring bumalik sa kanya ang kagagawan niya: pag-iisipan nito nang seryoso ang pag-asawa bukod pa sa kanya.

Kaya tungkulin ng maybahay na magdali-dali sa pagtugon sa asawa niya kapag humiling ito sa kanya, bilang pagsunod sa sabi ng Sugo (SAS): ***"Kapag inanyayahan ng lalaki ang maybahay niya sa higaan niya ay tumugon ito kahit pa man ito ay nasa ibabaw ng siya ng kamelyo."*** [75] Tungkulin naman ng asawa na isaalang-alang ang [kalagayan ng] maybahay niya kapag ito ay may-sakit o nagdadalang-tao o nagdadalamhati nang sa gayon ay mamalagi ang pagkakasundo at hindi masadlak sa paghihiwalay.

---

[74] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h.

[75] Nasa ibabaw ng kamelyo. Ito ay isang idyomang Arabe na ang ibig sabihin ay: abalang-abala. Tingnan ang Zawā'id al-Bazār 2/181. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 547.

## Ang Paghiling ng Babae ng Diborsiyo sa Asawa Niya Nang Walang Dahilang Tanggap sa Sharī'ah

Nagdadali-dali ang marami sa mga babae sa paghiling ng diborsiyo sa mga asawa nila kapag nagkaroon ng napakaliit na alitan. O humihiling ang maybahay ng diborsiyo kapag hindi ibinigay sa kanya ng asawa ang ninanais niya na pera, gayong maaaring siya ay nasulsulan lamang ng ilan sa mga kamag-anak niya o mga kapitbahay na mga mapanira. Maaaring hamunin niya ang asawa niya sa pamamagitan ng mga pananalitang pumupukaw ng galit, gaya ng pagsasabi: "Kung lalaki ka, diborsiyuhin mo ako." Batid ng lahat na nagbubunga ang diborsiyo ng malaking mga kapinsalaan gaya ng pagkalansag ng pamilya at pagkapariwara ng mga anak. Maaaring magsisi siya sa sandaling hindi na pakikinabangan ang pagsisisi. Dahil dito at iba pa, lumilitaw ang katwiran sa Sharī'ah nang binanggit nito ang pagbabawal niyon. Ayon kay Thawbān (RA): ***"Alinmang babae na humingi sa asawa niya ng diborsiyo nang wala sa katwiran, bawal sa kanya ang halimuyak ng Paraiso."***[76] Ayon naman kay 'Uqbah ibnu 'Āmir (RA): ***"Tunay na ang mga babaing humihiling ng khula'***[77] ***at ang mga babaing humihiling ng hiwalayan ay ang mga babaing nagpapanggap na sumasampalataya."***[78]

Samantala, kung sakaling nagkaroon ng dahilang tanggap sa Sharī'ah, gaya ng pagtalikod ng asawa sa pagsagawa ng salāh, o paginom ng mga nakalalasing at paggamit ng mga bawal na gamot, o ito ay pumipilit sa kanya sa gawaing bawal, o nang-aapi sa kanya

---

[76] Isinalaysay ito ni Ahmad 5/277. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 2703.

[77] Isang uri ng diborsiyo na hiniling ng babae kapalit ng kabayaran sa asawa.

[78] Isinalaysay ito ni at-Tabrānī sa al-Kabīr 17/339. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 1934.

sa pamamagitan ng pagpapasakit sa kanya o pagkakait sa kanya ng mga legal na karapatan niya, halimbawa, at wala nang pakinabang na idinudulot ang pagpapayo at wala nang mabuting idinudulot ang mga pagtatangka para pabutihin, wala nang masama sa babae sa sandaling iyon kung siya man ay humiling ng diborsiyo upang mailigtas niya ang pananampalataya niya at ang sarili niya.

## Ang Dhihār

Kabilang sa mga pananalita ng Ṣinaunang Kamangmangan na laganap sa Kalipunang ito ay ang pagkasadlak sa dhihār. Nangyayari ito kapag nagsasabi ang asawa sa maybahay niya: "Ikaw para sa akin ay gaya ng likoḍ ng ina ko," o "Ikaw ay bawal sa akin gaya ng pagkabawal ng babaing kapatid ko." at tulad niyon na mga karumal-dumal na pananalitang itinuturing na masagwa ng Sharī'ah dahil sa ito ay nagdudulot ng kawalang-katarungan sa babae.[79] Inilarawan ito ni Allah sa sinabi Niya (58:2): **"Ang mga nagsasagawa ng dhihār na kabilang sa inyo sa mga maybahay nila *ay nalalamang* ang mga ito ay hindi mga ina nila. Ang mga ina nila ay walang iba kundi ang mga nagsilang sa kanila. Tunay na sila ay talagang nagsasabi ng isang nakasasamang salita at isang kabulaanan. Tunay na si Allah ay talagang Mapagpaumanhin, Mapagpatawad."**

---

[79] Ang dhihār ay isang uri ng pagdidiborsiyo na isinasagawa sa pamamagitan ng pagtutulad ng isang lalaki sa maybahay niya sa mga babaing hindi niya kailanman maaaring mapangasawa gaya ng ina, kapatid, anak at iba pa. Kapag isinagawa ito ng lalaki, kaagad na nadiborsiyo niya ang maybahay niya. Bagamat hindi laganap ito sa Pilipinas, at marahil baka hindi nga alam ng lubhang nakararami, laganap ito sa ibang lugar kaya minabuting isama ito sa aklat na ito.

Ginawa ng Sharī'ah na ang pambayad-sala sa gawaing ito ay mabigat na nakawawangis ng pambayad-sala sa maling pagkapatay at nakatutulad sa pambayad-sala sa pakikipagtalik sa maghapon ng Ramadān. Hindi ipinahihintulot sa isang nagsagawa ng dhihār sa maybahay niya na lumapit dito maliban kung nakapagsagawa siya ng pambayad-sala. Nagsabi si Allah (58:3-4): **"Ang mga nagsasagawa ng dhihār sa mga maybahay nila, pagkatapos ay binawi nila ang sinabi nila, ay pagpapalaya ng isang alipin** ***ang pambayad-sala*** **bago magsalingan silang** ***mag-asawa.*** **Iyan ay ipinangangaral sa inyo. Si Allah sa anumang ginagawa ninyo ay Nakababatid. Ngunit ang sinumang hindi makatagpo** ***ng mapalalaya*** **ay pag-aayuno ng dalawang buwang magkakasunod** ***ang pambayad-sala*** **bago magsalingan silang** ***mag-asawa;*** **ngunit kung hindi niya makakaya, pagpapakain ng animnapung dukha** ***ang pambayad-sala.*** **Iyan ay upang sumampalataya sila kay Allah at sa Sugo Niya. Iyon ay mga hangganan ni Allah. Ukol sa mga tumatangging sumampalataya ay masakit na parusa."**

## Ang Pakikipagtalik sa Maybahay sa Panahon ng Regla

Nagsabi si Allah (2:222): **"Tinatanong ka nila hinggil sa regla. Sabihin mo: "Ito ay nakapipinsala kaya iwasan ninyo ang** ***pakikipagtalik sa*** **mga babae sa panahon ng regla. Huwag kayong makipagtalik sa kanila kung hindi huminto ang pagdurugo,"** Samakatuwid hindi ipinahihintulot sa kanya na makipagtalik dito kung hindi pa ito nakapaligo matapos huminto ang pagdurugo nito ayon sa sabi Niya (2:222): **"at kapag nakapaglinis na sila ay saka kayo makipagtalik sa kanila sa bahaging ipinag-utos sa inyo ni Allah."** Nagpapahiwatig sa kasagwaan ng pagsuway na ito ang sinabi niya (SAS): ***"Ang sinumang pumunta***

***sa isang nireregla [upang makipagtalik], o sa isang babae [upang makipagtalik] sa puwit*[80] *nito, o sa isang manghuhula [upang magpahula], ay tumanggi ngang sumampalataya sa ibinaba kay Muhammad."*** [81]

Ang sinumang gumawa niyon dahil sa pagkakamali nang walang pananadya habang siya ay hindi nakaaalam, wala siyang anumang pananagutan. Ang sinumang gumawa niyon nang sinasadya at nalalaman [na bawal iyon], tungkulin niyang magbayad-sala ayon sa pahayag ng ilan sa mga may kaalaman na kabilang sa mga naniwala sa katumpakan ng H̲adīth tungkol sa pagbabayad-sala, at ito ay isang Dīnār o kalahating Dīnār.[82] Sinabi naman ng iba sa kanila na siya ay makakapamili sa alinman sa dalawa. Nagsabi rin ang iba pa sa kanila na kapag nakipagtalik siya rito sa simula ng pagreregla nito sa kalakasan ng daloy ng dugo ay tungkulin niya na magbayad-sala ng isang Dīnār. Kung nakipagtalik naman siya rito sa huling bahagi ng regla nito kapag humina na ang daloy ng dugo o bago ito nakapaligo para sa regla ay tungkulin niyang magbayad-sala ng kalahating Dīnār.[83] Ang Dīnār na tinutukoy rito ayon sa kasalukuyang pagtataya ay katumbas sa 4.25 gramo ng ginto.[84] Ikakawanggawa niya ito o ang katumbas nito sa pera.[85]

---

[80] Ito ang tumpak na katumbas sa Tagalog ng salitang Arabe na *dubur*, ngunit ang tinutukoy rito ay ang *anus* o tumbong na labasan ng dumi at hindi ang pigi mismo na siyang literal na kahulugan ng puwit at *dubur*.

[81] Isinalaysay ito ni at-Tirmidhī ayon kay Abū Hurayrah 1/243. Ito ay nasa S̲ah̲īh̲ al-Jāmi' 5917.

[82] Ang Dīnār na tinutukoy rito ay hindi ang Dinar ng anumang bansa.

[83] Ang tamang pahayag ay na siya ay magbigay ng isang Dīnār o kalahating Dīnār; walang ipinagkaiba kung iyon sa simula o sa katapusan ng regla.

[84] Mga $91 noong April 29, 2006, batay sa halaga ng ginto ayon sa Al-Rajhi Banking and Investment Corporation, Riyadh Saudi Arabia.

## Ang Pakikipagtalik sa Babae sa Puwit Nito

Ang ilan sa mga nalilisya na mahihina ang pananampalataya ay hindi nangingimi na makipagtalik sa maybahay niya sa puwit nito (sa bahaging labasan ng dumi). Ito ay kabilang sa mga malaking kasalanan. Isinumpa na ng Propeta (SAS) ang sinumang gumawa nito. Ayon kay Abū Hurayrah (RA): ***"Isinumpa ang sinumang nakipagtalik sa maybahay sa puwit nito."*** [86] Bagkus tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsabi pa: ***"Ang sinumang pumunta sa isang nireregla [upang makipagtalik], o sa isang babae [upang makipagtalik] sa puwit nito, o sa isang manghuhula [upang magpahula], ay tumanggi ngang sumampalataya sa ibinaba kay Muhammad."*** [87] Bagamat marami sa mga maybahay na mga may matinong kalikasan ay tumatanggi roon, kaya nga lamang ang ilan sa mga asawa ay nagbabanta ng diborsiyo kapag hindi sinunod. Ang iba sa kanila ay maaaring nanlilinlang ng maybahay niya na nahihiyang magtanong sa mga may kaalaman, kaya napapaniwala niya ito na ang gawaing ito ay ipinahihintulot. Maaaring ipinampapatunay niya roon ang sabi ni Allah (2:223): **"Ang mga maybahay ninyo ay punlaan para sa inyo, kaya puntahan ninyo ang punlaan ninyo sa paraang niloob ninyo."** Nalalaman na ang Sunnah ay naglilinaw sa Qur'an. Nasaad nga sa Sunnah dahil dito na ang Propeta (SAS) ay nagpabatid na ipinahihintulot na makipagtalik sa maybahay sa paano mang paraang loloobin niya: sa harapan at sa likuran, hanggat

---

[85] [Ang tama ay na siya ay makapipili na magbigay ng isang dīnār o kalahating dīnār, maging iyon man ay naganap sa simula ng regla o sa katapusan nito.(z)]

[86] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 2/479. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 5865.

[87] Isinalaysay ito ni at-Tirmidhī 1/234. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 5918.

iyon ay nasa labasan ng bata. Hindi nalilingid na ang puwit at labasan ng dumi ay hindi ang labasan ng bata. Ang ilan sa mga dahilan ng pagsalansang na ito ay ang pagsuong sa malinis na buhay may-asawa nang may dalang mga minanang maruming kaugaliang maka-Jāhilīyah gaya ng mga gawaing lisya na ipinagbabawal, o alaalang puno ng mga tanawin mula sa mga mahalay na pelikula, nang walang kalakip na pagsisisi kay Allah. Nalalaman na ang gawaing ito ay ipinagbabawal kahit pa man pumayag ang mag-asawa sapagkat ang pagsasang-ayunan sa bawal ay hindi magbabago rito upang maging ipinahihintulot.

## Ang Kawalang Katarungan sa mga Maybahay

Kabilang sa itinagubilin sa atin ni Allah sa Mahal na Aklat Niya ay ang katarungan sa pagitan ng mga maybahay. Nagsabi si Allah (4:129): **"Hindi ninyo makakaya na maging makatarungan sa mga may-bahay kahit pa magsigasig kayo, ngunit huwag kayong kumiling nang buong pagkiling at saka hahayaan ninyo ang iba na gaya ng nakabitin *sa alanganin*. Kung gagawa kayo ng matuwid at mangingilag kayong magkasala ay tunay na si Allah ay laging Mapagpatawad, Maawain."** Ang katarungang hinihiling ay na maging makatarungan sa [paghahati ng] mga pagtulog sa gabi, at na gagampanan niya sa bawat isa ang karapatan nito sa sustento at pananamit. Ang katarungan ay hindi sa pag-ibig ng puso dahil hindi ito napanghahawakan ng tao. Ang iba sa mga tao, kapag nagkaroon ng higit sa isang maybahay, ay kumikiling sa isa at ipinagwawalang-bahala ang iba. Natutulog siya sa gabi sa piling ng isa nang higit sa iba o gumugugol dito at pinababayaan ang iba. Ito ay ipinagbabawal. Siya ay darating sa araw ng Pagkabuhay ayon sa kalagayang nabanggit ang paglalarawan nito ayon kay Abū Hurayrah (RA), ayon sa

Propeta (SAS) na nagsabi: *"Ang sinumang may dalawang may-bahay at kumiling siya sa isa sa kanila, darating siya sa araw ng Pagkabuhay na ang kalahating katawan niya ay nakakiling."*[88]

## Ang Pakikipagsarilinan sa Babang Hindi Mahram

Ang Demonyo ay masigasig sa pagtukso sa tao at pagbubulid sa kanila sa bawal. Dahil doon ay nagbabala sa atin si Allah sa sinabi Niya (24:21): **"O mga sumampalataya, huwag kayong sumunod sa mga bakas ng Demonyo. Ang sinumang sumusunod sa mga bakas ng Demonyo, tunay na siya ay nag-uutos ng mahalay at nakasasama..."** Ang Demonyo ay dumadaloy sa [ugat ng] tao gaya ng pagdaloy ng dugo. Ang ilan sa mga daan ng Demonyo sa pagbulid sa kahalayan ay ang pakikipagsarilinan sa babaing hindi mahram. Dahil doon, hinarangan ng Sharī'ah ang daang ito gaya ng nasaad sa sabi niya (SAS): *"Hindi nga nakikipagsarilinan ang isang lalaki sa isang babae [na hindi mahram] kung hindi ang ikatlo sa kanilang dalawa ay ang Demonyo."*[89] Ayon kay Ibnu 'Umar (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: *"Wala ngang papasok na lalaki, matapos ang araw kong ito, sa kinaroroonan ng isang babae [na wala ang asawa] malibang may kasama siya na isang tao o dalawa."*[90]

Hindi pinapayagan ang isang lalaki na makipagsarilinan sa isang bahay o isang silid o isang sasakyan sa isang babaing hindi mahram sa kanya, gaya ng maybahay ng kapatid niya o babaing katulong o isang babaing pasyente kasama ng isang lalaking

---

[88] Isinalaysay ito ni Abū Dāwud 2/601. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 6491.
[89] Isinalaysay ito ni at-Tirmidhī 3/474. Tingnan ang Mishkāh al-Masābīh 3118.
[90] Isinalaysay ito ni Muslim 4/1711

doktor, at mga tulad nito. Marami sa mga tao ay nagbabalewala sa bagay na ito; maaaring sa labis na tiwala sa sarili niya o sa iba. Kaya naman nagbubunga iyon ng pagkasadlak sa kahalayan o sa mga panimula nito at nadadagdagan ang trahedya ng kalituhan sa mga tunay na kaangkanan at [ng pagsilang] ng mga anak sa labas.

## Ang Pakikipagkamay sa mga Babaing Hindi Maẖram

Ito ay kabilang sa mga kaugaliang panlipunan na nanaig sa Sharī'ah sa lipunan. Nangibabaw sa patakaran ni Allah ang kabulaanan ng mga nakagawian ng mga tao at mga tradisyon nila. Ano pa't kung sakaling kakausapin mo ang isa sa kanila hinggil sa patakaran ng Islam, ilalahad mo ang patotoo, at lilinawin mo ang patunay ay pararatangan ka ng pagkamakaluma, pagkamasalimuot,[91] paglalagot ng ugnayang pangkamag-anak at pagkamapagduda sa mga magandang hangarin, at iba pa. Ang pakikipagkamay sa mga pinsang babae o hipag o maybahay ng tiyuhin ay higit na madali sa lipunan natin[92] kaysa sa pag-inom ng tubig. Kung tumingin lamang sila nang may mata ng pang-unawa sa panganib ng gawaing ito ayon sa Sharī'ah, hindi sana nila ginawa iyon. Nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Ang matusok sa ulo ang isa sa inyo ng isang karayom na bakal ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa sumaling siya ng isang babae na hindi ipinahihintulot[93] sa kanya."***[94]

Walang duda na ito ay kabilang sa pangangalunya ng kamay gaya ng sinabi niya (SAS): ***"Ang mga mata ay nangangalunya,***

---

91 o pagkakaroon ng masamang palagay.

92 Ang tinutukoy ng may-akda ay ang lipunang Arabe.

93 Hindi maybahay o hindi maẖram.

94 Isinalaysay ito ni aṯ-Ṯabrānī 20/212. Ito ay nasa Ṣaẖīẖ al-Jāmi' 4921.

***ang mga kamay ay nangangalunya, ang mga paa ay nanga-ngalunya at ang ari ay nangangalunya.***"[95] Mayroon pa kayang higit na malinis na puso kaysa kay Muhammad (SAS)? Ngunit sa kabila niyon ay nagsabi siya: "***Tunay na ako ay hindi naki-kipagkamay sa mga babae.***"[96] Nagsabi rin siya (SAS): "***Tunay na ako ay hindi sumasaling sa mga kamay ng mga babae.***"[97] Ayon kay 'Āishah (RA) na nagsabi: "Hindi, sumpa man kay Allah, hindi nakasaling ang kamay ng Sugo ni Allah (SAS) ng kamay ng isang babae [na hindi kaanu-ano] kailanman, ngunit tinatang-gap niya ang pagpapahayag nila ng katapatan sa pamamagitan ng salita."[98] Siya nga, kaya mangilag magkasala kay Allah ang ilang tao na nagbabanta ng diborsiyo sa mga matuwid na maybahay nila kapag hindi nakipagkamay ang mga ito sa mga lalaking kapa-tid nila.[99] Nararapat malaman na ang paglalagay ng tabing sa kamay at guwantes sa pakikipagkamay ay walang anumang mai-bubuti; ito ay bawal pa rin sa dalawang kalagayan.[100]

## Ang Pagpapabango ng Babae sa Paglabas ng Bahay at Pagdaan na May Halimuyak ng Pabango sa mga Lalaki

Ito ay kabilang sa lumaganap sa panahon natin sa kabila ng mahigpit na babala mula sa Propeta (SAS) sa sabi Niya: "***Alin-mang babae na nagpabango, pagkatapos ay nagdaan sa mga***

---

[95] Isinalaysay ito ni Imām Aḫmad 1/412. Ito ay nasa Ṣaḫīḫ al-Jāmi' 4126.

[96] Isinalaysay ito ni Imām Aḫmad 6/357. Ito ay nasa Ṣaḫīḫ al-Jāmi' 2509.

[97] Isinalaysay ito ni aṭ-Ṭabrānī sa al-Kabīr 24/342. Ito ay nasa Ṣaḫīḫ al-Jāmi 7054. Tingnan ang al-Iṣābah 4/354. Edisyong Dār al-Kitāb al-'Arābī.

[98] Isinalaysay ito ni Muslim 3/1489.

[99] Marahil ang ganitong mga pangyayari ay madalas sa bayan ng may-akda. Hindi pa nakarinig ang tagapagsalin ng ganitong pangyayari sa Pilipinas.

[100] May guwantes o walang guwantes.

***lalaki upang malanghap nila ang bango niya, siya ay nanga-ngalunya."***[101] Ang ilan sa mga babae ay mayroong kawalang-kamalayan o pagsasawalang-bahala na nagtutulak sa kanya na magbalewala sa bagay na ito sa tabi ng driver o salesman o guwardiya. Bagkus tunay na ang Sharī'ah ay naghigpit sa sinumang babaing gumamit ng pabango: na maligo siya ng gaya ng ghusl janābah kapag ninais niya na lumabas, kahit pa pupunta sa masjid. Sinabi niya (SAS): ***"Alinmang babae na nagpabango, pagkatapos ay lumabas papunta sa masjid upang malanghap ang bango niya, hindi tatanggapin mula sa kanya ang anumang ṣalāh hanggang sa makapaligo siya ng ghusl janābah."***[102] Kay Allah tayo makadaraing sa insenso at pabango sa mga kasalan at mga *party* ng mga babae bago sila lumabas, sa paggamit ng mga pabangong ito na may nanunuot na halimuyak habang nasa mga pamilihan, nasa mga sasakyan, sa mga pagtitipong may paghahalubilo ng mga lalaki at mga babae, at pati na sa mga masjid lalo na sa mga gabi ng Ramaḏān. Nasaad sa Sharī'ah na ang pabango ng mga babae ay ang nakalitaw ang kulay at nakakubli ang bango, Hinihiling natin kay Allah na huwag Niya tayong kasuklaman, na huwag Niyang parusahan ang mga matutuwid na lalaki at ang mga matuwid na babae dahil sa gawain ng mga lalaking hunghang at mga babaing hunghang at na patnubayan Niya ang lahat tungo sa tuwid na landasin Niya.

**Ang Paglalakbay ng Babae na Walang Kasamang Maḫram**

Nasasaad sa Ṣaḫīḫ al-Bukhāri at sa Ṣaḫīḫ Muslim ayon kay Ibnu 'Abbās (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

---

[101] Isinalaysay ito ni Imām Aḫmad 6/357. Tingnan ang Ṣaḫīḫ al-Jāmi' 105.

[102] Isinalaysay ito ni Imām Aḫmad 2/444. Tingnan ang Ṣaḫīḫ al-Jāmi' 2703.

***Hindi maglalakbay[103] ang babae malibang kasama ng ma<u>h</u>ram.*"** Ito ay sumasaklaw sa lahat ng paglalakbay, pati na ang paglalakbay para sa <u>h</u>ajj. Ang paglalakbay niya nang walang mahram ay ikatutukso ng mga suwail sa kanya, at maglalakas-loob silang lumapastangan sa kanya. Siya ay mahina kaya maaaring mapanaigan siya. Ang pinakamaliit sa mga maaaring mangyayari sa kanya ay mapinsala ang puri niya at dangal niya. Ganoon din ang pagsakay niya sa eroplano kahit pa may isang mahram na maghahatid sa kanya at isang mahram na sasalubong sa kanya, gaya ng sabi raw nila. Ngunit sino ang lulan sa tabi niya sa katabing upuan? Kung sakaling may mangyaring mga suliranin at lumapag ang eroplano sa ibang paliparan, o nagkaroon ng pagkaantala ng lipad o pag-iiba ng *schedule*, paano na ngayon? Ang mga kuwento ay marami. Karagdagan pa rito, itinatakda sa pagiging-ma<u>h</u>ram ang apat na kundisyon: na siya ay isang Muslim, na nasa hustong gulang,[104] na matino ang pag-iisip, at isang lalaki, gaya ng sinabi niya (SAS): ***"ama niya o lalaking anak niya o asawa niya o lalaking kapatid niya o [ibang] ma<u>h</u>ram niya."*** [105]

## Ang Sinasadyang Pagtingin sa Babaing Hindi Ma<u>h</u>ram

Nagsabi si Allah (24:30): **"Sabihin mo sa mga lalaking mananampalataya na magbaba sila ng mga paningin nila at pangalagaan nila ang mga puri nila. Iyan ay higit na dalisay**

---

[103] Ang paglalakbay na tinutukoy rito ay ang may layo mga 80 kilometro o higit pa, na maaari nang isagawa ang <u>s</u>alātul musāfir o <u>s</u>alāh ng manlalakbay.

[104] Magiging bāligh ang isang lalaki kapag naging ganap nang 15 gulang, o tinubuan na ng buhok sa maselang bahagi ng katawan, o kapag may punlay nang lumalabas sa *wet dream* o sa iba pang paraan.

[105] Isinalaysay ito ni Muslim 2/977.

**para sa kanila. Tunay na si Allah ay Nakababatid sa anumang pinaggagawa nila."** Nagsabi naman siya (SAS): *"ang pangangalunya ng mata ay ang pagtingin."* (Ibig sabihin: sa ipinagbawal ni Allah.)[106]

Taliwas doon ang anumang pagtingin dahil sa pangangailangang ipinahihintulot ng Sharī'ah gaya ng pagtingin ng lalaking nagbabalak magpakasal [sa babaing binabalak pakasalan] at ng pagtingin ng doktor [dahil sa layuning medikal]. Ipinagbabawal din sa isang babae na tumingin sa isang lalaking hindi niya mahram nang may pagkatukso. Nagsabi Siya (24:31): **"Sabihin mo sa mga babaing mananampalataya na magbaba sila ng mga paningin nila, pangalagaan nila ang mga puri nila,"** Ipinagbabawal din ang pagtingin nang may pagnanasa sa kapwa lalaki na walang balbas at may malababaing ganda. Ipinagbabawal na tumingin ang lalaki sa 'awrah ng kapwa lalaki, at ang babae sa 'awrah ng kapwa babae. Ang bawat bahagi ng katawan na hindi ipinahihintulot tingnan ay hindi ipinahihintulot na hipuin, kahit pa man mayroon nakapagitan. Kabilang sa paglalaro ng Demonyo sa ilan sa mga tao ay ang ginagawa nila na pagtingin sa mga larawan sa mga magasin at panonood ng mga malaswang pelikula sa katwiran na ang mga ito ay hindi tunay. Ang bahagi ng paninira at pagpukaw sa mga pagnanasa sa bagay na ito ay malinaw na malinaw.

## Ang Pagiging Dayūth[107]

Ayon kay Ibnu 'Umar (RA): *"May tatlong pinagkaitan ni Allah ng Paraiso: ang sugapa sa alak, ang suwail sa magulang*

---

[106] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h al-Bārī 11/26.

[107] Ang taong nagsasawalang-kibo o nagpapahintulot sa kahalayang ginagawa sa mahram niya o sa kahalayang ginagawa nito.

***at ang dayūth na sinasang-ayunan ang [paggawa ng] kalaswaan sa mag-anak."***[108] Kabilang sa mga halimbawa ng pagiging dayūth sa panahon natin ay ang pagwawalang-bahala sa anak na babae o babaing kasambahay na nakikipag-*phonepal* sa isang lalaking hindi niya mahram at pagsang-ayon sa pakikipagsarilinan ng isang babaing kasambahay kasama ng isang lalaking hindi mahram. Ganoon din ang pagpapabaya sa isa sa mga babaing kasambahay na sumakay nang mag-isa sa sasakyan kasama ng isang hindi mahram gaya ng driver at iba pa, at ang pagkalugod na lumabas sila nang walang hijāb habang pinagmamasdan sila ng dumarating at umaalis. Ganoon din ang pagpapasok sa bahay ng mga malaswang pelikula o mga magasin na nagpapalaganap ng katiwalian at kawalang-hiyaan.

## Ang Panghuhuwad sa Pag-uugnay ng Kaangkanan ng Bata sa Hindi Ama at ang Pagtanggi ng Lalaki sa Anak

Hindi ipinahihintulot sa Sharī'ah para sa isang Muslim na mag-ugnay ng kaangkanan sa hindi niya ama, o na ianib ang sarili niya sa isang angkan na hindi naman siya kabilang sa kanila. Ang ilan sa mga tao ay gumagawa nito dahil sa makamundong mga hangarin. Pinagtitibay nila ang huwad na kaangkanan sa mga opisyal na dokumento. Ang iba sa kanila ay maaaring gumagawa niyon dala ng pagkamuhi sa ama niya na nagpabaya sa kanya noong siya ay bata pa. Lahat ng iyon ay bawal. Nagbubunga iyon ng malaking mga katiwalian sa maraming larangan gaya ng pagkamahram, pag-aasawa, pagmamana at mga tulad niyon. Nabanggit nga sa tumpak na Hadīth ayon kay Sa'd at Abū Bakrah (RA): ***"Ang***

---

[108] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 2/69. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 3047.

***sinumang nag-angkin ng hindi naman ama niya gayong siya ay nakaalam [sa totoo], ang Paraiso sa kanya ay bawal."*** [109]

Ipinagbabawal sa Sharī'ah ang lahat ng "pangangalikot" sa mga kaangkanan at panghuhuwad sa mga ito. Mayroon sa mga tao na kapag sumambulat sa pakikipagbangayan niya sa maybahay niya ay nagpaparatang dito ng pangangalunya at itinatatwa niya ang anak niya nang walang patunay gayong ito ay anak talaga niya. Maaari ring pagtaksilan ng isang maybahay ang tiwala sa kanya: magdadalang-tao siya mula sa pangangalunya at ipapasok niya sa kaangkanan ng asawa niya ang isang hindi naman mula rito. Nasaad ang malaking banta laban doon sa isinalaysay ni Abū Hurayrah (RA), na siya ay nakarinig sa Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi noong ibinaba ang talata ng Qur'an (24:7) tungkol sa palitan ng sumpa sa pangangalunya: ***"Alinmang babaing nagpasok sa [kaangkanan ng] mga tao***[110] ***ng sinumang hindi kabilang sa kanila, wala siyang kaugnayan kay Allah sa anumang bagay at hindi siya papapasukin ni Allah sa Paraiso Niya. Alin mang lalaking nagkakaila sa anak niya habang siya ay nakatingin rito, magtatabing si Allah sa kanya***[111] ***at hihiyain siya Nito sa harap ng mga tao ng mga sinauna at mga nahuli."***[112]

## Ang Ribā

Hindi nagpahayag si Allah sa Aklat Niya ng pakikidigma sa isa man maliban sa mga nagtataguyod sa Ribā. Nagsabi si Allah

---

[109] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'ḥ al-Bārī 8/45.

[110] Nagdalang-tao sa hindi niya asawa at pagkatapos ay pinaaangkin niya sa asawa niya ang anak niya sa ibang lalaki sa pangangalunya.

[111] Hindi niya makikita si Allah sa araw ng Pagkabuhay.

[112] Isinalaysay ito ni Abū Dāwud 2/695. Tingnan ang Mishkāh al-Maṣābīḥ 3316.

(2:278-279): **"O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at iwan ninyo ang anumang natira sa Ribā kung kayo ay mga Mananampalataya. Ngunit kung hindi ninyo gagawin, tanggapin ninyo ang pahayag ng digmaan mula kay Allah at sa Sugo Niya."** Ito ay makasasapat na sa paglilinaw sa karumalan ng krimen na ito para kay Allah. Sa antas ng mga indibiduwal at mga bansa, ang nagmamasid ay nakakikita sa saklaw ng pagkasira at pagkawasak na iniiwan ng pagtangkilik sa Ribā gaya ng pagkabangkarota, pagtumal ng pamilihan, pag-urong ng ekonomiya, kawalang-kakayahang sa pagbabayad ng mga utang, pagkaparalisa ng ekonomiya, pagtaas ng antas ng kawalan ng trabaho, pagkalugmok ng marami sa mga mga korporasyon at mga kompanya.. Ang kinikita sa pang-araw-araw na paggawa at pawis ng trabaho ay nabubuhos sa kaban ng pagpabayad ng hindi matapus-tapos na patubo ng usurero. Nagdudulot ito ng malaking pagkakauri-uri sa lipunan dahil sa ang limpak-limpak na salapi ay natitipon sa mga kamay ng iilang tao.[113] Marahil ito ay isa sa mga halimbawa ng digmaan na ibinanta ni Allah sa mga nagtataguyod ng Ribā.

Lahat ng nakikilahok sa Ribā gaya ng mga pangunahing panig, mga tagapamagitan at mga tumutulong na katuwang ay mga isinumpa ayon sa sabi ni Propeta Muhammad (SAS). Ayon kay Jābir (RA) na nagsabi: ***"Isinumpa ng Sugo ni Allah (SAS) ang kumukuha ng patubo, ang nagpapakuha nito, ang nagsusulat nito, at ang mga sumasaksi rito;"*** at sinabi pa niya: ***"Sila ay magkatulad."***[114] Alinsunod dito, hindi ipinahihintulot na magtrabaho sa pagsusulat ng Ribā, ni sa pagtatala nito at pagtataya

---

[113] Hindi tutol ang Islam sa pagyaman, subalit hindi sa pamamagitan ng Ribā.
[114] Isinalaysay ito ni Muslim 3/1219

nito, ni sa pagtanggap nito at pag-aabot nito, ni sa pag-iimpok nito, ni sa pagbabantay nito. Sa kabuuan, ipinagbabawal ang pakikilahok dito at ang pagtulong dito sa anumang paraan.

Naging masigasig ang Propeta (SAS) sa paglilinaw sa kasagwaan ng malaking kasalanan na ito ayon sa nakasaad [sa Hadīth] ayon kay 'Abdullah ibnu Mas'ūd (RA): ***"Ang Ribā ay pitumpu't tatlong uri na ang pinakamagaan sa mga ito ay tulad ng pakikipagtalik ng lalaki sa ina niya. Ang pinakamatinding Ribā ay [gaya ng paglabag sa] dangal ng isang taong Muslim."***[115] at sa sabi pa niya (SAS) sa nasaad ayon kay 'Abdullah ibnu Handhalah (RA): ***"Ang isang Dirham ng Ribā na kinakain ng tao, gayong siya ay nakaaalam niyon, ay higit na matindi kaysa sa tatlumpu't anim na pangangalunya."***[116].

Ang pagbabawal sa Ribā ay pangkalahatan: hindi nagtangi sa pagitan ng mayaman o maralita, gaya ng inaakala ng ilan sa mga tao, bagkus ito ay pangkalahatan sa bawat kalagayan at tao. Kay rami nang mga mayaman at mga malalaking negosyante na nabangkarota dahil dito. Ang reyalidad ay sumasaksi roon. Ang pinakamaliit na maidudulot nito ay ang pagpawi sa biyaya ng salapi, kahit pa man marami sa bilang. Nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Ang Ribā, kahit dumami pa, tunay na ang kahihinatnan nito ay hahantong sa pangangaunti."***[117] Ang Ribā ay hindi rin natatangi sa kung ang interes nito ay mataas o mababa, kaunti o marami. Lahat ng ito ay bawal. Ang nagtataguyod nito ay bubuhayin sa puntod niya sa araw ng pagkabuhay at babangon na gaya ng isang

---

[115] Isinalaysay ito ni al-Hākim sa al-Mustadrak 2/37. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 3533.

[116] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 5/225. Tingnan ang Sahīh al-Jāmi' 3375.

[117] Isinalaysay ito ni al-Hākim 2/37. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 3542.

bumabangon na ibinubuwal ng Demonyo dahil sa pagkabaliw at epilepsi.

Sa kabila ng kahalayan ng krimen na ito, gayon pa man si Allah ay nagpabatid din naman ng kapatawaran dito at nilinaw Niya ang pamamaraan niyon, yamang nagsabi Siya sa mga tagatang-kilik ng Ribā (2:279): **"Kung magsisisi kayo ay ukol sa inyo ang mga puhunan ninyo. Hindi kayo gagawa ng paglabag sa katarungan at hindi kayo gagawan ng paglabag sa kataru-ngan."** Ito mismo ang katarungan.

Kinakailangang kasuklaman ng kaluluwa ng mananampalataya ang malaking kasalanan na ito na madama niya ang kasagwaan nito. Pati na ang mga naglalagay ng mga salapi nila sa mga bangko na pang-Ribā dahil sa pangangailangan at pangamba para rito na baka mawala o manakaw, nararapat sa kanila na madama nila ang nadarama ng isang napipilitan, gaya ng napipilitang kumain ng patay na hayop (hindi kinatay) o higit na matindi pa. Kalakip dito ang paghingi ng tawad kay Allah at ang pagsisikap na maka-tagpo ng maipapalit sa abot ng makakaya. Hindi ipinahihintulot sa kanila na humiling sa mga bangko ng patubo. Kapag nagbigay sa kanila ng interes sa mga *account* nila ay ipamimigay nila ito sa anumang paraang pinapayagan, bilang pagwawaksi hindi bilang kawanggawa sapagkat si Allah ay mabuti at hindi Siya tumatang-gap kung hindi mabuti. Hindi ipinahihintulot sa kanila na pakina-bangan ito sa anumang uri ng pakikinabang. Hindi ito ipambibili ng pagkain, ni kasuutan, ni sasakyan, ni tirahan. Hindi maaaring pangsustento na kinakailangang ibigay sa maybahay o mga anak o ama o ina. Hindi maaaring ibigay bilang zakāh, ni pambayad sa mga buwis. Hindi niya ipambabayad ito laban sa kawalang-katarungan dinaranas ng sarili niya. Ipamimigay niya ito bilang pangamba lamang sa parusa ni Allah.

## Ang Paglilihim ng mga Kapintasan ng Paninda at ang Pagkukubli Nito sa Sandali ng Pagtitinda

Napadaan ang Sugo ni Allah sa isang tumpok ng pagkain.[118] Ipinasok niya roon ang kamay niya at nakasalat ang mga daliri niya ng pamamasa, kaya nagsabi siya: ***"Ano ito, may-ari ng pagkain?"*** Nagsabi ito: "Nabasa po ng ulan, Sugo ni Allah." Nagsabi siya: ***"Bakit hindi mo inilagay ito sa ibabaw ng pagkain upang makita ng mga tao? Ang sinumang nandaraya ay hindi kabilang sa atin."***[119]

Marami sa mga tindero sa ngayon na hindi nangangamba kay Allah ay nagtatangkang itago ang kapintasan ng paninda sa pamamagitan ng paglalagay ng *tape*, o paglalagay nito sa pinakailalim ng kahon ng paninda, o paggamit ng mga kemikal at mga tulad nito na nagbibigay ng magandang anyo, o naglilingid ng tunog ng kasiraan na nasa makina [ng *second hand* na sasakyan] sa unang pagkakataon kaya kapag binili ng mamimili ang paninda hindi maglalaon at masisira sa madaling panahon. Ang iba sa kanila ay nagpapalit ng petsa ng *expiration* ng paninda, o pumipigil sa mamimili sa pagsuri sa paninda o pagsiyasat dito o pagsubok nito.[120] Marami sa mga nagtitinda ng mga sasakyan at mga kagamitan ay hindi naglilinaw sa mga kapintasan ng mga ito. Ito ay bawal. Nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Ang Muslim ay kapatid ng isang Muslim. Hindi ipinahihintulot sa isang Muslim na magtinda sa kapatid niya ng isang paninda na may kapintasan malibing nilinaw niya ito roon."***[121] Ang ilan sa kanila ay nag-

---

[118] Marahil trigo.

[119] Isinalaysay ito ni Muslim 1/99.

[120] Kung maaari namang subukin.

[121] Isinalaysay ito ni Ibnu Mājah 2/754. Ito ay nasa Saḥīḥ al-Jāmi' 6705.

aakala na siya ay nag-aalis ng pananagutan niya kapag sinabi niya sa mamimili sa isang *open bidding*, halimbawa: "Bili na kayo ng isang bunton ng bakal, isang bunton ng bakal."[122] Ang ganitong pagtitinda niya ay naalisan ng pagpapala gaya nga ng sinabi niya (SAS): ***"Ang mga nagbibilihan ay makapipili hanggang sa maghiwalay. Kaya kung nagtapatan sila at naglinawan sila, pagpapalain sila sa pagbibilihan nila; kung nagsinungaling sila at naglihim, papawiin ang pagpapala ng pagbibilihan nila."***[123]

## Ang Pakunwaring Pagpapataas ng Halaga

Ito ay ang pagdadagdag ng isang tao sa halaga ng paninda, gayong hindi niya naman ninanais na bilhin ito upang linlangin ang iba at maudyukan ito na magdagdag din sa presyo. Nagsabi ang Sugo (SAS): ***"Huwag kayong pakunwaring magpataasan ng halaga."***[124] Ito ay isang uri ng panlilinlang, walang duda. Nagsabi ang Sugo (SAS): ***"Ang pagpapakana at ang panlilin-lang ay [ikapapasok] sa Impiyerno."***[125] Marami sa mga *middleman* sa mga subastahan, mga *public bidding* at mga tindahan ng *second-hand* na kotse ay kumikita sa paraang masama dahil sa maraming ipinagbabawal na ginagawa nila. Kabilang sa mga ito ang sab-watan nila sa pagtitinda na may pakunwaring pagpapataas ng

---

[122] Ang talagang ipinagbibili niya ay isang lumang kotse. Ito ay para nga naman kapag hindi umandar ang naturang kotse o palaging nasisira ay hindi siya masisisi sa pagtitinda ng siraing kotse dahil ang sinabi naman niya noong ipinagbibili ito ay "isang bunton ng bakal" at hindi isang "siraing kotse."

[123] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 4/328.

[124] Ang orihinal na salitang ginamit dito ay tanājashū, na ang literal na kahulugan ay: binili ng iba sa kanila ang paninda matapos bilhin ng iba pa kalakip ng nagkakasunud-sunod na pagdagdag sa halaga sa tuwing bibili. Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h al-Bārī 10/484.

[125] Tingnan ang Silsilah al-Ahādīth as-Sahīhah 1057.

halaga, ang pandaraya at ang panlilinlang sa mamimili o duma-rating na magbebenta. Nagsasabwatan sila sa pagpapababa sa halaga ng paninda nito. Samantala, kung sakaling ang paninda ay sa kanila o sa isa sa kanila, ginagawa ang kabaliktaran niyon. Nakikihalo sila sa mga mamimili[126] at tinataasan nila ang mga halaga sa *public bidding*. Nililinlang nila at pinipinsala ang mga lingkod ni Allah.

## Ang Pagtitinda Matapos ang Ikalawang Adhān ng Jumu'ah

Nagsabi si Allah (62:9): **"O mga sumampalataya, kapag nanawagan para sa pagdarasal sa araw ng Biyernes ay mag-dalidali kayo sa pag-alaala kay Allah at iwan ninyo ang pag-titinda. Iyon ay higit na mabuti para sa inyo, kung kayo ay nakaaalam."** Ang ilan sa mga tindero ay nagpapatuloy sa pagti-tinda matapos ang ikalawang adhān sa mga *shop* nila o sa harap ng mga masjid. Nakikilahok sa kanila sa kasalanan ang mga bumibili sa kanila kahit pa siwāk lamang. Ang pagtitindang ito ay walang-kabuluhan ayon sa pinakamatimbang na pahayag. Ang ilan sa mga may-ari ng mga restawran, mga panaderya at mga pagawaan ay namimilit sa mga manggagawa nila na magtrabaho sa oras ng salāh sa Jumu'ah. Ang mga taong ito, kahit pa man mukhang nadadag-dagan ang tubo nila, sa katotohanan ay nadadagdagan lamang ng pagkalugi. Tungkol naman sa manggagawa, siya ay kailangang kumilos ayon sa hinihiling ng sinabi niya (SAS): ***"Walang pag-talima sa isang tao kapalit ng pagsuway kay Allah."***[127]

---

[126] Upang makapagpanggap na sila ay mga mamimili rin.

[127] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 1/129. Sinabi ni Ahmad Shākir na ang isnad nito ay tumpak. bilang 1095. [Ang pinagmulan ng Hādīth ay nasa Sahīh al-Bukhārī at Sahīh Muslim.(z)]

## Ang Pagsusugal at ang Pagpusta

Nagsabi si Allah (5:90): **"O mga sumampalataya, ang alak, ang pagpusta, ang mga dambana, at ang *pagsasapalaran sa pamamagitan* mga tagdan ng palaso ay kasalaulaan lamang na kabilang sa gawain ng Demonyo. Kaya iwaksi ninyo ito, nang harinawa kayo ay magtagumpay."**

Ang mga Arabe noong panahon ng Jāhilīyah ay nakikilahok sa pustahan. Kabilang sa pinakatanyag sa mga anyo nito sa kanila ay ganito: nag-aambag nang pantay-pantay ang sampung tao sa pagbili ng isang kamelyo, pagkatapos ay naghahagis sila ng mga palaso, na isang uri ng palabunutan. Ang pitong tao ay tatanggap ng magkakaibang parte ng kamelyo na itinakda ayon sa nakaugalian nila samantalang ang tatlo ay walang makukuhang anuman.

Sa panahon natin, ang pagpusta ay may iba't ibang anyo na ang ilan ay ang sumusunod:

Ang kilala sa tawag na *lottery.* Mayroon itong maraming anyo at kabilang sa pinakasimple sa mga ito ay ang pagbili ng *raffle number* na bobolahin. Ang unang nagwagi ay bibigyan ng premyo at ang ikalawang nagwagi at gayon din sa ilang premyo na maaaring nagkakaiba. Ito ay bawal kahit pa man tinatawag nila ito na pangkawanggawa raw.

Ang pagbili ng isang paninda na sa loob nito ay may sorpresang premyo, o ang pagbibigay ng numero sa pagbili ng isang paninda, na bobolahin upang itakda ang mga magwawagi ng mga papremyo.[128]

---

[128] Ang gawain ay hinuhusgahan ayon sa layunin. Kung ang layunin ng pagbili ng isang paninda ay para sa premyo, ito ay isang uri ng sugal.

Kabilang din sa mga anyo ng pagpusta sa panahon natin ay ang mga kontrata ng pagseseguronng komersiyal:[129] seguro sa buhay (*life insurance*), seguro sa sasakyan (*vehicle insurance*), seguro sa paninda (*commercial property insurance*), seguro laban sa sunog (*insurance against fire*), komprehensibong seguro (*comprehensive insurance*), seguro sa kapinsalaan sa iba (*third party insurance*), at iba pang sarisaring anyo, na pati ang ilan sa mga mang-aawit ay nagpaseguro pa ng mga boses nila.[130]

Ito at ang lahat ng uri ng pakikipagsugal ay napaloloob sa pagpusta. Nagkaroon na sa panahon natin ngayon ng mga club na laan sa pagsusugal na sa loob nito ay mayroong kilala sa tawag na *green table* na laan sa pagkamal ng malaking pagkakasala na ito. Ganoon din ang nangyayari sa mga pustahan sa mga sagupaan ng *football* at anumang nakawawangis nito.[131] Ito rin ay isa sa mga uri ng sugal. Matatagpuan din sa ilan sa mga *sport magazine* at mga *recreation center* ang mga uri ng mga laro na naglalaman ng ideya ng pagpusta gaya ng tinatawag nila na *flippers*.[132]

Ang mga patimpalak at ang mga paligsahan ay tatlong uri:

---

[129] Commercial Insurance Contracts o Policies. Marahil ang tinutukoy ng may-akda ng salitang *komersiyal* ay ang serbisyong inaalok ng mga private insurance company na taliwas sa government backed security sytems na gaya ng Social Security System at Government Social Insurance System, na sa ayaw at sa gusto ng isang empleyado ay kailangang magkaroon siya.

[130] Hinggil sa kahatulan sa Pagseseguro at sa Pamalit na Islamiko rito, sumangguni sa mga isyu bilang 17, 19 at 20 ng Majallah al-Buhūth al-Islāmīyah (Islamic Research Magazine) na inilalathala ng a-Ri'āsah al-'Āmmah li Idārah al-Buhūth al-'Ilmīyah (Ang Pangkalahatang Panguluhan Para sa Pangangasiwa sa mga Pananaliksik Iskolastiko).

[131] Basketball sa Pilipinas.

[132] Marahil ang tinutukoy ng may-akda ay ang mga *slot machine*.

1. Ang anumang may layunin na legal sa Sharī'ah. Ito ay ipinahihintulot na may gantimpala o walang gantimpala, gaya ng karera ng kamelyo o kabayo,[133] *archery*, *target shooting* at iba pa. Kabilang din dito ang patimpalak sa kaalamang pang-Islam gaya ng pagsasaulo ng Qur'an, ayon sa matimbang na pahayag.
2. Ang anumang ipinahihintulot naman talaga gaya ng mga sagupaan ng *football* at mga paligsahan sa pagtakbo, na dalisay sa mga ipinagbabawal gaya ng pagpapabaya sa mga ṣalāh at pag-aalis ng takip sa mga 'awrah. Ang mga ito ay ipinahihintulot nang walang pustahan.
3. Ang anumang ipinagbabawal talaga o humahantong sa bawal gaya ng mga paligsahan sa katiwalian na tinatawag na mga *beauty pageant*, o mga sagupaan ng *boxing* na may kasamang pagsuntok sa mukha – ito ay bawal – o ang idinadaos na suwagan ng mga kambing o sabong[134] at mga tulad nito.[135]

## Ang Pagnanakaw

Nagsabi si Allah (5:38): **"Ang lalaking magnanakaw at ang babaing magnanakaw ay putulin ninyo ang mga kamay nila bilang ganti sa nagawa nila, bilang isang kaparusahang nagsisilbing aral mula kay Allah. Si Allah ay Makapangyarihan,**

---

[133] Sa Pilipinas, walang karera ng kabayo na hindi sangkot ang sugal.

[134] Kasama na rito ang suwagan ng kalabaw sa Pilipinas, bullfighting sa mga bansang nagsasalita ng Espanyol at anumang laro na pinag-aaway o pinagtutungali ang mga hayop.

[135] Ito ang buod ng pakikipagtalakayan na isinagawa kasama ni Shaykh 'Abdulmuhsin az-Zāmil, pangalagaan siya ni Allah, sa isang paksa. Harinawa siya ay magsulat tungkol dito ng isang hiwalay na pananaliksik.

**Marunong."** Kabilang sa pinakamabigat sa mga krimen ng pagnanakaw ay ang pagnanakaw sa mga nagsasagawa ng hajj at mga nagsasagawa ng 'umrah sa Bahay ni Allah. Ang ganitong uri ng mga mandarambong ay hindi nagsasaalang-alang sa mga takdang parusa ni Allah doon sa pinakamainam na pook sa mundo at sa palibot ng Bahay ni Allah. Nagsabi nga ang Propeta (SAS) sa sanaysay hinggil sa ṣalāh sa eklipse: ***"Talaga ngang dinala ang Impiyernong Apoy [sa harap ko] at iyon ay nang nakita ninyo ako na umurong sa pangamba na matamaan ako ng paso nito, at hanggang sa nakita ko roon ang isang may-ari ng malasungkit na tungkod, na humihila sa mga bituka niya sa Apoy. Siya noon ay nagnanakaw sa nagsasagawa ng hajj sa pamamagitan ng malasungkit na tungkod niya. Kung namalayan siya, sinasasabi siya: Sumabit lamang ito sa malasungkit na tungkod ko; kung nalingat sa kanya, umaalis siya dala ito."***[136]

Kabilang din sa pinakambigat sa mga pagnanakaw ay ang pagnanakaw mula sa mga pampublikong ari-arian (*public properties*). Ang ilan sa mga gumagawa nito ay nagsasabi: "Nagnanakaw kami gaya ng pagnanakaw ng iba." Hindi nila nalaman na iyon ay pagnanakaw mula sa lahat ng Muslim[137] sapagkat ang mga pampublikong ari-arian ay pag-aari ng lahat ng taong-bayan. Ang gawain ng mga hindi nangangamba kay Allah ay hindi katwiran na magbibigay-matuwid sa paggaya sa kanila. Ang ilan sa mga tao ay nagnanakaw sa mga ari-arian ng mga kāfir dahil sa katwiran na ang mga iyon ay mga Kāfir. Ito ay hindi tama sapagkat ang mga Kāfir na ipinahihintulot na samsamin ang mga ari-arian nila ay ang mga nikikipagdigma laban sa mga Muslim. Hindi lahat

---

[136] Isinalaysay ito ni Muslim, bilang 904.

[137] O taong-bayan, sa mga bayang minoriya ang mga Muslim.

ng kompanya ng mga Kāfir at mga indibiduwal nila ay napaloloob doon.

Kabilang din sa mga pamamaraan ng pagnanakaw ay ang pandurukot sa mga bulsa ng mga ibang tao. Ang iba sa mga tao ay pumapasok sa mga bahay ng mga ibang tao bilang bisita at saka nagnanakaw roon. Ang ilan pa nga sa kanila ay nagnanakaw sa mga bag ng mga panauhin nila. Ang iba naman sa kanila ay pumapasok sa mga tindahan at nangungupit ng mga paninda na itinatago nila sa mga bulsa nila o sa loob ng damit nila, o gaya ng ginagawa ng ilan sa mga babae na nagtatago ng mga kinupit sa ilalim ng mga damit nila. Ang ilan sa mga tao ay nagmamaliit sa pagnanakaw ng mga bagay na kakaunti o mumurahin samantalang nagsabi na ang Sugo (SAS): ***"Isinumpa ni Allah ang magnanakaw na nagnanakaw ng itlog kaya ipapuputol ang kamay niya at nagnanakaw ng tali kaya ipapuputol ang kamay niya."***[138]

Kinakailangang sa bawat isa na nagnakaw ng anumang bagay na isauli niya ito sa may-ari nito matapos magsisi kay Allah. Magkatulad kung isinauli niya ito nang hayagan o palihim, o personal o sa pamamagitan ng isang tagapamagitan. Ngunit kung hindi niya nagawang makarating sa may-ari ng ari-arian o sa mga tagapagmana nito kapag wala na ito, sa kabila ng pagpupunyagi na hanapin iyon, ikakawanggawa niya ito at maglalayon na ang gantimpala nito ay para sa pinagnakawan.

---

[138] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h al-Bārī 12/81.

## Ang Pagkuha at ang Pagbibigay ng Suhol[139]

Ang pagbibigay ng suhol sa hukom o namamahala sa mga tao para pawalang-saysay ang isang karapatan o pangyarihin ang isang ipinagbabawal ay isang krimen dahil ito ay humahantong sa kawalang-katarungan sa paghahatol, paniniil sa isang may karapatan at paglaganap ng katiwalian. Nagsabi si Allah (2:188): **"Huwag gamitin ng ilan sa inyo ang mga ari-arian ng iba sa inyo sa isa't isa sa inyo sa paraang bawal, o iabot ang mga ito *bilang suhol* sa mga namamahala[140] upang magamit ninyo ang isang bahagi ng mga ari-arian ng mga tao sa kasalanan samantalang kayo ay nakaaalam."** Ayon kay Abū Hurayrah (RA): ***"Isinumpa ni Allah ang nanunuhol at ang nagpapasuhol kaugnay sa kahatulan."***[141] Samantala, ang anumang nangyari alang-alang sa pagtamo ng karapatan o pagpigil ng kawalang-katarungan, na hindi maisasakatuparan maliban sa pamamagitan ng panunuhol, ay hindi napaloloob sa nabanggit na banta.

Lumaganap na ang panunuhol sa panahon natin nang malawakang paglaganap hanggang sa naging isang pinagkakakitaan na higit na malaki kaysa mga suweldo ng ilan sa mga kawani. Bagkus ay naging isang bahagi ng badyet (*budgetary item*) ng marami sa mga kompanya sa ilalim ng alanganing mga katawagan.[142]

---

[139] Ang tinutukoy rito ay ang tinatawag na *bribe* sa Ingles o ***lagay*** sa palasak na tawag sa Tagalog, at hindi ang lehitimong upa sa isang lehitimong paglilingkod.

[140] *O* humahatol

[141] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 2/387. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 5069.

[142] Naglalaan ang maraming kompanya ng isang hiwalay na entry sa budget nila. Inilalaan nila ito para sa pagbibigay ng suhol o lagay sa mga opisyal ng pamahalaan. Hindi ito isinusulat sa ledger nila bilang suhol o lagay o *bribe*. Tinatawag nila ito sa pamamagitan ng mga mapanlinlang na pangalan. Halimbawa ay maaari nila itong taguriang *scholarship grant* o *honorarium* o *social welfare grant* o at iba pang mga kasinungalingan.

Marami sa mga transaksyon ay hindi nasisimulan at hindi natatapos kung wala nito. Lubhang napipinsala dahil doon ang mga maralita. Nasira ang marami sa mga pananagutan[143] dahil dito. Ito ay naging isang dahilan sa pag-uudyok sa mga nagtatrabaho sa katiwalian laban sa mga pinagtatrabahuhan. Ang mahusay na serbisyo ay hindi ipinagkakaloob maliban sa isang naglalagay. Ang hindi naglalagay, ang serbisyo sa kanya ay masama o inaantala o binabalewala. Ang mga may mga panuhol, na dumating nang huli, ay nakatapos nang una pa sa kanya. Dahil sa suhol, pumasok ang mga salapi na ukol sana sa may-ari sa mga bulsa ng mga ahente ng mga paninda at mga bilihin. Dahil dito at sa iba pa, hindi kataka-taka na dumadalangin ang Propeta (SAS) laban sa mga nakikilahok sa krimen na ito at mga kasangkot dito na nawa ay pagkaitan sila ni Allah ng awa Niya. Ayon kay 'Abdullāh ibnu 'Amr (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sumpa ni Allah ay ukol sa nanunuhol at nagpapasuhol.***"[144]

## Ang Pangangamkam ng Lupain

Kapag nawala ang takot kay Allah, ang lakas at ang kapangyarihan ay magiging isang malalang kapinsalaan sa isang nagtataglay nito na gumagamit nito sa paglabag sa katarungan gaya ng pagkuha at pangangagaw ng mga ari-arian ng ibang mga tao. Kabilang doon ang pangangamkam sa mga lupain ng iba. Ang kaparusahan doon ay lubhang matindi, dahil ayon kay 'Abdullāh ibnu 'Umar: ***"Ang sinumang kumuha ng anuman mula sa lupain [ng iba] nang wala siyang karapatan, lalamunin siya***

---

[143] O budhi.

[144] Isinalaysay ito ni Ibnu Mājah 2313. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 5114.

***roon sa araw ng pagkabuhay sa [ilalim ng] pitong Lupa."***[145] Ayon kay Ya'lā ibnu Murrah (RA): ***"Alinmang tao na nangamkam ng kahit isang dangkal na lupain, aatasan ito ni Allah na hukayin iyon hanggang sa umabot sa hulihan ng pitong Lupa, pagkatapos ay ikukulyar Niya rito sa araw ng pagkabuhay hanggang sa husgahan ito sa harap ng mga tao."***[146]

Napaloloob doon ang pagpapalit ng mga mohon ng mga lupain at mga hangganan nito upang lumawak ang lupain niya sa pamamagitan ng pagkuha ng nasa katabi niya. Ito ang tinutukoy sa sabi niya (SAS): ***"Isinumpa ni Allah ang sinumang nagpalit sa mga palatandaan***[147] ***ng lupain."***[148]

## Ang Pagtanggap ng Regalo Kapalit ng Pamamagitan

Ang impluwensiya at ang mataas na kalagayan sa mga tao ay ilan sa mga biyaya ni Allah sa isang tao kapag tumanaw siya ng utang na loob para sa mga ito. Bahagi ng pagtanaw ng utang na loob dahil sa biyayang ito ay na gagamitin ito ng nagtataglay nito para sa kapakinabangan ng mga kapwa Muslim. Ito ay napaloloob sa kalahatan ng sinabi ng Propeta (SAS): ***"Ang sinumang makakakaya mula sa inyo na makapagdulot ng kapakinabangan sa kapatid niya ay gawin niya [iyon]."***[149] Ang sinumang makapagdulot ng kapakinabangan sa kapatid niyang Muslim sa pagtaboy sa kawalang-katarungan sa kanya o pagkamit ng mabuti para sa kanya, nang hindi nakagagawa ng bawal o paglabag sa

---

[145] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 5/103.

[146] Isinalaysay ito ni aṭ-Ṭabrānī sa al-Kabīr 22/270. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 2719.

[147] Mga mohon na nagtatakda sa legal na hangganan ng lupa.

[148] Isinalaysay ito ni Muslim sa Sharh an-Nawawī 13/141.

[149] Isinalaysay ito ni Muslim 4/1726.

karapatan ng isa man, siya ay gantimpalaan buhat kay Allah kapag naging wagas ang hangarin niya, gaya ng ipinabatid hinggil doon ng Propeta (SAS) sa sinabi niya: ***"Mamagitan kayo, gagantimpalaan kayo."***[150]

Hindi ipinahihintulot na tumanggap ng kapalit sa pamamagitan at pagtataguyod na ito. Ang patunay ay ayon kay Abū Umāmah (RA): ***"Ang sinumang mamagitan para sa isa ng isang pamamagitan at nagbigay sa kanya ng isang regalo [dahil doon] na tinanggap naman niya ay nakagawa nga siya ng isang malaking uri mula sa mga uri ng ribā."***[151]

May mga tao na nag-aalok na magkaloob ng impluwensiya nila at pagtataguyod nila kapalit ng isang halaga ng salapi, na magsisilbing kundisyon para sa pagtatalaga ng isang tao sa isang trabaho, o sa paglilipat sa ibang tao mula sa isang tanggapan o mula sa isang rehiyon doon sa iba pa, sa pagpapagamot ng isang sakit, at mga tulad niyon. Ang matimbang na pahayag ay na ang kapalit na ito ay ipinagbabawal batay sa isang Hadīth ayon kay Abū Umāmah na nauna nang nabanggit kanina. Bagkus ang hayag na kahulugan ng Hadīth ay sumasaklaw sa pagtanggap [ng kapalit] kahit wala pang naunang kundisyon.[152] Sapat na para sa gumagawa ng kabutihan ang kabayaran mula kay Allah na matatagpuan niya sa araw ng pagkabuhay. May isang lalaki na nagpunta kay al-Hasan ibnu Sahl, na humihiling ng pamamagitan sa kanya

---

[150] Isinalaysay ito ni Abū Dāwud 5132. Ang Hadīth na ito ay nasa Sahīh al-Bukhāri at Sahīh Muslim, sa Fat'h al-Bārī 10/450, Kitāb al-Adab, Bāb Ta'āwun al-Mu'minīn Ba'dihim Ba'da.

[151] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 5/261. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 6292.

[152] Isa sa mga mensahe ni Shaykh 'Abdul'azīz ibnu Bāz, kaawaan siya ni Allah, sa isang pag-uusap.

sa isang pangangailangan, na tinugon naman niya; kaya nilapitan siya ng lalaki na nagpapasalamat sa kanya. At nagsabi naman dito si al-Ḫasan ibnu Sahl: "Ano ang ipinasasalamat mo sa amin yamang kami ay naniniwala na ang impluwensiya ay may kaukulang kawaggawa kung paanong ang yaman ay may kaukulang kawanggawa?"[153]

Isa na magandang tukuyin dito ay ang pagkakaiba sa pagitan ng pag-upa sa isang tao para gampanan ang isang transaksiyon, asikasuhin ito at subaybayan ito kapalit ng isang upa – ito ay magiging isang uri ng pag-upa na ipinahihintulot kalakip ang mga kundisyong alinsunod sa Sharī'ah – at ng pagkakaloob ng impluwensiya at pamamagitan para mamagitan kapalit ng salapi – ito ay kabilang sa ipinagbabawal.

## Ang Paghiling ng Lubos na Trabaho sa Inuupahan at ang Hindi Lubos na Pagbibigay ng Upa

Talagang naghikayat nga ang Propeta (SAS) sa mabilis na pagbibigay sa inuupahan ng sahod nito, yamang sinabi niya: ***"Ibigay ninyo sa inuupahan ang upa nito bago matuyo ang pawis nito."***[154]

Kabilang sa mga uri ng paglabag sa katarungan na nangyayari sa mga lipunan ng mga Muslim ay ang hindi pagbibigay sa mga manggagawa, mga inuupahan at mga empleyado ng mga karapatan nila. Ito ay may ilang anyo na gaya ng sumusunod:

A. Na pinagkakaitan ang inuupahan ng kabuuang karapatan niya ngunit wala siyang patunay. Ang taong ito, kung nawala man

---

[153] al-Ādāb ash-Shar'īyah ni Ibnu Mufliḫ 2/176.

[154] Isinalaysay ito ni Mājah 2/817. Ito ay nasa Saḫīḫ al-Jāmi' 1493. [Ang Ḫadīth na ito ay may kahinaan at minamagaling na banggitin sa paraang nililinaw ang kahinaan. (z)]

ang karapatan niya sa mundo, ito ay hindi naman mawawala sa harap ni Allah sa araw ng pagkabuhay. Tunay na ang nang-api ay darating doon noong nalamon na niya ang salapi ng naapi, pagkatapos ay ililipat sa naapi ang ilan sa mabuting nagawa ng nang-api. Kung masasaid ang mabuting nagawa ng nang-api, kukuha mula sa masamang nagawa ng naapi at ipapasa sa nang-api. Pagkatapos ay itatapon ang nang-api sa Apoy.

B. Na binabawasan siya sa nauukol sa kanya at hindi ibinibigay ito sa kanya nang buo at kinukulangan siya nang wala sa katwiran, gayong nagsabi na si Allah (83:1): **"Kasawian sa mga nang-uumit sa pagsukat"**. Kabilang sa mga halimbawa nito ay ang ginagawa ng ilan sa mga employer kapag nakakalap ng mga dayuhang manggagawa mula sa bayan nila matapos na nakipagkasunduan na sa kanila sa isang kasunduang nagsasaad ng isang takdang suweldo. Kapag natali sila sa kanya at nasimulan nila ang trabaho, pagtutuunan niya ang mga napagkasunduan sa trabaho at papalitan niya ito ng mga suweldo na higit na mababa. Mananatili sila nang may pagkasuklam. Maaaring hindi nila makayang patunayan ang karapatan nila kaya idadaing nila ang kalagayan nila kay Allah. Kung ang employer na nang-aapi ay isang Muslim at ang manggagawa ay isang Kāfir, ang pagbabawas na iyon ay kabilang sa balakid sa landas ng Islam at papasanin nito ang kasalanan niyon.

C. Na dinadagdagan siya ng employer ng mga karagdagang trabaho o pinahahaba ang yugto ng trabaho ngunit binibigyan lamang siya ng *basic pay* at pinagkakaitan siya ng kabayaran sa karagdagang trabaho.

D. Na pinatatagal ng employer ang suweldo at hindi ito ibinibigay sa kanya kung hindi pagkatapos ng isang matinding pagpupunyagi, isang paghahabol, mga reklamo at mga pagdulog sa hukuman. Maaaring ang motibo ng employer sa pag-aantala sa pagpapasuweldo ay ang pagsawain ang manggagawa hanggang sa talikdan nito ang karapatan nito at tumigil na sa paghiling niyon, o nilalayon niya na pakinabangan muna ang mga pera ng mga manggagawa sa pamamagitan ng paggamit nito. Ang iba sa kanila ay nagpapautang nang patubuan mula sa mga ito samantalang ang abang manggagawa ay hindi na makasumpong ng makain sa pang-araw-araw niya at hindi na makapagpadala ng sustento sa maybahay niya at mga anak niya na mga nangangailangan, na alang-alang sa kanila ay nangibang-bayan siya. Kaya kasawian sa mga nang-aaping employer na ito sa isang pagdurusa sa isang masakit na araw. Isinalaysay ni Abū Hurayrah (RA) ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Nagsabi si Allah – pagkataas-taas Niya: May tatlong tao na Ako ay katunggali nila sa araw ng pagkabuhay: isang tao na nagbigay [ng salita] na sumusumpa sa Akin pagkatapos ay sumira, isang tao na nagbili ng isang malayang tao [upang alipinin] at nakinabang sa halaga niyon, at isang tao na umupa ng isang upahan at humiling ng lubusan [na paggawa] mula rito ngunit hindi niya ibinigay rito ang upa nito."***[155]

## Ang Kawalang Katarungan sa Pagbibigay sa mga Anak

Sinasadya ng ilan sa mga tao ang pagtatangi sa ilan sa mga anak nila sa mga regalo at mga bigay nang higit sa iba pang mga

---

[155] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h al-Bārī 4/447.

anak. Ayon sa matimbang na pahayag, ito ay isang gawaing ipinagbabawal kapag wala itong dahilang tanggap sa Sharī'ah, gaya ng paglitaw ng isang pangangailangan sa isa sa mga anak na hindi naman lumitaw sa iba pang mga anak, gaya ng pagpapagamot sa karamdaman, o pagbabayad ng utang nito, o paggantimpala rito sa pagkasaulo nito sa Qur'an, halimbawa, o pagtulong dahil hindi pa siya nakakikita ng trabaho, o may malaki siyang pamilya, o isang *full time* na estudyante, at iba pang mga tulad nito.[156] Kailangan sa magulang na maglayon – kapag nagbigay sa isa sa mga anak niya dahil sa isang kadahilanang tanggap sa Sharī'ah – na kung sakaling lumitaw sa ibang anak ang tulad sa pangangailangan ng anak na binigyan niya ay bibigyan niya rin iyon gaya ng pagbibigay niya sa una. Ang pangkalahatang patunay ay ang sabi Niya (5:8): **"Maging makatarungan kayo; ito ay pinakamalapit sa pangingilag sa pagkakasala, at mangilag kayong magkasala kay Allah."** Ang partikular na patunay ay ang nasaad ayon kay an-Nu'mān ibnu Bashīr (RA) na ang ama niya ay nagdala sa kanya sa Sugo ni Allah at nagsabi iyon: "Tunay na ako ay nagregalo sa anak kong ito ng isang utusan. Kaya nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang bawat anak mo ba ay niregaluhan mo ng tulad niyon?*** At sinabi niyon na hindi. Kaya nagsabi ang Sugo (SAS): ***Kaya bawiin mo iyon.***"[157] Sa isa namang salaysay: "Kaya nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah at maging makatarungan kayo sa mga anak ninyo.*** Sinabi niya: Kaya umuwi siya at binawi ang bigay niya."[158] Sa isang

---

[156] [Sa kabuuan ipinahihintulot dito ang anumang uri ng paggugol dahil sa kawalan ng kakayahan ng anak at sa pagkakaroon ng kakayahan ng magulang.(z)]
[157] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 5/211.
[158] al-Fat'h 5/211.

salaysay: ***"Kaya huwag ninyo akong pasaksihin, kung gayon, sapagkat ako ay hindi sumasaksi sa kawalang-katarungan."***[159]

Bibigyan ang anak na lalaki ng katumbas sa bahagi ng dalawang anak na babae gaya ng sa pamana. **Ito ang opinyon ni Imām A**~~**h**~~**mad ibnu Hanbal,**[160] kaawaan siya ni Allah.[161]

Ang nagmamasid sa mga kalagayan ng ilan sa mga pamilya ay makakikita ng mga magulang na hindi natatakot kay Allah sa pagtatangi sa ilan sa mga anak nila sa pagbibigay, kaya naghihimutok ang mga dibdib ng ilan sa kanila sa iba at natatanim sa pagitan nila ang pagkamuhi at pagkasuklam. Maaaring bibigyan ang isa dahil siya ay nakahahawig ng mga tiyuhin niya sa ama at pagkakaitan ang iba dahil ito ay may hawig sa mga tiyuhin niya sa ina, o bibigyan ang mga anak sa isang maybahay ng hindi ibibigay sa mga anak sa isang maybahay. Marahil ipapasok ang mga anak sa isang maybahay sa mga pribadong paaralan at hindi ipapasok ang mga anak sa iba. Ang kawalang-katarungan na ito ay babalik sa kanya sapagkat ang anak na pinagkaitan, sa kadalasan, ay hindi magpapakabuti sa magulang niya sa hinaharap. Nagsabi nga ang Sugo (SAS) sa isang nagtangi sa mga anak niya sa pagbibigay: ***"Hindi mo ba ikatutuwa na sila ay magiging pantay sa kabutihan sa iyo?"***[162]

---

[159] Sahīh Muslim 3/1243.

[160] Masā'il al-Imām Ahmad ni Abū Dāwud 204. Siniyasat nang malinaw ni Imām Ibnu al-Qayyim ang usaping ito sa komentaryo niya sa Abū Dāwud.

[161] Hindi obligado ang isang magulang na sundin ang opinyon ni Imām Ahmad ibnu Hanbal dahil tiyak na sasama ang loob ng mga anak na babae lalo na at wala namang nasasaad na batayan sa Qur'an at Sunnah ang opinyong ito niya.

[162] Isinalaysay ito ni Ahmad ibnu Hanbal 4/269. Ito ay nasa Sahīh Muslim bilang 1623.

## Ang Paghingi sa mga Tao Bagamat Hindi Kinakailangan

Ayon kay Sahl ibnu al-Handhalīyah (RA) na nagsabi: "'Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang nanghingi samantalang may taglay naman siya na makasasapat sa kanya ay nagpaparami lamang ng baga sa Impiyerno.*** Sinabi Nila: Ano po ang kasapatan na hindi nararapat sa kanya na humingi?' Nagsabi siya: ***Ang halagang maipananghalian niya at maipanghahapunan niya.***"[163] Ayon kay Ibnu Mas'ūd (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah: ***Ang sinumang nanghingi samantalang mayroon naman siya na makasasapat sa kanya ay darating sa araw ng pagkabuhay na kinalmot o ginalmos sa mukha niya.***"[164]

Ang ilan sa mga pulubi ay tumatayo sa mga masjid sa harap ng mga nilikha ni Allah. Ginagambala nila ang pagluluwalhati ng mga tao sa pamamagitan ng mga hinaing nila. Ang ilan sa kanila ay nagsisinungaling, nanghuhuwad ng mga papeles at gumagawa-gawa ng mga kuwento. Maaari ring pagbaha-bahagiin nila ang mga miyembro ng pamilya sa mga masjid, pagkatapos ay titipunin nila ang mga ito at lilipat sila mula sa isang masjid sa iba pang masjid, gayong sila ay nagtatamasa ng yamang walang nakaaalam kundi si Allah. Kaya kapag namatay sila, mabubunyag ang naiwang yaman. Ang iba na mga tunay na nangangailangan ay inaakala ng mangmang na mga mayaman dahil sa pagpipigil na manghingi; hindi sila nanghihingi sa mga tao nang may pamimilit. Hindi mapapansin ang kahirapan nila para makapagkawanggawa sa kanila.

---

[163] Isinalaysay ito ni Abū Dāwud 2/281. Tingnan ang Sahīh al-Jāmi' (6280).

[164] Isinalaysay ito ni Ahmad ibnu Hanbal 1/388. Tingnan ang Sahīh al-Jāmi' 6255. [Nasaad sa Sahīh Muslim ayon kay Abū Hurayrah (RA): ***"Ang sinumang humiling sa mga tao ng mga pera nila upang magparami ay nanghihingi lamang ng mga baga, kaya humiling siya ng kaunti o humiling siya ng marami."***(z)]

## Ang Pangungutang ng Utang na Hindi Nais Bayaran

Ang mga karapatan ng mga tao ay mahalaga para kay Allah. Maaaring makalusot ang indibiduwal sa karapatan ni Allah sa pamamagitan ng pagsisisi, subalit ang mga karapatan ng mga kapwa tao ay kailangang gampanan ang mga ito bago dumating ang Araw na hindi makapagbabayaran sa pamamagitan ng ginto ni pilak kundi sa pamamagitan ng magandang nagawa at masagwang nagawa.[165] Si Allah ay nagsasabi (4:58): **"Tunay na si Allah ay nag-uutos sa inyo na gampanan[166] ninyo ang mga ipinagkatiwala sa mga kinauukulan ng mga ito,"**. Kabilang sa mga lumalaganap na suliranin sa lipunan ay ang pagwawalang-bahala sa pangungutang. Ang ilan sa mga tao ay hindi nangungutang dala ng matinding pangangailangan. Nangungutang sila dala ng pagnanais lamang na magpalawak at makipagtagisan sa ibang mga tao sa pagbibili ng bagong sasakyang, mga kagamitan at mga tulad nito na panandaliang lugod at lumilipas na pagmamarangya. Madalas na nakapapasok ang mga ito sa mga kasalimuutan na pagbili ng pahulugan na ang marami sa mga iyon ay hindi nawawalan ng transaksiyon na kahina-hinala o bawal.

Ang pagwawalang-bahala sa pangungutang ay humahantong sa pagpapatagal sa pagbabayad o nauuwi sa pagkawala ng mga ari-arian ng mga ibang tao at pagsira sa mga ito. Nagsabi na ang Propeta (SAS) bilang pagbabala sa kahihinatnan ng gawaing ito: ***"Ang sinumang kumuha sa mga ari-arian ng mga tao, na nina-***

---

[165] Sa araw ng paghuhukom, ang kasalanan ng isang tao sa kanyang kapwa niya ay babayaran niya sa pamamagitan ng paglilipat ng mabuting nagawa niya sa taong nagawan niya ng kasalanan. Kapag kinulang ang mabuting nagawa niya, ililipat sa kanya ang nagawang masama niyon hanggang makapagbayad siya.

[166] O isauli.

***nais naman niyang isauli ang mga ito, isasauli ni Allah [ang mga ito] para sa kanya. Ang sinumang kumuha [sa mga ito], na ninanais niyang sirain, sisirain siya ni Allah."***[167]

Ang mga tao ay madalas na nagwawalang-bahala sa panganib ng utang at inaakala nila na ito ay isang maliit na bagay samantalang ito para kay Allah ay isang malaking bagay. Bagkus tunay na ang martir, sa kabila ng taglay niya na dakilang mga katangian, masaganang gantimpala at mataas na antas, ay hindi maliligtas sa pananagutan sa utang. Ang patunay niyon ay ang sabi niya (SAS): ***"Kaluwalhatian kay Allah! Ano ang ibinaba ni Allah na paghihigpit sa utang? Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, kung sakaling may isang tao na napatay sa landas ni Allah, pagkatapos ay binuhay, pagkatapos ay napatay, pagkatapos ay binuhay, pagkatapos ay napatay, samantalang siya ay may utang, hindi siya papasok sa Paraiso malibang nabayaran para sa kanya ang utang niya."***[168] Kaya pagkatapos nito ay titigil na ba itong mga nagwawalang-bahala at nagpapabaya?

## Ang Pagkain na Galing sa Bawal

Ang sinumang hindi natatakot kay Allah ay hindi nagbibigay-pansin kung mula saan kinita ang salapi at kung sa ano ginugol ito. Bagkus ang inalala niya ay ang karagdagan sa deposito niya kahit pa man ito ay kinita sa masama at bawal gaya ng pagnanakaw; o panunuhol (lagay); o pangangamkam; o panghuhuwad; o pagtitinda ng ipinagbabawal; o pagpapautang ng patubuan; o pagkuha sa ari-arian ng ulila; o kabayaran sa isang ipinagbabawal

---

[167] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h al-Bārī 5/54.

[168] Isinalaysay ito ni an-Nisā'ī. Tingnan ang Mujtabā 7/314. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 3594.

na gawain gaya ng galing sa panghuhula, kahalayan, musika, o pagnanakaw sa kabang-bayan at mga ari-ariang pampubliko; o pagkuha sa ari-arian ng iba sa pamamagitan ng pamimilit; o panghihingi na hindi naman kinakailangan at iba pang tulad nito. Pagkatapos ay ipinambabayad niya ito sa pagkain, kasuutan, sasakyan, pagpapatayo ng bahay o pag-upa nito, at mga kagamitan para rito. Pumapasok ang bawal sa tiyan niya. Nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Bawat laman [ng tao] na tumubo mula sa ipinagbabawal, ang impiyerno ay karapat-dapat para roon."***[169] Tatanungin siya sa araw ng pagkabuhay tungkol sa yaman niya kung mula sa ano niya kinita at kung sa ano niya ginugol. Doon ang kasawian at ang kalugian. Kaya tungkulin ng sinumang may natira pa sa kanya na yamang galing sa bawal na magdali-dali sa pag-alis niyon mula sa kanya. Kung iyon ay nauukol sa isang tao ay magdali-dali siya sa pagsauli niyon doon kalakip ng paghingi ng paumanhin bago dumating ang Araw na hindi makapagbabayaran sa pamamagitan ng ginto ni pilak kundi sa pamamagitan ng magandang nagawa at masagwang nagawa.[170]

## Ang Pag-inom ng Alak Kahit Iisang Patak

Nagsabi si Allah (5:90): **"O mga sumampalataya, ang alak, ang pagpusta, ang mga dambana, at ang *pagsasapalaran sa pamamagitan* mga tagdan ng palaso ay kasalaulaan lamang na kabilang sa gawain ng Demonyo. Kaya iwaksi ninyo ito,**

---

[169] Isinalaysay ito ni at-Ṯabrānī sa al-Kabīr 19/136. Ito ay nasa S̱aḫīḫ al-Jāmi' 4495.

[170] Sa araw ng paghuhukom, ang kasalanan ng isang tao sa kanyang kapwa niya ay babayaran niya sa pamamagitan ng paglilipat ng mabuting nagawa niya sa taong nagawan niya ng kasalanan. Kapag kinulang ang mabuting nagawa niya, ililipat sa kanya ang nagawang masama niyon hanggang makapagyad siya.

**nang harinawa kayo ay magtagumpay."** Ang kautusan sa pagwawaksi ay kabilang sa napakalakas na mga patunay sa pagbabawal samantalang iniugnay naman ang alak sa mga dambana, na tumutukoy sa mga dinidiyos at mga diyus-diyusan ng mga Kāfir. Kaya wala nang natirang katwiran para sa sinumang nagsasabing hindi naman sinabi na ang alak ay bawal; ang sinabi lamang naman ay iwaksi ninyo ito!

Nasaad sa Sunnah ng Propeta (SAS) ang banta para sa sinumang uminom. Ayon kay Jābir (RA): ***"tunay na mula kay Allah ay may isang pangako sa sinumang umiinom ng nakalalasing: na paiinumin Niya ito ng ṯīnatul khabāl.*** Sinabi Nila: O Sugo ni Allah, at ano po ang ṯīnatul khabāl? Nagsabi siya: ***Pawis ng mga maninirahan sa Impiyerno o katas ng mga maninirahan sa Impiyerno."***[171] Sinabi pa niya: ***"Ang sinumang namatay na isang sugapa sa alak, makatatagpo niya si Allah habang siya ay gaya ng mananamba sa diyus-diyusan."***[172]

Lubhang naging sarisari na ang mga uri ng mga alak at mga inuming nakalalasing sa panahon natin. Dumami na ang mga pangalan nito sa Arabe at sa ibang wika. Tinagurian nila ang mga ito na *beer*, *ale*, *alcohol*, *arrack*,[173] *vodka*, *champagne* at iba pa.[174] Lumitaw na sa Kalipunang Muslim ang uri ng mga tao na ibinalita ng Propeta (SAS) sa sabi niya: ***"Talagang may iinom nga na mga tao mula sa Kalipunan ko ng alak na tatawagin nila sa***

---

[171] Isinalaysay ito ni Muslim 3/1587.

[172] Isinalaysay ito ni aṯ-Ṯabrānī 12/45. Ito ay nasa Saḫīḫ al-Jāmi' 6525.

[173] Mula sa Arabe na 'araq. Isang uri ng alak. Walang duda na ang Tagalog na alak na panawag sa lahat ng inuming nakalalasing ay galing sa salitang ito.

[174] Maidadagdag din natin ang mga inuming palasak sa mga Pilipino: tuba, lambanog, basi, sadiki, *gin*, at iba pa.

***hindi pangalan nito.*"**[175] Tinatagurian nila ang mga ito na mga *spirit* sa halip na alak, bilang panlalansi at panlilinlang (Qur'an 2:9): **"Tinatangka nilang linlangin si Allah at ang mga sumampalataya ngunit wala silang nalilinlang kundi ang mga sarili nila ngunit hindi nila nararamdaman."**

Dumating ang Sharī'ah dala ang dakilang panuntunan na lulutas sa usapin at puputol sa ugat ng tukso ng paglalaro-laro [sa mga katawagan]. Ito ay ang nasaad sa sabi niya (SAS): ***"Bawat nakalalasing ay alak, at bawat nakalalasing ay bawal."***[176] Kaya ang bawat bagay na nagpapalango at nagpapalasing sa isip, ito ay bawal – ang kaunti nito at ang marami nito. Kahit pa dumami at nagkaiba-iba ang mga pangalan nito, ang pinangangalanan ay iisa at ang kahatulan ay alam na.

Sa pagwawakas, ito ay isang pangaral mula sa Propeta (SAS) para sa mga umiinom ng mga alak. Nagsabi siya (SAS): ***"Ang sinumang uminom ng alak at nalasing, walang tatanggapin sa kanya na salāh sa loob ng apatnapung araw. Kung namatay siya, papasok siya sa Impiyerno; ngunit kung nagsisi siya, tatanggapin ni Allah ang pagsisisi niya. Kung uulit siya at iinom at saka malalasing, walang tatanggapin sa kanya na salāh sa loob ng apatnapung araw. Kaya kung namatay siya, papasok siya sa Impiyerno; ngunit kung nagsisi siya, tatanggapin ni Allah ang pagsisisi niya. Kung uulit na naman siya at iinom at saka malalasing, walang tatanggapin sa kanya na salāh sa loob ng apatnapung araw. Kaya kung namatay siya, papasok siya sa Impiyerno; ngunit kung nagsisisi siya, tatanggapin ni Allah ang pagsisisi niya. Kung uulit na naman siya,***

---

[175] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 5/342. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 5453.

[176] Isinalaysay ito ni Muslim 3/1587.

***laging karapatan ni Allah na painumin siya ng radghatul khabāl sa araw ng pagkabuhay.*** Nagsabi sila: O Sugo ni Allah, at ano po ang radghatul khabāl? Sinabi niya: ***Katas ng mga maninirahan sa Impiyerno."***[177]

Kung ganito ang lagay ng mga umiinom ng mga nakalalasing, papaano na samakatuwid ang lagay ng mga gumagamit ng higit na matindi at nagpapakasugapa sa mga droga?

## Ang Paggamit ng mga Sisidlan[178] na Ginto at Pilak at ang Pagkain at Pag-inom Mula sa mga Ito

Hindi halos nawawalan ang isang tindahan ng mga kagamitang pambahay (*kitchen utensils*) sa ngayon ng mga sisidlan na ginto at pilak o tinubog sa ginto at pilak. Gayon ang mga bahay ng mga mariwasa at ang ilan sa mga hotel. Bagkus ang uring ito ng mga sisidlan ay kabilang sa mga mamahaling regalo na ibinibigay ng mga tao sa isa't isa sa kanila sa mga okasyon. Ang ilan sa mga tao ay maaaring hindi maglagay ng mga ito sa mga bahay nila subalit ginagamit naman nila ito sa mga bahay ng ibang mga tao at sa mga handaan nila. Ang lahat ng ito ay kabilang sa mga bagay na ipinagbabawal sa Sharī'ah. Nasaad ayon sa Propeta (SAS) ang matinding banta sa paggamit ng mga lalagyan na ito, yamang ayon kay Umm Salamah: ***"Tunay na ang kumakain o umiinom sa mga sisidlang pilak at ginto ay lumalagok lamang sa tiyan niya ng apoy ng Impiyerno."***[179] Ang kahatulang ito ay sumasaklaw sa lahat ng sisidlan at gamit sa pagkain gaya ng mga

---

[177] Isinalaysay ito ni Ibnu Mājah, bilang 3377. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 6313.

[178] Ang sisidlan na tinutukoy rito ay ang anumang ginagamit para lagyan ng pagkain at inumin, gaya ng baso, plato, kutsara at iba pa.

[179] Isinalaysay ito ni Muslim 3/1634.

plato, mga tinidor, mga kutsara, mga kutsilyo, mga *serving tray*, mga kahon ng mga *candy* na ibinibigay sa mga kasalan, at mga tulad nito.

Ang ilan sa mga tao ay nagsasabi: "Kami ay hindi naman gumagamit ng mga ito, ngunit inilalagay namin ang mga ito sa mga estante na natatakpan ng salamin para dekorasyon." Ito ay hindi rin ipinahihintulot bilang paghahadlang sa dahilang magamit ang mga ito.[180]

## Ang Pagsaksi sa Kabulaanan

Nagsabi si Allah (22:30-31): **"Kaya iwaksi ninyo ang kasalaulaan na siyang mga diyus-diyusan at iwaksi ninyo ang pagsaksi sa kabulaanan, bilang mga makatotoo na hindi mga nagtatambal sa Kanya."** Ayon kay 'Abdurrahmān ibnu Abī Bakrah (RA), ayon sa ama niya na nagsabi: "Kami noon ay nasa tabi ng Sugo ni Allah nang nagsabi siya: ***Hindi ko ba ibabalita sa inyo ng tatlong napakalaki sa mga malalaking kasalanan?*** – nang makatatlo – ***Ang pagtatambal kay Allah at ang kasuwailan sa mga magulang.*** Naupo siya at dati siyang nakasandal. Sinabi pa niya: ***Kaingat sa pagsaksi sa kabulaanan.*** Hindi siya tumigil: inulit-ulit niya iyon hanggang sa magsabi kami na sana siya ay tumihimik na."[181]

Ang pag-uulit-ulit sa pagbabala laban sa pagsaksi sa kabulaanan dito ay dahil sa pagwawalang-bahala ng mga tao rito, dahil sa dami ng nag-uudyok sa paggawa nito gaya ng pagkamuhi at pagkainggit, at dahil sa ibinubunga nito na maraming katiwalian.

---

[180] Isa sa mga mensahe ni Shaykh 'Abdul'azīz ibnu Bāz, kaawaan siya ni Allah, sa isang pag-uusap.

[181] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 5/261.

Kay rami nang nawala na mga karapatan dahil sa pagsaksi sa kabulaanan. Kay rami nang sumapit na kawalang-katarungan sa mga inosente dahilan dito, o tao na nagtamo ng hindi karapat-dapat sa kanila, o nabigyan ng bahagi na hindi naman nila bahagi alinsunod dito.

Kabilang sa pagwawalang-bahala kaugnay rito ay ang ginagawa ng ilan sa mga tao sa mga hukuman na pagsasabi sa isang tao na katatagpo pa lamang roon: "Sumaksi ka para sa akin at sasaksi ako para sa iyo." At sasaksi naman siya sa isang bagay na nangangailangan ng kaalaman sa katotohanan at pangyayari, gaya ng pagsaksi para rito sa pagmamay-ari ng isang lupa o isang bahay, o pagpapatotoo sa pagkakilala rito gayong nakatagpo niya lamang ito sa pinto ng hukuman o sa bulwagan. Ito ay kasinungalingan at kabulaanan sapagkat nararapat na ang pagsaksi ay gaya ng nasaad sa Aklat ni Allah (12:81): **"at hindi kami sumaksi kung hindi ayon sa nalaman namin"**

## Ang Pakikinig sa mga Kagamitan sa Pagtugtog at Musika

Si Ibnu Mas'ūd (RA) noon ay nanunumpa kay Allah na ang tinutukoy sa sinabi Niya (31:6): **"May mga tao na bumibili ng walang kabuluhang usapan upang ipanligaw palayo sa Landas ni Allah"** ay ang ghinā'.[182] Ayon naman kina Abū 'Āmir (RA)

---

[182] Tafsīr Ibni Kathīr 6/333. [Bagamat ang salitang Arabe na ghinā' ay madalas na isalin na awit o awitin sa Tagalog, hindi lahat ng tinatawag na "awit" sa Tagalog ay matatawag na ghinā'. Ang salitang Tagalog na awitin ay higit na malawak kaysa sa salitang Arabe na ghinā'. Ang anāshīd Islāmīyah gaya ng *tala'lbadru 'alaynā* na "binigkas".sa pagsalubong sa Propeta (SAS) pagdating niya sa Madīnah ay hindi tinatawag na ghinā' sa Arabe. Ayon sa pamunuan ng Zulfi Foreigners Guidance Office ang awitin na tinutukoy rito ng may-akda ay ang mga awiting walang kabuluhan o mahalay sa pamantayan ng Islam, na inaawit sa saliw ng mga instrumentong pangmusika. Ang Tagapagsalin.]

at Abū Mālik al-Ash'arī (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Talagang magkakaroon nga mula sa Kalipunan ko ng mga tao na magtuturing na ipinahihintulot ang pangangalunya, ang sutla,[183] ang alak, at ang mga kagamitan sa pagtugtog..."***[184] Ayon naman kay Anas (RA): ***"Talagang magkakaroon nga sa Kalipunang ito ng paglubog [sa lupa], pagbato at pagpapalit-anyo at iyon ay kapag nagsiinom sila ng mga alak, nagsikuha sila ng mga babaing mang-aawit at nagpatugtog ng mga kagamitan sa pagtugtog."***[185]

Ipinagbawal ng Propeta (SAS) ang tambol. Inilarawan niya ang plauta na ito ay tinig ng mahalay na hangal. Binanggit ng mga naunang pantas ng Islam gaya ni Imām Ahmad, kaawaan siya ni Allah, ang pagbabawal sa mga instrumento ng pag-aaliw at pagtugtog gaya ng mandolin, tambol, plautang tambo, *rebab*[186] at pompiyang. Walang duda na ang mga makabagong instrumento ng pag-aaliw at pagtugtog ay napaloloob sa Hadīth ng Propeta (SAS) kaugnay sa pagbabawal sa mga kagamitan sa pagtugtog, gaya ng biyolin, sitara, piyano, gitara at iba pa. Bagkus tunay na ang mga ito ay lubhang higit na matindi sa pag-antig, pagpapalango at impluwensiya kaysa sa mga sinaunang instrumento na nabanggit ang pagbabawal sa ilan sa mga Hadīth. Ang pagpapalango ng musika at ang pagpapalasing nito ay higit na matindi kaysa sa pagpapalasing ng alak, gaya ng nabanggit ng mga pantas

---

[183] Ang sutla ay ipinagbabawal lamang sa mga lalaki, hindi sa mga babae.

[184] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 10/51.

[185] Tingnan ang as-Silsilah as-Sahīhah 2203. Tinunton niya ang pinagmulan nito kay Ibnu Abī ad-Dunyā sa Dhamm al-Malāhī. Ang Hadīth na ito ay isinalaysay ni at-Tirmidhī, bilang 2212.

[186] Parang biyolin na may tatlong kuwerdas.

na gaya nina Ibnu al-Qayyim at iba pa. Walang duda na ang pagbabawal ay tumitindi at ang pagkakasala ay bumibigat kapag sinabayan ang musika ng pag-awit at mga tinig ng mga babaing mang-aawit. Lumalala ang kapahamakan kapag ang mga liriko ng mga awitin ay pangromantiko, pag-ibig, kahalingan at paglalarawan ng mga kagandahan. Dahil doon nabanggit ng mga pantas ng Islam na ang mga awiting romantiko ay koreo ng pangangalunya at na ito ay nagpapatubo ng kaipokrituhan sa puso. Sa pangkalahatan, ang tema ng mga awitin at musika ay kabilang sa napakalaking mga tukso sa panahon ngayon.

Ilan sa nakadagdag sa suliranin sa panahon natin ay ang pagpasok ng musika sa maraming bagay gaya ng mga relo, mga *alarm*, mga laruan ng mga bata, *computer* at ilang telepono. Kaya ang pag-iwas doon ay isang bagay na nangangailangan ng determinasyon. Si Allah ay ang hingian ng tulong.

## Ang Panlilibak

Naging "panghimagas" sa marami sa mga pagtitipon ang panlilibak sa mga tao at ang pagyurak sa mga karangalan nila. Ito ay isang gawaing ipinagbawal ni Allah. Sinuwata Niya ang mga lingkod Niya laban dito at iwinangis Niya ito sa isang kasuklamsuklam na larawan na masusuka roon ang mga tao. Sinabi Niya (49:12): **"huwag libakin ng ilan sa inyo ang iba sa inyo. Iibigin ba ng isa sa inyo na kumain ng laman ng kapatid niya na patay? Kaya kasusuklaman ninyo ito."**

Nilinaw ng Propeta (SAS) ang kahulugan nito sa pamamagitan ng sabi niya: ***"Nalalaman ba ninyo kung ano ang panlilibak?*** Nagsabi sila: Si Allah at ang Sugo Niya ay higit na nakaaalam. Nagsabi siya: ***Ang pagbanggit mo sa kapatid mo ng anumang kasusuklaman niya.*** May nagsabi: Kaya ano po sa tingin mo

kung nasa kapatid ko ang sinasabi ko? Nagsabi siya: ***Kung nasa kanya ang sinasabi mo ay nilibak mo na siya. Kung wala ito sa kanya ay siniraang-puri mo na siya.***"[187]

Samakatuwid ang panlilibak ay ang pagbanggit mo sa kapwa Muslim ng anumang tungkol sa kasusuklaman niya [na mabanggit], maging iyon ay hinggil sa katawan niya o pananampalataya niya o pamumuhay niya o pagkatao niya o mga kaasalan niya o kaanyuan niya. Ito ay mayroong maraming anyo. Kabilang dito ang pagbanggit sa mga kapintasan niya o ang ipagsabi ang isang ugali niya bilang paraan ng panunuya.

Ang mga tao ay nagwawalang-bahala sa usapin ng panlilibak kalakip ng kasagwaan nito at kapangitan nito para kay Allah. Nagpapahiwatig doon ang sabi niya (SAS): "***Ang ribā ay may pitumpu't dalawang uri na ang pinakamababa sa mga ito ay tulad ng pakikipagtalik ng isang lalaki sa ina niya. Tunay na ang pinakamataas na ribā ay [gaya ng] paghamak ng lalaki sa dangal ng kapatid niya.***"[188]

Kinakailangan sa sinumang dumadalo sa pagtitipon na sumaway sa nakasasama at ipagtanggol ang kapatid niya na nililibak. Hinimok iyon ng Propeta (SAS) sa pamamagitan ng sabi niya: "***Ang sinumang magsanggalang sa dangal ng kapatid niya, ipagsasanggalang ni Allah ang mukha niya sa apoy sa araw ng pagkabuhay.***"[189]

---

[187] Isinalaysay ito ni Muslim 4/2201.

[188] as-Silsilah as-Sahīhah 1871.

[189] Isinalaysay ito ni Ahmad 6/450. Ito ay nasa Sahīh atl-Jāmi' 6238.

## Ang Paninirang-puri

Ang pagpaparating ng mga sinalita ng mga tao sa isa't isa upang makasira sa isa't isa sa kanila ay kabilang pa rin sa napakalaking mga kadahilanan ng pagkakalagot ng mga ugnayan at ng pagpapaningas sa mga apoy ng pagkamuhi at pagkapoot sa pagitan ng mga tao. Pinulaan na ni Allah ang gumagawa ng gawaing ito yamang sinabi Niya (68:10-11): **"Huwag kang tumalima sa bawat palasumpang hamak, mapanlibak, mapagkalat ng paninirang-puri,"** Ayon kay Hudhayfah: *"Hindi papasok sa Paraiso ang isang mapanirang-puri."*[190]

Ayon kay Ibnu 'Abbās na nagsabi: "Napadaan ang Propeta (SAS) sa isa sa mga pataniman ng Madīnah at nakarinig siya ng tinig ng dalawang tao na pinagdurusa sa mga puntod nila kaya nagsabi ang Propeta (SAS): ***Pinagdurusa sila, at hindi sila pinagdurusa dahil sa malaking kasalanan. Ang isa sa kanilang dalawa noon ay hindi umiiwas sa bahid ng ihi niya, at ang ikalawa ay nagkakalat ng paninirang-puri."***[191]

Kabilang sa mga masamang anyo ng gawaing ito ay ang paninira ng asawa sa maybahay niya at gayon din ang paninira ng maybahay sa asawa. Ito ay pagpupunyagi sa pagsira sa relasyon nilang dalawa. Ganoon din ang ginagawa ng ilan sa mga empleyado sa pagpaparating sa salita ng ibang mga kasamahan sa manager o sa tagapamahala, na isang uri ng pagsusumbong upang maghasik at magdulot ng kapinsalaan. Ang lahat ng ito ay kabilang sa mga ipinagbabawal.

---

[190] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 10/472 at sa an-Nihāyah ni Ibnu al-Athīr 4/11. Sinasabi rin na ang mapanirang-puri rito ay ang nakikinig sa mga tao nang hindi nila nalalaman at pagkatapos ay ipagkakalat ito.

[191] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h al-Bārī 1/317.

## Ang Pagsilip sa Loob ng mga Bahay ng mga Tao nang Walang Kapahintulutan

Nagsabi si Allah (24:27): **"O mga sumampalataya, huwag kayong pumasok sa mga bahay na hindi mga bahay ninyo malibang nagpaalam kayo at bumati kayo sa mga nakatira sa mga ito."** Nagsabi naman ang Sugo ni Allah (SAS) habang nagpapaliwanag na ang dahilan sa paghingi ng pahintulot ay dahil sa pangambang baka makita ang mga 'awrah ng mga nakatira sa bahay: ***"Ginawa lamang ang paghingi ng pahintulot alang-alang sa [pag-iwas na] makakita."***[192] Sa ngayon, kaalinsabay ng pagkakalapit-lapit ng mga gusali, pagkakadikit-dikit ng mga bahay, at pagkakaharap-harap ng mga bintana at mga pinto, ang posibilidad na masilipan ng mga magkakapit-bahay ang isa't isa ay naging malaki. Ang marami ay hindi nagbababa ng mga paningin nila. Maaaring sasadyain pa ng ilang nakatira sa taas na sumilip mula sa mga bintana nila o mga palapag nila sa mga katabing bahay na mababa kaysa sa kanila. Ito ay isang kataksilan, isang paglabag sa *privacy* ng mga kapitbahay at isang kaparaanan tungo sa bawal. Nangyari dahil doon ang marami sa kapahamakan at tukso. Makasasapat na bilang patunay sa panganib ng bagay na ito ang pagwawalang-halaga ng Sharī'ah sa mata ng naninilip. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang sinumang tumingin***

---

[192] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h al-Bārī 1/24. [Upang hindi makita ang 'awrah ng mga nasa loob ng bahay, lalo na ang mga babae. Ang 'awrah ay ang bahagi ng katawan na kailangang takpan sa harap ng mga taong hindi mahram. Kadalasan, ang mga babae ay nagsusuot ng damit na maikli kapag nasa loob ng bahay. Kapag pumasok sa ibang bahay nang walang paalam ay maaaring makita ang mga babae roon sa kasuutang ayaw o hindi dapat makita ng mga hindi nila mahram.]

***sa loob ng bahay ng ibang mga tao nang walang pahintulot nila ay ipinahintulot na sa kanila na tusukin ang mata niya."***[193] Sa isa namang sanaysay: ***"Kaya tusukin ninyo ang mata niya dahil walang bayad-pinsala para sa kanya at walang ganti."***[194]

## Ang Pagbubulungan ng Dalawa sa Harap ng Iba

Ito ay kabilang sa mga nakapipinsala sa mga pagtitipon at kabilang sa mga hakbangin ni Satanas upang paghati-hatiin ang mga Muslim at pagngitngitin ang mga dibdib ng ilan sa kanila laban sa iba. Nagsabi ang Sugo (SAS) habang nililinaw ang kahatulan at ang kadahilanan nito: ***"Kapag kayo ay tatlo huwag magbulungan ang dalawang tao sa harap ng iba malibang nakikihalo kayo sa mga tao dahil iyon ay ikalulungkot niya."***[195] Napaloloob din doon ang pagbubulungan ng tatlo sa harap ng ikaapat na tao at maging ilan pa man. Ganoon din kapag nag-usap ang dalawa sa isang wikang hindi nauunawaan ng ikatlo. Walang duda na ang pagbubulungan ay mayroong isang uri ng panghahamak sa kaharap na ikatlong tao o pagpapahinala sa kanya na nagnanais sila ng masama para sa kanya at iba pang tulad niyon.

## Ang Isbāl sa Kasuutan

Kabilang sa inaakala ng mga tao na maliit na bagay – samantalang ito para kay Allah ay mabigat – ay ang *isbāl*: ang pagpapahaba ng kasuutan nang higit na mababa pa sa mga bukung-bukong. Ang ilan sa kanila ay sumasayad na ang kasuutan sa lupa at ang iba naman sa kanila ay kinakaladkad na ito.

---

[193] Isinalaysay ito ni Muslim 3/1699.

[194] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 2/385. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 6022.

[195] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h al-Bārī 11/83.

Ayon kay Abū Dharr (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"May tatlong tao na hindi sila kakausapin ni Allah sa araw ng pagkabuhay, hindi Siya titingin sa kanila at hindi Niya sila dadalisayin, at ukol sa kanila ay isang masakit na pagdurusa: ang nagsasagawa ng isbāl*** [sa isang sanaysay: ***sa tapis niya***], ***ang mapanumbat***[196] [sa isang sanaysay: ***na hindi nagbibigay ng anuman kung hindi isusumbat iyon***], ***at ang nagtitinda ng paninda niya kalakip ang sinungaling na panunumpa."***[197]

Ang nagsasabi na ang isbāl ko sa *thawb* ko ay hindi isang pagmamalaki, siya ay nagpapatotoo sa kawalang-sala ng sarili niya sa pamamagitan ng pagpapatotoo na hindi tanggap. Ang banta laban sa nagsasagawa ng isbāl ay pangkalahatan: magkatulad kung nilayon man niya ang pagmamalaki o hindi nilalayon, gaya ng ipinahihiwatig hinggil doon sa sabi niya (SAS): ***"Ang anumang nasa ilalim ng mga bukung-bukong mula sa tapis ay sa Impiyerno."***[198] Kaya kapag nagsagawa ng isbāl dahil sa pagyayabang, ang kaparusahan niya ay higit na matindi at higit na mabigat. Ito ang nasaad sa sabi niya (SAS): ***"Ang sinumang nagpasayad ng kasuutan niya dahil sa kayabangan, hindi titingin sa kanya si Allah sa araw ng pagkabuhay."***[199] Iyan ay sapagkat pinagsama niya ang dalawang ipinagbabawal. Ang isbāl ay ipinagbabawal sa bawat kasuutan, gaya ng ipinahihiwatig hinggil doon ng H̲adīth ayon kay Ibnu 'Umar (RA): ***"Ang isbāl sa tapis, damit at turban,***

---

[196] Isinusumbat at ipinamamata niya sa kanyang natulungan ang anumang tulong na nagawa niya.

[197] Isinalaysay ito Muslim 1/102. [Ang nanghihikayat sa pagtitinda sa pamamagitan ng panunumpa kay Allah na ang paninda niya ay mura, mahusay at iba pa.]

[198] Isinalaysay ito ni Imām Ah̲mad 6/254. Ito ay nasa S̲ah̲īh̲ al-Jāmi' 5571.

[199] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī, bilang 3465, Edisyong al-Baghā.

***ang sinumang nagpasayad ng anuman mula sa mga ito dahil sa pagyayabang, hindi titingin sa kanya si Allah sa araw ng pagkabuhay."***[200] Ang babae ay pinapayagan na magpalampas sa bukung-bukong ng isang dangkal o isang siko upang matakpan ang mga paa niya, bilang pag-iingat laban sa kinatatakutan na baka matambad [ang binti] dahil sa hangin at tulad nito. Subalit hindi ipinahihintulot sa kanya na lumampas sa hangganan gaya ng sa ilang traje de boda (*wedding gown*) na umaabot sa ilang dangkal o ilang metro ang haba at marahil ay kailangang bitbitin pa mula sa likuran niya.[201]

## Ang Pagsusuot ng Lalaki ng Ginto sa Anumang Anyo

Ayon kay Abū Mūsā al-Ash'arī (RA): ***"Ipinahintulot sa mga babae ng Kalipunan ko ang sutla at ang ginto at ipinagbawal sa mga lalaki nito."***[202]

Sa mga pamilihan sa ngayon ay mayroong ilang produktong dinisenyo para sa mga lalaki gaya ng mga relo, mga *eyeglass*, mga butones, mga *fountain pen*, mga *chain*, at ang tinatawag nila na mga *medallion*, na may mga magkakaibang kilatis ng ginto o

---

[200] Isinalaysay ito ni Abū Dāwud 4/353. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 2770.

[201] Heto pa ang ilan sa mga Hadīth kaugnay sa isbāl. Ayon kay Ibnu 'Umar (RA): "Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Hindi titingin si Allah sa sinumang nagpasayad ng kasuutan niya dahil sa kayabangan.***" (Sahīh al-Bukhārī, Vol. 7, Hadīth 674) Ayon kay Sālim ibnu 'Abdullah, ayon sa ama niya, ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: "***Ang sinumang nagpasayad ng kasuutan niya dahil sa kayabangan, hindi titingin sa kanya si Allah sa araw ng pagkabuhay.*** Kaya nagsabi si Abū Bakr: O Sugo ni Allah, tunay na ang isa sa dalawang tagiliran ng tapis ko ay sumasayad maliban kung iingatan ko iyon na magkagayon. Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Ikaw ay hindi kabilang sa gumagawa niyon bilang kayabangan.***" (Sahīh al-Bukhārī, Vol. 7, Hadīth 675)

[202] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 4/393. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 207.

itinubog nang buo sa ginto. Kabilang din sa mga minamasama ay ang ipinatatalastas sa mga premyo ng ilan sa mga patimpalak na *gold watch* na panlalaki!

Ayon kay Ibnu 'Abbās (RA): "Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nakakita ng singsing na ginto sa kamay ng isang lalaki kaya inalis niya ito at itinapon ito at saka nagsabi: ***Kumukuha ang isa sa inyo ng baga mula sa apoy at inilalagay ito sa kamay niya?*** Kaya sinabihan ang lalaki matapos na umalis ang Sugo ni Allah (SAS): Kunin mo ang singsing; pakinabangan mo ito. Nagsabi siya: Hindi na, sumpa man kay Allah, hindi ko na kukunin kailanman yamang itinapon na ito ng Sugo ni Allah (SAS)."[203]

## Ang Pagsusuot ng mga Babae ng Maiiksi, Manipis at *Fitting* na Kasuutan sa Publiko

Ilan sa bunga ng pananalakay ng mga kaaway natin sa panahon ngayon ay ang mga kasuutan at mga moda na ginawa nila ang mga anyo at mga detalye ng mga ito at naging mabili naman sa mga Muslim. Ang mga ito ay hindi nakatatakip sa 'awrah dahil sa kaiksian ng mga ito o kanipisan ng mga ito o kasikipan ng mga ito. Ang marami sa mga ito ay hindi ipinahihintulot na isuot pati na ng mga babae [sa harap ng mga kapwa babae] o sa harap ng mga mahram. Ipinabatid na sa atin ng Propeta (SAS) ang hinggil sa paglitaw ng mga uri na ito ng mga kasuutan sa mga babae sa huling panahon, gaya ng nasaad sa Hadīth ayon kay Abū Hurayrah (RA): ***"May dalawang uri mula sa mga maninirahan sa Impiyerno na hindi ko nakita: mga taong may mga latigo na gaya ng mga buntot ng mga baka na pinapalo nila sa pamamagitan ng mga ito ang mga tao, at mga babaing nakadamit ngunit***

---

[203] Isinalaysay ito ni Muslim 3/1655.

***nakahubad, na nanghahalina na nahahalina, na ang [buhok sa] mga ulo nila ay gaya ng mga nakalihay na mga umbok ng mga kamelyo [na mahaba ang mga leeg] – hindi sila papasok sa paraiso at hindi nila malalanghap ang halimuyak nito, gayong tunay na ang halimuyak nito ay talagang nalalanghap sa layong ganito at gayon."***[204] Napaloob sa mga kasuutan na ito ang isinusuot ng ilan sa mga babae na may mahabang bukas mula sa laylayan o bitas (slit) mula sa ilang bahagi. Kaya kapag naupo siya, may lumilitaw na bahagi mula sa 'awrah niya, kalakip na rin doon ang pagwangis sa mga Kāfir at pagsunod sa kanila sa mga moda at mga pinauso nila na mga kasuutang kahiya-hiya. Hinihiling natin kay Allah ang kaligtasan.

Kabilang din sa mga mapanganib na bagay ay ang nakikita sa ilan sa mga kasuutan na mga masamang larawan gaya ng mga larawan ng mga mang-aawit, mga *musical band*, mga bote ng alak, mga larawan ng tao at hayop na pawang ipinagbabawal sa Sharī'ah, o mga krus, o mga *slogan* ng mga *sports club* at mga masamang samahan, o mga bastos na kataga na lumalabag sa karangalan at kabinihan, na kadalasan ay nakasulat sa mga wikang banyaga.

## Ang Pagkakabit sa Buhok ng Buhok na Galing sa Ibang Tao o Anuman ng mga Lalaki at mga Babae

Ayon kay Asmā' bint Abī Bakr na nagsabi: "May pumuntang isang babae sa Propeta (SAS) at nagsabi: O Sugo ni Allah, tunay na ako ay may anak na babae na ikakasal, na dinapuan ng tigdas kaya nalagas ang mga buhok niya. Kaya dudugtungan ko po ba ito? Kaya nagsabi siya: ***Isinumpa ni Allah ang nagkakabit at***

---

[204] **Isinalaysay ito ni Muslim 3/1680.**

*ang nagpapakabit [ng buhok].*"[205] Ayon kay Jābir ibnu 'Abdullāh: "Sinansala ng Propeta (SAS) na magkabit ang babae sa ulo niya ng anumang [buhok]."[206]

Ang ilan sa mga tulad nito ay ang kilala sa panahon natin bilang *wig* at ang mga nagkakabit ng buhok sa panahon natin ay ang mga *coiffeur* (*hair stylist*), na ang mga parlor nila ay may nag-uumapaw na mga minamasamang bagay.

Ang ilan pa sa mga tulad ng ipinagbabawal na ito rin ay ang pagsusuot ng *artificial wig* gaya ng ginagawa ng ilan sa mga walang asal na mga aktor at mga aktres sa mga teatro at mga pelikula.

## Ang Paggaya ng mga Lalaki sa mga Babae at ng mga Babae sa mga Lalaki sa Kasuutan o Pananalita o Anyo

Kabilang sa kalikasan ng pagkalalang na isinabatas ni Allah para sa mga lingkod Niya ay na panatilihin ng lalaki ang pagkalalaki niya na nilikha ni Allah sa kanya, at na panatilihin ng babae ang pagkababae niya na nilikha ni Allah sa kanya. Ito ay ilan sa mga kadahilanan na hindi magiging matuwid ang buhay ng mga tao kung hindi sa pamamagitan ng mga ito. Ang paggaya ng mga lalaki sa mga babae at ng mga babae sa mga lalaki ay pagsalungat sa kalikasan ng pagkalalang, pagbubukas ng mga pinto ng katiwalian at pagpapalaganap ng imoralidad sa lipunan. Ang hatol sa gawaing ito ayon sa Sharī'ah ay ang pagbabawal nito. Kapag may nasaad sa Qur'an at Hadīth na isang sumpa sa nagsasagawa ng isang gawain, tunay na iyon ay nagpapahiwatig sa pagbabawal niyon at iyon ay kabilang sa mga malalaking kasalanan. Nasaad

[205] Isinalaysay ito ni Muslim 3/1676.
[206] Isinalaysay ito ni Muslim 3/1679.

nga ayon kay Ibnu 'Abbās (RA): "Isinumpa ng Sugo ni Allah ang mga gumagaya na kabilang sa mga lalaki sa mga babae at ang mga gumagaya na kabilang sa mga babae sa mga lalaki."[207] Ayon pa rin kay Ibnu 'Abbās (RA): "Isinumpa ng Sugo ni Allah ang mga binabae na mga lalaki at ang mga binalaki na mga babae."[208] Ang paggaya ay maaaring sa mga kilos, mga postura, paglalakad gaya ng pag-aastang-lalaki sa mga pangangatawan, pag-aastang-babae sa pananalita at paglakad.

Maaaring ang paggaya rin ay sa kasuutan. Kaya hindi ipinahihintulot sa lalaki na magsuot ng mga kuwintas ni mga pulseras ni mga anklet ni mga hikaw at mga tulad nito, gaya ng lumaganap sa mga *hippie* at mga *funk*, mga hindi ipinahihintulot sa babae na magsuot ng nauukol sa lalaki na kasuutan gaya ng pantalon na panalalaki at polo na panlalaki. Kinakailangan na maiba sa anyo at detalye. Ang patunay na kinakailangang magkaiba ang lalaki at babae sa kasuutan ay ang nasaad ayon kay Abū Hurayrah: ***"Isinumpa ni Allah ang lalaki na nagsusuot ng kasuutan ng babae at ang babae na nagsusuot ng kasuutan ng lalaki."***[209]

## Ang Pagkukulay sa Buhok ng Kulay Itim

Ang tama ay na ito ay ipinagbabawal ayon sa nabanggit na banta sa sabi ng Sugo (SAS): ***"Magkakaroon sa huling panahon ng mga tao na magtitina ng itim sa buhok gaya ng mga dibdib ng mga kalapati. Hindi nila maaamoy ang amoy ng Paraiso."***[210]

---

[207] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 10/332.

[208] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī, al-Fat'h 10/333.

[209] Isinalaysay ito ni Abū Dāwud 4/355. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 5071.

[210] Isinalaysay ito ni Abū Dāwud 4/419. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 8153. [At ni an-Nasā'ī ng may mahinang isnād. (z)]

Ito ay gawaing laganap sa marami sa mga nilitawan ng mga uban. Binabago nila ito sa pamamagitan ng tinang itim. Humahantong ang ginagawa nilang ito sa ilang hindi mabuti. Ang ilan dito ay ang pandaraya, ang panlilito sa pagkakalikha ni Allah, at ang kasiyahan sa kalagayang hindi niya tunay na kalagayan. Walang duda na ito ay may epekto sa personal na asal nila. Maaaring magresulta ito ng isang uri ng panlilinlang sa sarili. Napatotohanan na ang Sugo ay nagpapalit ng kulay ng uban sa pamamagitan ng *henna* at tulad nito na manilaw-nilaw o mamula-mula o ano mang patungo sa kulay kayumanggi. Noong dinala sa kanya si Abū Quhāfah ng araw ng pagsakop sa Makkah, ang ulo nito at ang balbas nito ay gaya ng *thaghāmah*[211] sa tindi ng kaputian. Nagsabi ang Sugo (SAS): ***"Baguhin mo [ang uban na] ito ng anuman ngunit iwasan mo ang kulay itim."***[212] Ang tama rin ay na ang babae ay gaya ng sa lalaki: hindi ipinahihintulot na magtina siya ng itim sa hindi na itim sa buhok niya.

## Ang Pagsasalarawan ng Anumang May Kaluluwa[213] sa mga Kasuutan, mga Pader, mga Papel at mga Tulad Nito

Ayon kay 'Abdullah ibnu Mas'ūd (RA), nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Tunay na ang pinakamatindi sa mga tao sa pagdurusa mula kay Allah sa araw ng pagkabuhay ay ang mga nagsasalarawan."***[214] Ayon kay Abū Hurayrah (RA), nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Nagsabi si Allah – pagkataas-taas niya: Sino pa ang***

---

[211] Ang *thaghumah* ay isang uri ng halamang may bulaklak na napakaputi.

[212] Isinalaysay ito ni Muslim 3/1163.

[213] Ang tao at ang mga hayop ay may kaluluwa ayon sa Islam. Ang larawan na tinutukoy rito ay ang larawan ng tao o hayop.

[214] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 10/382.

***higit na lumalabag sa katarungan kaysa sa nagtangka na lumikha gaya ng paglikha Ko. Kaya lumikha nga sila ng isang buto at lumikha nga sila ng isang butil...*"**[215] Ayon naman kay Ibnu 'Abbās (RA), nagsabi ang Sugo (SAS): "***Ang bawat nagsasalarawan ay mapupunta sa apoy. Gagawa para sa kanya sa bawat larawan na isinalarawan niya ng isang kaluluwa at pagdurusahin siya sa Impiyerno.*** Nagsabi si Ibnu 'Abbās (RA): Kung ikaw ay hindi makaiiwas na gumawa [ng larawan] ay gumawa ka ng [larawan ng] punong-kahoy at ng anumang walang kaluluwa."[216]

Ang mga Hadīth na ito ay nagpapahiwatig sa pagbabawal sa mga larawan ng mga may kaluluwa: ang mga tao at ang lahat ng hayop[217] na may anino o walang anino. Magkatulad pa rin kung ito ay inimprinta, iginuhit, inukit, nililok, hinulma sa mga molde at mga tulad nito. Ang mga H̲adīth sa pagbabawal sa mga larawan ay sumasaklaw sa lahat ng iyon.

Ang tunay na Muslim ay nagpapasakop sa mga teksto ng Qur'an at H̲adīth at hindi nakikipagtalo at nagsasabi: "Ako ay hindi sumasamba sa larawan at hindi nagpapatirapa sa harap niyon!" Kung sakaling titingin ang isang nag-iisip nang may mata ng pag-unawa at pagninilay-nilay sa isang katiwalian lamang ng paglaganap ng mga paglalarawan sa panahon natin, talagang malalaman niya ang isa sa katwiran sa Sharī'ah nang binanggit nito ang pagbabawal sa paglalarawan. Ang tinutukoy ay ang nangyayaring mala-

---

[215] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h̲ al-Bārī 10/385.

[216] Isinalaysay ito ni Muslim 3/1671.

[217] Ayon sa Islam, ang mga hayop ay may kaluluwa rin at sa katunayan ay bubuhayin din sila sa Kabilang-buhay. Ang salitang Ingles na *animal* ay galing sa salitan Latin na *animale*, na mula sa *animalis* "nabubuhay, humihinga," na mula naman sa *anima* "hininga, buhay, kaluluwa."

king katiwalian na pagpupukaw sa init ng katawan at pagpapagising sa hilig ng laman. Bagkus ang pagkahantong sa pagkakasadlak sa mga kahalayan dahilan sa mga larawan.

Nararapat para sa isang Muslim na hindi mag-ingat sa bahay niya ng mga larawan ng mga may kaluluwa upang iyon ay hindi maging isang dahilan sa pag-ayaw ng mga anghel sa pagpasok sa bahay niya sapagkat tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Hindi pumapasok ang mga anghel sa isang bahay na sa loob nito ay may aso at mga larawan."***[218] Makatatagpo sa ilang bahay ng mga estatuwa na ang ilan sa mga ito ay ang mga sinasamba ng mga Kāfir, na inilalagay bilang mga gawang-sining at dekorasyon. Ito ay higit na matindi kaysa sa iba. Ganoon din ang mga larawang isinasabit, higit na matindi kaysa sa mga hindi isinasabit. Kay rami ang humantong sa pagdakila. Kay rami ang nagpapagunita sa mga kalungkutan. Kay rami ang nauwi sa pagpapayabangan. Hindi dapat sabihin na ang mga larawan ay para sa paggunita sapagkat nasa puso ang totoong paggunita sa isang minamahal o kamag-anak na kabilang sa mga Muslim, na dinadalanginan ng kapatawaran at awa ni Allah. Kaya nararapat na alisin ang bawat larawan o pawiin ito, maliban sa mahirap alisin o may matinding kahirapan sa pag-aalis gaya ng mga larawan na nasa mga sisidlan, mga larawan sa mga diksyunaryo, mga reperensiya at mga aklat na napakikinabangan, kalakip ng pagsisikap na alisin ito kung makakaya at pag-iingat laban sa ilan sa mga ito na mga masamang larawan. Gayunpaman maaaring mag-ingat ng mga larawan na hinihiling ng pangangailangan gaya ng sa mga pagpapatunay ng pagkakilanlan (*identity*). Nagpahintulot ang ilan sa

---

[218] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 10/380.

mga may kaalaman sa mga larawang hinamak gaya ng mga inaapakan ng mga paa. *"Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah sa abot ng makakaya ninyo,"*(64:16)

## Ang Pagsisinungaling sa Napanaginipan

Nananadya ang ilan sa mga tao sa paggagawa-gawa ng mga pangitain at mga panaginip na hindi naman napanaginipan para magtamo ng pagtangi o kasikatan sa mga tao, o para magkamit ng kapakinabangang pampananalapi, o bilang pananakot sa sino mang nakagalit niya, at iba pang tulad niyon. Marami sa madla ay may paniniwala kaugnay sa mga panaginip at matinding pagkahumaling sa mga ito kaya nalilinlang sila dahil sa kasinungalingang ito. Nasaad ang matinding banta sa sinumang gumawa ng gawaing ito. Nagsabi ang Sugo (SAS): *"Tunay na kabilang sa pinakamabigat sa mga kabulaanan ay na mag-angkin ang tao [na anak] ng hindi niya ama, o [mag-angking] nakita ng mata niya ang hindi naman nito nakita, at magsabi ng ayon daw sa Sugo ni Allah ng hindi naman nito sinabi."*[219] Nagsabi pa siya (SAS): *"Ang sinumang mag-angkin ng isang panaginip na hindi naman niya nakita, iaatang sa kanya na pagbuhulin ang dalawang butil ng trigo at hindi niya ito magagawa..."*[220] Ang pagbubuhol sa dalawang butil ng trigo ay isang imposibleng bagay yamang ang ganti sa gawain ay kauri ng gawain.

---

219 Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 6/540.
220 Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 12/427.

## Ang Pag-upo sa Ibabaw ng Puntod, ang Pag-apak Dito at ang Pagdumi sa mga Puntod

Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang umupo ang isa sa inyo sa baga at masunog ang mga kasuutan niya at umabot sa balat niya ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa umupo siya sa ibabaw ng puntod.***"[221] Tungkol naman sa pag-apak sa mga puntod, may mga tao na gumagawa nito, at saka makikita mo sila kapag naglilibing sila ng patay nila na hindi nagbibigay-pansin sa pag-apak (na suot ang mga sapatos nila kung magkaminsan) sa mga katabing puntod, nang walang paggalang sa ibang mga patay. Hinggil sa bigat ng kalapastanganan nito, nagsasabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang maglakad ako sa ibabaw ng baga o tabak o tahiin ko ang sandalyas ko sa paa ko ay higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa maglakad ako sa ibabaw ng puntod ng isang Muslim..."***[222] Kaya paano na ang nangamkam ng lupain ng libingan at nagtayo tayo roon ng gusaling pangkalakal o pantirahan? Tungkol naman sa pagdumi at pag-ihi sa mga libingan, ginagawa ito ng ilan sa mga walang kaasalan. Kapag dinatnan siya ng pangangailangan sa pagdumi, aakyat sa bakod ng libingan o papasok doon, at nililigalig niya ang mga patay sa pamamagitan ng baho at karumihan ng dumi niya. Nagsasabi ang Propeta (SAS): ***"Hindi ko inaalintana [ang kaibahan] kung sa gitna ng libingan ako dumumi o sa gitna ng palengke."***[223] Ibig sabihin: ang kasagwaan ng pagdumi sa libingan ay gaya ng kasagwaan ng paglantad ng kahubaran at

[221] Isinalaysay ito ni Muslim 2/667.

[222] Isinalaysay ito ni Ibnu Mājah 1/499. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 5038.

[223] Isinalaysay ito ni Ibnu Mājah 1/499. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 5038.

pagdumi sa harap ng mga tao sa palengke. Ang mga nagsasadya sa pagtatapon ng mga dumi at mga basura sa mga libingan (lalo na sa mga abandonado at gumuho na ang mga bakod), sila ay may bahagi mula sa bantang iyon. Kabilang sa mga hinihiling na kaasalan sa pagdalaw sa mga libingan ng mga Muslim ay ang paghubad ng sapin sa paa kapag nagnais na maglakad sa pagitan ng mga puntod.

## Ang Hindi Pag-iwas sa Bahid ng Ihi

Kabilang sa mga kagandahan ng Sharī'ah ay naghatid ito ng bawat makabubuti sa kapakanan ng tao. Kabilang doon ang pag-aalis ng karumihan.[224] Isinabatas nito alang-alang doon ang istinjā' at ang istijmār.[225] Ipinaliwanag nito ang pamamaraan na matatamo sa pamamagitan nito ang paglilinis at ang kalinisan. Ang ilan sa mga tao ay nagwawalang-bahala sa pag-aalis ng karumihan na nagiging dahilan sa pagpaparumi ng kasuutan niya o katawan niya, na magreresulta sa hindi pagtanggap ng salāh niya. Ipinabatid na ng Propeta (SAS) na iyon ay kabilang sa mga dahilan ng pagdurusa sa libingan.

Ayon kay Ibnu 'Abbās na nagsabi: "Napadaan ang Propeta (SAS) sa isa sa mga pataniman ng Madīnah at nakarinig siya ng tinig ng dalawang tao na pinagdurusa sa mga puntod nila kaya nagsabi ang Propeta (SAS): ***Pinagdurusa sila, at hindi sila pinag-durusa dahil sa malaking kasalanan. Ang isa sa kanilang dalawa***

---

[224] **Ang karumihan na tinutukoy rito ay ang mga bagay na inilalabas ng katawan ng tao gaya ng dumi, ihi, suka at iba pa.**

[225] **Ang istinjā' ay ang paghuhugas kapag umihi at dumumi at ang istijmār ay ang pagpapahid ng solidong bagay, kahit pa bato, bilang paglilinis sa sarili kapag umihi o dumumi kapag walang tubig o walang sapat na tubig upang hindi mabahiran ng ihi o dumi ang kasuutan o ang *underwear*.**

***noon ay hindi umiiwas sa bahid ng ihi niya, at ang ikalawa ay nagkakalat ng paninirang-puri"***[226] Bagkus ipinabatid ng Propeta (SAS) na: ***"Ang pinakamarami sa pagdurusa sa libingan ay dahil sa ihi."***[227] Ang hindi pag-iwas sa bahid ng ihi ay ginagawa ng sinumang mabilis na tumatayo matapos umihi bago huminto ang ihi niya, o nagsasadyang umiihi sa isang posisyon o sa isang lugar na tatalsik sa kanya ang ihi niya, o hindi nagsasagawa ng istinjā' o istijmār o nagpapabaya sa pagsasagawa nito.

Humantong na ang ilang paggaya sa mga Kāfir sa panahon natin sa punto na ang ilan sa mga pampublikong palikuran [sa mga bayang Muslim] ay may mga ihian (urinal) na nakadikt sa mga dingding at nakalantad. Pupunta rito ang isang lalaki at iihi nang hindi nahihiya habang nakikita ng pumapasok at lumalabas. Pagkatapos ay babatakin niya ang *underwear* niya at isusuot ito nang hindi naaalis ang najāsah sa ari. Kaya naipagsama niya ang dalawang masagwang ipinagbabawal: ang una ay hindi niya pinag-ingatan ang 'awrah niya na makita ng mga tao, at ikalawa ay hindi siya naglinis ng sarili ni nag-alis ng bahid ng ihi niya.

## Ang Panakaw na Pakikinig sa Pag-uusap ng mga Tao Gayong Kinasusuklaman Nila Iyon

Nagsabi si Allah (49:11): **"Huwag kayong maniktik"** Ayon kay Ibnu 'Abbās (RA): ***"Ang sinumang nakikinig sa pag-uusap ng mga tao gayong sila ay nasusuklam doon, bubuhusan ang mga tainga niya ng tingga sa araw ng pagkabuhay."***[228] At kung

---

[226] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h al-Bārī 1/317.

[227] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 2/326. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 1213.

[228] Isinalaysay ito ni at-Tabrānī sa al-Kabīr 11/248-249. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 6004. [Isinalaysay ito ni al-Bukhārī sa as-Sahīh.(z)]

ipinamamalita pa niya ang napag-usapan nila nang walang kaalaman nila upang makapagdulot ng kapinsalaan sa kanila, siya ay nagdadagdag sa kasalanang paniniktik ng isa pang kasalanan dahil sa pagkakabilang niya sa pinatutungkulan ng isang Hadīth ng Propeta (SAS): ***"Hindi papasok sa paraiso ang isang mapanirang-puri."***[229]

## Ang Masamang Pakikitungo sa Kapit-bahay

Tinagubilinan tayo ni Allah sa Aklat Niya ng mabuting pakikitungo sa kapit-bahay yamang nagsabi Siya (4:36): **"Sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman. Sa mga magulang ay *gumawa ng* magaling, at sa mga kamag-anak, mga ulila, mga dukha, kapit-bahay na kamag-anak, kapit-bahay na di-kaanu-ano, kasamahan, dayuhang manlalakbay, at mga inari ng mga kanang kamay ninyo. Tunay na si Allah ay hindi umiibig sa sinumang mayabang na mapagmalaki,"**

Ang pamiminsala sa kapit-bahay ay kabilang sa mga ipinagbabawal dahil sa laki ng karapatan nito. Ayon kay Abū Shurayh (RA): ***"Sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya; sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya; sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya.*** Sinabi: ***Sino po, o Sugo ni Allah?*** Nagsabi siya: ***Ang hindi nakaliligtas ang kapit-bahay niya sa mga pamiminsala niya."***[230]

Itinuring ng Propeta (SAS) ang papuri ng isang kapit-bahay sa kapit-bahay niya o ang pamumula niya roon bilang sukatan sa paggawa ng mabuti o paggawa ng masama. Ayon kay Ibnu Mas'ūd

---

[229] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī, al-Fat'h 10/472.

[230] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h al-Bārī 10/443.

(RA) na nagsabi: "Nagsabi ang isang lalaki sa Propeta (SAS): O Sugo ni Allah, papaano po para sa akin na malaman ko kung nakagawa ako ng mabuti o kung nakagawa ako ng masama? Kaya nagsabi ang Propeta (SAS): ***Kapag narinig mo ang mga kapitbahay mo na nagsasabi na nakagawa ka ng mabuti ay nakagawa ka nga ng mabuti, at kapag narinig mo sila na nagsasabi na nakagawa ka ng masama ay nakagawa ka nga ng masama.***"[231]

Ang pamiminsala sa kapitbahay ay may sarisaring anyo. Ang ilan sa mga ito ay ang pagbabawal sa kanya na magpako ng kahoy sa pader na komun, o ang pagpapataas ng bahay na magtatakip ng sinag ng araw o hangin nang walang pahintulot niya, o ang pagbukas ng bintana nito at ang paninilip sa pamamagitan ng mga ito upang matambad ang mga 'awrah nila, ang pagligalig sa kanya sa pamamagitan ng mga nakayayamot na ingay gaya ng malakas na pagkatok at pagsigaw lalo na sa mga sandali ng pagtulog at pamamahinga, o ang pananakit sa mga anak niya, at ang pagtatapon ng basura sa bungad ng pinto niya. Ang pagkakasala ay bumibigat kapag ginawa sa kapit-bahay at mag-iibayo ang kasalanan ng gumagawa niyon, gaya ng sinabi ng Propeta (SAS). "***Ang mangalunya ang isang lalaki sa sampung babae ay higit na magaan [na kasalanan] para sa kanya kaysa sa mangalunya siya sa maybahay ng kapit-bahay niya. Ang magnakaw ang isang lalaki mula sa sampung bahay ay higit na magaan [na kasalanan] para sa kanya kaysa sa magnakaw siya mula sa bahay ng kapit-bahay niya.***"[232] Ang ilan sa mga traidor ay nagsasamantala kapag wala ang kapit-bahay dahil panggabi sa

---

[231] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 1/402. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 623.

[232] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī sa al-Adab al-Mufrad, bilang 103. Ito ay nasa as-Silsilah as-Sahīhah.

trabaho at pinapasok ang bahay nito upang maghasik ng katiwalian. Kaya kapighatian sa kanila sa masakit na pagdurusa sa araw ng paggantimpala.

## Ang Pamiminsala sa Huling Habilin

Kabilang sa mga panuntunan ng Sharī'ah ay walang pamiminsala sa sarili at walang pamiminsala sa iba. Ilan sa mga halimbawa niyon ay ang pamiminsala sa mga legal na tagapamana o sa ilan sa kanila. Ang sinumang gumagawa niyon ay binabantaan ng sinabi niya (SAS): ***"Ang sinumang maminsala, pipinsalain siya ni Allah; at ang sinumang magpahirap, magpapahirap si Allah sa kanya."***[233] Kabilang sa mga anyo ng pamiminsala sa huling habilin ay ang pagkakait sa isa sa mga tagapagmana ng lehitimong karapatan nito, o na maghabilin para sa isang tagapagmana ng salungat sa itinalaga para rito ng Sharī'ah, o na maghabilin ng higit sa ikatlong bahagi ng ari-arian.[234]

Sa mga pook na hindi napapasailalim doon ang mga tao sa awtoridad ng hukuman ng Sharī'ah ay maaaring maging mahirap sa isang may karapatan na makuha ang karapatan niya na ibinigay sa kanya ni Allah dahilan sa mga sekular na hukuman na humahatol ng salungat sa Sharī'ah at nag-uutos ng pagpapatupad sa di-makatarungang huling habilin na may notaryo ng abogado. **Kaya kasawian ay ukol sa kanila dahil sa sinulat ng mga kamay nila at kasawian ay ukol sa kanila dahil sa kinita nila.**

---

[233] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 3/453. Tingnan ang Sahīh al-Jāmi'.

[234] Ang paraan ng pagpapamana sa Islam ay naiiba sa ibang sistema. Ang namatay na Muslim ay may mga tagapagmana na ang Islam mismo ang nagtakda kung sinu-sino sila at kung ano ang mga bahagi nila. Ang isang tao ay maaari lamang maghabilin ng hindi lalampas sa ikatlong bahagi ng ari-arian niya parao sa ano man o kaninuman na mga hindi niya lehitimong mga tagapagmana.

## Ang Paglalaro ng Dais

Naglalaman ng mga bagay na ipinagbabawal ang marami sa mga larong laganap at nilalaro ng mga tao. Ang isa roon ay ang dais, na naisasagawa sa pamamagitan nito ang paglipat at ang paggalaw ng piyesa sa maraming bilang ng mga laro na gaya ng backgammon at iba pa. Nagbabala na ang Propeta (SAS) laban sa dais na nagbubukas sa mga pintuan ng pagsusugal at pagpusta yamang nagsabi siya: ***"Ang sinumang maglaro ng dais ay para bagang nagsawsaw ng kamay niya sa laman ng baboy o dugo nito."*** [235] Ayon kay Abū Mūsā (RA): ***"Ang sinumang maglaro ng dais ay sumuway nga kay Allah at sa Sugo Niya."***[236]

## Ang Pagsumpa[237] sa Mananampalataya at sa Sinumang Hindi Karapat-dapat sa Pagsumpa

Hindi napipigil ng marami sa mga tao ang mga dila nila kapag nagalit sila kaya nagdadali-dali sila sa pagbitaw ng sumpa (*curse*). Isinusumpa nila ang tao, ang mga hayop at ang mga bagay, ang mga araw at ang mga oras. Bagkus baka nga isumpa pa nila ang mga sarili nila, ang mga anak nila. Isinusumpa ng asawa ang maybahay niya at isinusumpa ng maybahay ang asawa nito. Ito ay isang mapanganib na minamasamang gawain. Ayon kay Abū

---

[235] Isinalaysay ito ni Muslim 4/1770.

[236] Isinalaysay ito ni Imām Ahmad 4/394. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 6505.

[237] Ang pagsumpa o ang sumpa na tinutukoy rito ay ang tinatawag na curse sa Ingles. Sa wikang Arabe, ang sumpa (*la'nah*) ay maaaring ipakahulugan na paghahangad na mapagkaitan ng awa ni Allah ang isang tao o isang bagay. Samakatuwid, ang anumang binibitawang salita na naghahangad ng kapahamakan o kasawian ng isang tao o isang bagay ay maituturing na sumpa o pagsumpa, gaya halimbawa ng pagsabi ng: Isinusumpa kita, sumpain ka ng Panginoon, mamatay ka sana, pagkasakit ka sana, matisod ka sana at iba pa.

Zayd ibnu Thābit ibnu ad-Dahhāk al-Ansārī (RA): ***"Ang sinumang sumumpa ng isang mananampalataya, ito ay parang pagpatay sa kanya."***[238] Sapagkat ang pagsumpa ay marami sa mga babae,[239] nilinaw ng Sugo (SAS) na ito ay ilan sa dahilan sa pagpasok ng iba sa kanila sa Impiyerno. Tunay na ang mga mapagsumpa ay hindi rin magiging mga tagapamagitan sa araw ng pagkabuhay. Ang higit na mapanganib pa roon ay na ang pagsumpa ay babalik sa nagsasabi nito kung binigkas niya ito dala ng kawalang-katarungan, kaya siya mismo ay dumalangin laban sa sarili niya na itaboy at ilayo mula sa awa ni Allah.

## Ang Pagtaghoy

Kabilang sa mga malaking minamasama ay ang ginagawa ng ilan sa mga babae na pagtataas ng tinig sa pamamagitan ng pasigaw na pag-iyak, pagpupuri sa patay, pagsampal sa mukha, at gayon din ang pagpunit ng damit, at ang pag-ahit ng buhok, o pagsabunot nito, o pagputol-putol nito. Lahat ng iyon ay nagpapahiwatig ng kawalan ng pagtanggap sa tadhana at kawalan ng pagtitiis sa kasawian. Isinumpa ng Sugo (SAS) ang sinumang gumawa niyon. Ayon kay Abū Umāmah (RA): "Ang Sugo ni Allah (SAS) ay sumumpa ng babaing nangangalmot ng sariling mukha niya, ng babaing pumupunit ng sariling damit niya, at ng babaing nanalangin ng kapighatian at kapahamakan."[240] Ayon kay 'Abdullāh ibnu Mas'ūd: ***"Hindi kabilang sa atin ang sinumang nananampal ng mga***

---

[238] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang Fat'h al-Bārī 10/465.

[239] Maaaring tutulan ito ng ilan subalit alam ng lahat na sa pangkalahatan ay higit na matalas ang dila ng babae kaysa sa lalaki. Kapag nagkagalitan ang dalawang babae ay karaniwan nang nagpapalitan sila ng mga maaanghang na salita, dahil sa kadalasan ay hanggang salita lamang ang away nila.

[240] Isinalaysay ito ni Ibnu Mājah 1/505. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 5068.

***pisngi, pumupunit ng mga damit, at dumadalangin ng panalangin ng panahon ng kamangmangan."*** [241] Nagsabi pa ang Propeta (SAS): ***"Ang babaing nananaghoy, kapag hindi nakapagsisi bago siya mamatay, itatayo siya sa araw ng pagkabuhay na nakasuot ng salawal mula sa alkitran at kamison mula sa galis."***[242]

## Ang Pananakit sa Mukha at ang Paghehero sa Mukha

Ayon sa sinabi ni Jābir (RA): "Ipinagbawal ng Sugo ni Allah (SAS) ang pananakit sa mukha at ang paghehero sa mukha."[243]

Tungkol sa pananakit sa mukha, tunay na may ilang bilang ng mga magulang at mga guro na sadyaang gumagawa nito sa pagpaparusa sa mga bata kapag nanghahagupit sila sa pamamagitan ng kamay at iba pa. Ganoon din ang ginagawa ng ilan sa mga tao sa mga katulong nila. Ito, kalakip ng panghahamak sa mukha na pinarangalan ni Allah, ay maaari ring mauwi sa pagkawala ng mga mahalagang panamdam (*sense*) na nasa mukha at magreresulta ito ng pagsisisi at maaari siyang mahingan ng kaukulang ganti.

Tungkol naman sa paghehero sa mukha – ang paglalagay ng tatak sa mukha ng espesyal na tanda na sa pamamagitan nito ay nakikilala ng may-ari ng bawat hayop ang hayop niya o maisasauli sa kanya kapag nawala – ito ay bawal. Nagdudulot ito ng kasalantaan at pagdurusa sa hayop. Kung ipangangatwiran naman ng ilan sa mga tao na ito ay kaugalian ng angkan nila at espesyal na tanda nila, maaaring namang ilagay ang tatak sa ibang bahagi na hindi mukha.

---

241 Isinalaysay ito ni al-Bukhārī. Tingnan ang al-Fat'h 3/163.
242 Isinalaysay ni Muslim, bilang 934.
243 Isinalaysay ni Muslim, bilang 3/1673.

## Ang Pag-iwas sa Kapwa Muslim Nang Higit sa Tatlong Araw Nang Walang Dahilang Tanggap sa Sharī'ah

Kabilang sa mga hakbangin ni Satanas ay ang pagpapairal ng pagkakalayo ng loob sa pagitan ng mga Muslim. Marami ang mga sumusunod sa mga hakbangin ni Satanas. Iniiwasan nila ang mga kapatid nila na Muslim dahil sa mga dahilang hindi tanggap sa Sharī'ah, na maaaring dahil sa isang salungatang kaugnay sa makamundong bagay, o sa isang hangal na paninindigan. Magpapatuloy ang pagkakalayo ng loob sa loob ng ilang panahon. Maaaring manumpa pa siya na hindi ito kakausapin at magpapanata na hindi papasok sa bahay nito. Kapag nakita niya ito sa daan ay iiwasan niya ito. Kapag nakatagpo niya ito sa isang pagtitipon ay kakamayan niya ang mga nasa tabi nito at lalampasan ito. Ito ay ilan sa mga kadahilanan ng panghihina sa lipunang Muslim. Dahil doon ang hatol ayon sa Sharī'ah rito ay tiyak at ang banta ay matindi. Ayon kay Abū Hurayrah: ***"Hindi ipinahihintulot sa Muslim na iwasan ang kapatid niya [sa Islam] nang higit sa tatlong [araw]; kaya ang sinumang umiwas nang higit sa tatlong araw at saka namatay ay papasok sa Impiyerno."***[244] Ayon kay Abū Kharāsh al-Aslamī (RA): ***Ang sinumang umiwas sa kapatid niya [sa Islam] sa loob ng isang taon, ito ay parang pagpapadanak sa dugo niyon."***[245]

Makasasapat na bilang mga kasamaan ng paglalayo ng loob sa pagitan ng mga Muslim ang pagkakait ng kapatawaran ni Allah. Ayon kay Abū Hurayrah: ***"Ipinakikita ang mga nagawa ng mga tao sa bawat linggo nang dalawang ulit: sa araw ng Lunes at***

---

[244] Isinalaysay ni Abū Dāwud 5/215. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 7635.

[245] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī sa al-Adab al-Mufrad, Hadīth bilang 406. Ito ay nasa Sahīh al-Jāmi' 6557.

***araw ng Huwebes. Magpapatawad sa bawat taong sumasampalataya, maliban sa taong sa pagitan niya at ng kapatid niya [sa Islam] ay may samaan ng loob. Sasabihin: Iwan ninyo o ipagpaliban ninyo ang dalawang ito hanggang sa bumalik sila [sa pagkakasundo]."***[246]

Ang sinumang mula sa dalawang nag-aalitan na magsisisi kay Allah, kailangan niyang pumunta sa nakaalitan niya at batiin ito ng kapayapaan. Kapag ginawa niya at tumanggi naman ang nakaalitan niya, mawawala na ang pananagutan ng nakikipagkasundo at mananatili ang pananagutan sa sinumang tumanggi. Ayon kay Abū Ayyūb (RA): ***"Hindi ipinahihintulot sa isang tao na iwasan ang kapatid niya [sa Islam] nang higit sa tatlong gabi; [kapag] nagtagpo sila ay lalayo ito at lalayo iyon. Ang mabuti sa kanilang dalawa ay ang nagpapasimula ng pagbati [ng kapayapaan]."***[247]

Samantala kung nakatagpo ng dahilang tanggap sa Sharī'ah, gaya ng hindi pagsasagawa ng salāh o pagpupumilit sa paggawa sa kahalayan, kung ang pag-iwas ay makabubuti sa nagkakasala at magpapanumbalik sa kanya sa katinuan niya o magpapadama sa kanya sa pagkakamali niya, ang pag-iwas ay magiging kinakailangan. Samantala kung walang maidadagdag iyon sa nagkakasala kundi ibayong paglayo at walang ibubunga kundi kapalaluan, pagkasuklam, pagmamatigas at pagkakadagdag sa kasalanan, sa sandaling iyon ay hindi magiging makatwiran na iwasan siya dahil hindi naisasakatuparan sa pamamagitan niyon ang kapaka-

---

[246] Isinalaysay ito ni Muslim 4/1988.

[247] Isinalaysay ito ni al-Bukhārī, Fat'h al-Bārī 10/492. [Gaya ng pag-iwas ng Propeta (SAS) kay Ka'ab ibnu Mālik at sa dalawang kasamahan nito, noong nakita niya ang kabutihan niyon. Tumanggi siya na iwasan si 'Abdullah ibnu Ubayy ibni Salūl at ang mga nagpapanggap na sumasampalataya dahil ang hindi pag-iwas sa kanila ay hindi na nakabubuti.(z)]

nan ng Islam bagkus ay nadadagdagan pa ang katiwalian. Kaya ang tama ay ang magpatuloy sa pagmamagandang-loob, pagpapayo at pagpapaalaala.[248]

## Pagwawakas

Sa pagwawakas, ito ang ilan sa madaling nakalap na mga laganap na ipinagbabawal. Hinihiling natin kay Allah sa pamamagitan ng napakagandang mga pangalan Niya na bigyan nawa Niya tayo ng takot sa Kanya na siyang babalakid sa atin sa paggawa ng mga pagsuway sa Kanya, ng pagtalima sa Kanya na siyang maghahatid sa atin sa Paraiso Niya, na patawarin nawa Niya tayo sa mga pagkakasala natin, sa pagmamalabis natin sa gawain natin, na bigyan nawa Niya tayo ng kasapatan sa pamamagitan ng ipinahihintulot Niya sa halip ng ipinagbabawal Niya at ng kagandahang-loob Niya sa halip ng iba pa sa Kanya, na tanggapin nawa Niya ang pagsisisi natin at hugasan nawa ang kasalanan natin, tunay na Siya ay dumidinig, tumutugon. Pagpapala at pagbati sa Propeta na hindi marunong bumasa't sumulat, si Muhammad, sampu ng lahat ng mag-anak niya at Kasamahan niya. Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.

Isinulat ni
Muhammad Sālih al-Munajjid
Alkhobar, P.O. Box: 2999
Saudi Arabia

---

[248] Ang paksang ito ay mahaba. Sa palagay ko, bilang paglulubos sa pakinabang, magbubukod ako ng isang isang kabanata na laan sa isang pangkat ng mga ipinagbabawal na nasasaad sa Qur'an at Sunnah, na pagsasamahin ang isa't isa. Ito ay magiging isang hiwalay na akda, *in shā'Allāh*.